EROS, THANATOS, CUBAO

Mga Piling Kathā

Tony Perez

PL
6165.1
P49
E76

UP MAIN LIBRARY
00027405

9 789711 901592
ISBN 971-19-0159-5

BALIGTARIN ANG AKLAT
PARA SA BAYAGING
THANATOS

EROS, THANATOS, CUBAO

Mga Piling Kathā

Tony Perez

PL
6165.4
P49
E76

UP MAIN LIBRARY
00027405

9 789711 901592
ISBN 971-19-0159-5

BALIGTARIN ANG AKLAT
PARA SA BATANG
TRANSITIOS

Eros, Thanatos, Cubao
Mga Piling Katha

Mga Aklat Ng Cubao

Cubao 1980 At Iba Pang Mga Katha
Unang Sigaw Ng Gay Liberation Movement
Sa Pilipinas

Cubao Pagkagat Ng Dilim
Mga Kuwentong Kababalaghan

Eros, Thanatos, Cubao
Mga Piling Katha

EROS, THANATOS, CUBAO

Mga Piling Katha

Tony Perez

Cacho Publishing House

Copyright © ni Nelson Miranda, 1994. Reserbado ang lahat ng karapatan. Hindi maaaring gamitin o kopyahin ang anumang bahagi ng aklat na ito sa anumang paraan nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-copyright o tagalathala.

Nilathala ng Cacho Publishing House, Inc., Union corner Pines Sts., 1501 Mandaluyong, MM. Maaaring tumawag sa 631-8361 o sa aming distributor, ang Anvil Publishing Inc. sa 633-6121.

Unang Paglimbag:

5 4 3 2 1

Larawan sa pabalat: "Anghel Sa Labahan". Kuha ni R. C. Sunico, 1993.

Dibuhong-Aklat: R.C. Sunico

I S B N : 971-19-0160-9 (Newsprint)
971-19-0159-5 (Bookpaper)

Kina Zoilo Mendoza Perez
at
Hortencia Zamora Silva
ang aking mga magulang

Ikaw ay taong-Eros:

Kung hanap mo 'y sigla ng buhay at pag-ibig at kaligtasan ng daigdig.

Kung hilig mong magdiwang ng Pasko, at ng St. Valentine's, at ng mga birthday at anniversary at kasalan at kung anu-anong kapistahan. Kung naaakit ka ng rosas at margarita at baby's breath, ng perlas at brilyante, ng lace at satin at seda, ng romance at melodrama, ng soft music, ng basketball, ng masasayang mga bata. Kung nalilibang ka ng mga reunion at excursion at magugulong pagtitipon, ng ice cream at kendi, ng mga lobo at payaso at cake, ng stuffed toys, ng mga sorpresa at regalo, ng pizza parlors at mga disko. Kung kinatutuwa mo ang pula at puti at ginto, ang mga pangarap ng puso, ang mapipintog na toy terrier at mga kuting. Kung paborito mo si Henri Matisse at si Mary Cassatt at si Walt Disney at si Florante at si Juan Tamad at si Darna.

Kung ibig mong tanawin ay langit na bughaw, liwanag ng araw, bahaghari, tabing-dagat, sariwang kalikasan. Kung lagi kang nakangiti 't likas kang mapagmalasakit sa kapuwa.

Ikaw ay taong-Eros.

Mga Nilalaman

Ikaw Ay Taong-Eros vii

Pambungad sa Eros xi

Sa Isang Nakababata 1

Chicken Sandwich 3

Pag-aalinlangan 16

Jose Crisaldo 17

Lintian Kang Luntian 29

Ang Pasko Ay Sumapit 30

Sierra Lakes 50

The Children and The Wind 97

Kalatas 98

Pattern for a Knitted Heart 103

Pattern for a Handknitted Vest
Cubao Eros 105

Pambungad sa Eros

Eros. Matindi. Pagnanais. Pag-asam.

Sabi ni Platon: noong araw daw, ang bawat sarili ng bawat tao'y umiikot-ikot sa kalangitan. Natatanaw ng bawat sarili ang mga dakilang katotohanan. At ang pinaka-kaakit-akit sa lahat ng natatanaw ay ang maganda, ang Mismong Maganda. Iikot-ikot ang sarili sa kalagitnaan ng mga ulap at ng araw. At ang bawat sarili'y may pakpak, pumapagaspas, naki-kipagharutan sa mga bituin, habang nakatuon ang lente ng diwa sa Mismong Maganda. Tumatalab ang mga sinag ng Mismong Maganda sa diwa, sa sarili, at ang sarili'y nanginginig sa tuwa.

Sa landas na kinaliliparan ng sarili'y may mga daan na kumukurba nang pababa; patuloy na pababa't lalo pang bumababa. Nahuhulog ang sarili. Nahuhulog ang mga pakpak. Dumidilim ang tingin. Napapatapon ang sarili sa buhay-lupa.

Sa kanyang buhay na pagka-patapon, dumidilim ang tingin ng sarili. Dilim ang kanyang kinagagalawan. Ngunit may mga naaalala ang sarili. May mga nagpapaalala, sa diwa ng sarili. Kapag meron siyang nakikitang magandang anyo, magandang katawan, magandang tao, may sinag na galing sa Mismong Maganda na

nakakaabot sa kanyang diwa, at nanginginig siya. Muling tumutubo ang kanyang pakpak. Kumikirot. Parang batang nagpapatubo ng ngipin. Masakit. Maligaya.

May mga taong matalas ang mata ng diwa. Nababakasan nila ang mga sinag ng Mismong Maganda sa mga pangyayaring hindi inaakala. Ganyan si Nadine. Kinagat niya ang chicken sandwich . . . "parang suka sa kalsada" . . . "parang burak sa kanal" . . . "parang mabahong tubig sa flower vase na pinagbabaran ng lumang gladyola" . . . At tumubo muli ang kanyang pakpak. Pumagaspas. Lumutang . . . "(S)a kanyang panagimpan ay napakaraming bulaklak, at napakaliwanag ng araw, at napakarikit ng malaking bahaghari sa kalangitan."

Pag-asam. Pagnanais. Matindi. Eros.

Roque J. Ferriols, S.J.
Quezon City
Disyembre 1993

SA ISANG NAKABABATA

(Para kay R.J. Leyran)

Ako 'y tubig

Ako ay ulap,
ako 'y ulan

sa tuktok ng bundok
ay kristal na karayom
— ako 'y talon

sa mga dalisdis
humahabi ng lambong
— ako 'y mga batis

ako 'y ilog at sapa at lawa,
malinis at patag sa payapa

Ako 'y tubig

Ako 'y kailaliman,
ako ay dagat

sa ilalim ng lupa 'y
laksa-laksang bubog
— ako 'y balon

sa mga tabon
nagsisibol ng puting hiyas
— ako 'y inumin

ako 'y nasa poso at tubo at gripo
nagsasala, nanghuhugas, nagpapaligo

Ngunit ako 'y may babala

Ako 'y maraming hugis,
maraming pakiramdam

pumapatak-patak,
bumabagsak
umaambon,
rumaragasa
dumadaloy,
tumatagaktak

Higit sa lahat,

Kung iibig ka sa aki 'y

sasagsag ka sa baha
at tatangayin ka ng mga alon
kakawag ka sa laot ng puso ko
at sisisid sa mga daluyong
ng aking pagmamahal

Kung hindi ka makaahon,
Ikaw ay malulunod
at mamamatay.

Gayunpaman

Palalayain kita sa hangin
upang maging ulap,
at ikaw ay magiging

Tubig din

1992

CHICKEN SANDWICH

(Para kay Ruby Bautista)

Chimay de la Riva si Nadine Pepalibutad. Simpatika siya 't balingkitan ang katawan, disente kung manamit at sa unang tingin ay mapagkakamalang may-kaya ang magulang. Lamang, tulad ng pinalad ng karamihang bumagsak sa pagiging Chimay de la Riva ng bayan, si Nadine ay nakatapos ng grade five lamang — nakababasa 't nakapagsusulat, ngunit wala nang karagdagang kaalaman.

Noong katorse si Nadine, ipinasok siyang utusan ng kaniyang ina, na dating labandera 't plantsadora, sa pamilya Lamores, sa Imperial Street. Singkuwenta 'y siyete na si Aling Cedes at madalas alihin ng matinding artritis, kayat minabuti niyang umuwi na sa lalawigan, at si Nadine ang paluwasin sa pamilyang taga-Cubao bilang kaniyang kapalit. Wala namang angal ang mga Lamores kay Nadine, pagkat masinop siya at masigasig.

Taga-Gumaca si Nadine. Tulad ni Aling Cedes, di siya humiling ng day-off sa isang linggo, upang minsan sa isang taon (mula Miyerkoles de Senisa hanggang Pangalawang Linggo ng Paskuwa) ay makapagpaalam siyang magbakasyon sa lalawigan nang isa 't kalahating

buwan. Sa loob ng taong naglilinis siya ng bahay at naglalaba 't namamalantsa 't naghuhugas ng pinggan para sa mga Lamores, malimit niyang tamasa ang umagang siya 'y nagbibitbit na ng maleta 't naglalakad patungong istasyon ng Sarkies, sa pagitan ng P. Tuazon at ng Main, upang bumili ng first-class ticket, na matagal niyang pinaglaanan, at sumampa sa bus na air-con na maghahatid sa kaniya sa prubinsiya. Labis niyang kinalulugod ang biyaheng iyon: sa loob ng bus ay malambot at komportable ang mga upuan (parang sa sala ni Misis Lamores, kung saan siya nagwawalis at nagpapakintab ng sahig), nakagiginhawa ang lamig (parang sa maliit na opisina ni Attorney Lamores, Notary Public, kung saan siya namamaspas ng gamit), mabango (parang sa loob ng kotse ni Jovic Lamores, na linggo-linggo niyang hinahalinhan ng puting damit-upuan), at may telebisyong maraming pinalalabas na teyp na Betamax (parang sa silid-tulugan nina Binky at Hazel Lamores, na madalas niyang kuhanan ng maruruming damit na ibubukod muna bago labhan). Higit sa lahat, pagtigil ng bus sa bayan ay aawas siya 't walang-tigil na papupurihan — sa mga kasuotang napagsawaan na nina Binky at Hazel Lamores — ng kaniyang kapatid at kaibigan at pinsan.

Noong bagong-salta pa lamang sa Cubao si Nadine, para siyang tanim na inalis sa sinibulang paso at nilipat sa lupang malawak at mataba at pinagtamnan sa kapaligiran ng iba 't ibang uring halaman. Bagamat bihira siyang palabasin ng bahay, nauutusan siyang bumili ng 3M Pizza at soft drinks ni Jovic, tuwing ito 'y

biglang dadalawin ng magulo niyang barkada, o kaya 'y bumili ng siyopaw at butsi sa Chopstick House nina Binky at Hazel, o kaya 'y bumili ng sinulid o seam ripper o didal ni Misis Lamores sa Columbia Plaza. Malimit siyang pagsabihan ng mga ito na ubod siya ng bagal kung maglakad: palagi siyang inaabot ng oras, at sa kaniyang pagdating, ang sinumang nagpabili ng anuman ay inip na inip na sa kahihintay. "Para kang pagong, Nadine," puna ni Misis Lamores. "Para kang naka-slow-motion, Nadine," puna nina Binky at Hazel. At puna naman ni Jovic, "Ikaw, Nadine, 'pag inutusan ka ng buntis, high school na iyong bata bago ka dumating."

Ang katotohanan, libang na libang si Nadine sa marami niyang nakikita — lalo na sa display window ng mga tindahan, kung saan siya laging nakakikita ng kaakit-akit na damit o gamit na naiisip niyang pag-ipunan at bilhin. Natutuhan niyang pagmasdan ang pag-aayos nina Binky at Hazel, ang mga paborito nilang tabas at kulay sa pananamit, sa bag at sapatos, sa mga abubot. Natutuhan niyang ibigin ang sari-saring langhap ng kanilang pabango, ang lapis nilang pang-eyebrow, ang eyeshadow, ang lipstick. Natutuhan niyang makipanood ng mga teyp nilang Betamax na pulos love stories at musicals kung gabi, bago siya magbalik sa maid's room at magtalukbong ng kumot. Natutuhan niyang matuwa sa kanilang kinatutuwaan, humilig sa kanilang kinahihiligan, makilig sa kanilang kinakikiligan.

Kaya nama 't sa katapusan ng taon ding iyon, tuwing magbabalot si Nadine ng mga munting sorpresa para sa magulang at kapatid at pinsan at kaibigan, ang mabilis na pagsapit ng takdang araw ng kaniyang pagbabakasyon ay may pabaon din sa kaniyang lihim na pamamanglaw. Pagkat sa Gumacang patutunguha 'y wala ang dagsa ng taong lagi niyang nakasasalamuha sa Cubao. Pagkat sa Gumacang pupuntaha 'y wala ang pagkarami-raming display window sa pagkarami-raming tindahan. Pagkat sa Gumacang paroroona 'y wala ang magagandang muwebles ni Misis Lamores, at ang silid na naka-air-con ni Attorney Lamores, at ang makinang na kotse ni Jovic Lamores, at ang mga teyp na Betamax at mga damit at mga bag at mga make-up kit at mga kuwento nina Binky at Hazel Lamores. Pagkat ang tanim sa lupang malawak at mataba at pinagtamnan sa kapaligiran ng iba 't ibang uring halaman ay di na maibabalik sa sinibulang paso.

Sa loob ng maid's room, madalas pagtakhan ni Nadine kung bakit may iba 't ibang uring tao, at iba 't ibang uring pamumuhay, at iba 't ibang uring kasuotan at gamit at kasangkapan. Unti-unti niyang nahinuha, sa malasado niyang kaisipan, na ang lahat ng yaon ay dulot ng edukasyon at pagpupunyagi at pag-iipon ng pera at walang-pananawang pagtutulad sa mga modelong hinahangaan. Kaya nga 't ang tao 'y sumusubaybay sa buhay ng ibang tao, 'di ba? Kaya nga 't nagbabasa siya ng libro at komiks at magasin, 'di ba? Gayon, sa paligid niyang sabitan ng damit at mga hanger na bakal at alambre at plastik at kabayo ng

plantsa at hamper at washing machine at supot-supot na Pride at bote-botelyang Zonrox, ang naging hugis ng pangangatuwirang tinagas ng utak niya. Sa loob ng maid's room ay nangarap siya. Na siya 'y anak-mayaman. Kolehiyala. Artista. Mang-aawit. Empleyada. Kahit na ano, bastat hindi Chimay de la Riva.

Sumapit ang Miyerkoles de Senisa, at noong umagang yaon, sumaglit si Nadine Pepalibutad sa Immaculate Conception Parish Church bago sumakay ng traysikel papuntang kanto ng Ignacio Santos Diaz. Mula roon ay naglakad siya papuntang istasyon ng Sarkies.

Maraming pasahero ang naroon sa istasyon, kayat agad-agad nakipila si Nadine upang makabili ng minimithi niyang first-class ticket. Natoka siya sa susunod na biyaheng air-con, ang biyaheng alas diyes. Alas otso medya pa lamang — yaon ang oras sa kuwadradong relo na nakasabit sa libaging dinding, at sa mukha ng lavender at sea green at cantaloupe orange na Swatch na pinamana sa kaniya ni Binky at nakatali ngayon sa kaliwang pulso niya.

Naupo si Nadine sa pinakahuling bangko sa waiting area, kasama ng ibang pasaherong nangakabili na ng tiket at nangagbabantay na lamang ng kani-kanilang bagahe, animo 'y mga deboto 't debotang naghihintay ng paring magmi-Misa sa kapilya. Naupo siyang malayo sa lahat — sa matatandang nangakasupalpal ng tabako 't sigarilyo, sa mga babae 't lalaking nagsisigiling ng tsiklet sa kanilang mga ngipin, sa mga batang di-mapundihan ng baterya sa

kapaparito 't paroon. Isang oras at kalahati pa siyang maghihintay, kayat nagbasa muna siya ng lumang isyung *Women's Journal* na nahingi niya kay Hazel noong makalawa. Pinagmasdan ang kahali-halinang mukha sa makislap na pabalat. Ang pagkakakapinta ng kilay at mata at pisngi at labi ng naggagandahang dalaga sa patalastas ng Clean Skin Pond's at Anchor Non Fat Milk at Wacoal Intimate Apparel at Jergens Lotion at Jaclyn Smith's California ng Max Factor. Pilit niyang binasa ang Beauty Update, na laging tinutunghayan ni Binky. Pilit niyang sinimulan ang kabanata ng *The Harvest Bride*, na sinusubaybayan ni Hazel. Nang mapagod siya 'y ginalugad niya ang Your Horoscope for the Week, na siya namang kinokonsulta ni Binky at ni Hazel at kung minsan ay ni Misis Lamores din.

"I'm a Gemini," himasok ng isang tinig sa tabi niya. Tinig ng isang lalaki, tinig ng isang binata, isang tinig na mapagkaibigan.

Napatingin si Nadine sa lalaking kauupo lamang sa bangko, at ngayon ay naroong nakatingin din, at nakangiti, sa kaniya. "Ikaw, ano ka?" dugtong niyang tanong.

"Sagitaryus," napabulalas siya, pagkat bigla siyang inunahan ng dila.

"'Tingin," pakiusap ng binata. Lumapit siya sa pahina, at sandaling nalanghap ni Nadine ang wisik niyang Eternity. Alam niyang Eternity iyon, pagkat si Jovic ay may botelyang men's cologne na ganoon.

"Eternity," muli niyang bulalas.

"Yeah," tugon ng binata. "I love it." At saka niya binasa nang malakas ang mga pangungusap sa horoscope ng Sagittarius. "'Whether you're on a summer weekend jaunt or enjoying fresh scenery and people in a faraway vacation locale, this should be an especially rewarding week' — 'ba, tamang-tama. 'Sight-seeing, romantic opportunities, and new social contacts . . .' 'Ganda naman. 'No kaya iyong sa 'kin?" At sabay nilang binalingan ang sa Gemini. "'This is a real good luck period for you whether it be in the area of love, money, business, or personal achievement . . .'"

"Maganda rin," ngiti ni Nadine. At sa maikling pasakalyeng iyon, wari ba 'y nagwagi siya sa paligsahang *Perfect Date*.

"'Sa ten o'clock trip ka?"

"Oo."

"Ako rin. 'Kakainip nga' maghintay."

"Malapit na iyon. Nayn-terti na."

"Benjo," sabay-alok ng kamay.

"Nadine." Nakipagkamayan. Tulad ng naobserbahan niyang pakikipagkamayan nina Binky at Hazel sa mga bago nilang kakilala.

Nagkuwento si Benjo tungkol sa takda niyang pakikipagkita sa barkada sa Villa Escudero, sa Tiaong. "Bertdey kasi nung isa sa

'min. 'Kaso, 'di pa 'ko nakakapunta ro'n. Binigyan lang ako ng instructions papunta ro'n."

"Ako, sa Gumaca," paliwanag ni Nadine. "Doon kasi ang peyrents ko."

"Malayo ba iyon?"

"Mas malayo iyon sa Tiaong. Puwede kong sabihin sa 'yo kung sa'n ka bababa."

"Talaga? Wow, thanks."

At nagkuwento si Benjo tungkol sa kaniyang pamilya, tungkol sa bahay nila sa Blue Ridge A, tungkol sa eskuwelang pinapasukan niya, tungkol sa kurso niya. "Ikaw, sa'n kang school?" tanong niya, matapos ng masaya niyang pagbibida.

At nagsimulang magsinungaling si Nadine.

"'E-enrol pa 'ko ng kaleyds," ang sabi niya. "Uuwi ako sandaling prubinsiya, kasi kakukuha ko lang ng resalts ng eksam."

"Mag-bo-board ka?"

"No. Tumitira ako sa mga kasins ko, sa Imperyal Strit."

"Anu-ano bang school ang malapit do'n?"

"Stella Maris," sagot niya, pagkat iyon ang pinapasukan ni Binky.

"Ah, right," tango ni Benjo.

Naghuntahan sila hanggang alas-diyes, ngunit nang alas diyes na 'y wala pa ring hudyat ang dispatcher. Balita ng isang lalaki 'y may natuklasang sira ang makina ng bus na kanilang sasakyan. Balita pa ng isang babae 'y aabutin ng isang oras ang pagkukumpuni ng sira. Datapuwat makalipas ang isa pang oras, pumasok ang isang konduktor upang palitan ang trip schedule sa whiteboard: ang biyaheng alas diyes na ginawang biyaheng alas onse ay biyaheng alas dose na.

Nakipagsiksikan sila sa maliit na kantina. Doon ay walang naiwang pagkain para sa kanila kundi pansit kanton. Pagkat ang lahat ng mesa 't silya 'y okupado na, naupo silang muli sa waiting area, at doon sila kumain ng pansit, sa mga supot na plastik, at sumupsop ng Mountain Dew, sa mga supot na plastik din.

Minsan lamang sumubo ng pansit si Benjo, pagkatapos ay hindi na umulit. Bagamat wala siyang reklamo, tahimik na batid ni Nadine kung bakit. Ang pansit ay di lutong-bahay — di tulad ng kakainin ni Jovic, halimbawa — at bukod sa salat sa sahog at walang ibang gulay kundi tinadtad na repolyo 'y nangangamoy-basahan, at inasnang maigi pagkat pinang-ilang init na.

Bagamat gutom na gutom si Nadine ay nakiayon siya sa binata. Ang pansit sa mga supot na plastik ay tinapon nila sa basurahan, at wala silang pinananghalian kundi Mountain Dew.

"Sana, me malapit na McDonald's," buntunghininga ni Jovic. "Di sana, I could treat you."

"Okey lang," bulong niya. "Wala naman ako' masyadong apitayt," muli niyang pagsi-sinungaling.

Naghuntahan sila hanggang alas dose, ngunit nang alas dose na 'y wala pa ring hudyat ang dispatcher. Balita ng isang matanda 'y may sira pa rin ang makina ng bus na kanilang sasakyan. Balita pa ng isang bata 'y nagpasiyang mananghalian muna ang drayber. Datapuwat makalipas ang isa pang oras, pumasok ang isang konduktor upang palitan ang trip schedule sa whiteboard: ang biyaheng alas dose na ginawang biyaheng ala una ay biyaheng alas dos na.

"Fuck," ungol ni Benjo. "'Di na 'ko aabot sa party," sabay-iling. Bumangon siya 't nagsukbit ng sports bag niyang Puma 't nagsuot ng sunglasses niyang Police. "Ikaw — 'hihintay ka pa?"

"Oo. Kasi — ine-ekspek ako ng peyrents ko."

"Lotsa luck," ngiti ng binata. "Ako, 'skedaddle na." Tatlong pintig. "Pa'no, Nadine — 'usap uli tayo? Kung gusto mo, 'bigay mo sa 'kin ang number mo. I'll call you when you get back."

"Naku — " Limang pintig. "Sori — hindi mo lang alam, beri strik ang Tito tsaka Tita ko."

"That's okay, I understand," may pagkikibit-balikat. "Siguro, magkikita pa rin tayo. Baka sa school ko. Baka sa school mo. Baka sa Faces — who knows?" Pitong pintig. "I'll just get my refund," sabay-dukot sa loob ng sports bag, "'tapos — hey, too late, me chicken sandwich pala 'ko," sabay-labas ng isang supot na may batik-batik pang mantika sa tagiliran. "Mom ko kasi, lagi 'ko' ginagawan ng baon sa school. 'To nga iyong baon ko three days ago, iyong isa, kinain ko na. Gusto mo?" sabay-abot ng supot, bago siya makatutol. "Sa 'yo na, 'baon mo na lang. Hindi ka naman nag-lunch."

"Teyngks," sabay-tanggap sa supot.

"'Kaso, baka bulok na iyan. Hindi kasi na-refrigerate," may ngiti na naman.

"Okey lang," sabay-ngiti rin.

"'Bye, Nadine."

"'Bay."

Alas dos medya nagbigay ng hudyat ang dispatcher. Matagal nang nakaalis si Benjo noon.

Naupo si Nadine sa gawing likuran ng bus, sa tabi ng bintana, upang doon ay malaya siyang makapag-isip, malayang makapag-panagimpan, malayang makapaghagis ng lihim na kilig sa nagdaraang tanawin. Nang umabot ang bus sa Tiaong, si Benjo pa rin ang nilalaman ng isip niya. Ang kaniyang tangkad. Ang kaniyang kakisigan. Ang walang-sawa niyang

pagkukuwento tungkol sa kaniyang sarili at sa iba 't ibang bagay. Ang pabango niyang Eternity. Ang sports bag niyang Puma. Ang sunglasses niyang Police. Ang kaniyang ngiti. Ang kaniyang tinig. "'Bye, Nadine."

"'Bay," bulong ni Nadine sa kaniyang sarili.

Ang kaniyang Perfect Date.

At saka niya naalaala ang chicken sandwich.

Nagbukas siya ng handbag, at dinukot niya ang supot na may batik-batik na mantika sa tagiliran. Marahan niyang binulatlat ang supot. Nilabas ang sandwich, na gawa sa pan Amerikano 't maingat na tiniklupan ng malinis na wax paper — pabaon ng nagmamahal niyang "Mom", upang kahit paano 'y di "siya" abutin ng gutom sa eskuwela.

"I'm a Gemini. Ikaw, ano ka?"

Dahan-dahan niyang tinuklap ang wax paper. "'To nga iyong baon ko three days ago." Sa ibabaw ng maputing pan Amerikano 'y nag-simula nang lumaganap ang mangasul-ngasul at mangitim-ngitim na amag. "'Kaso, baka bulok na iyan. Hindi ko kasi na-refrigerate." Inangat niya ang pan Amerikano, at sinalubong siya ng maanghit na amoy ng nagmasang manok at mayonesa at tinadtad na sibuyas at lantang litsugas at nagbubulang hiwa ng kamatis.

"Kung gusto mo, 'bigay mo sa 'kin ang number mo. I'll call you when you get back."

Marahan siyang sumubo ng sandwich. Kumagat. Tumungkab ng inaamag na tinapay at bulok na laman. Ngumuya. Lumulon. Ng parang suka sa kalsada. Ng parang burak sa kanal. Ng parang mabahong tubig sa flower vase na pinagbabaran ng lumang gladyola.

"'Bye, Nadine."

Kumagat pa siya. At ngumuya. At lumulon. Datapuwat sa kaniyang panagimpan ay napakaraming bulaklak, at napakaliwanag ng araw, at napakarikit ng malaking bahaghari sa kalangitan.

1993

PAG-AALINLANGAN

(Para kay Urma Chiongbian)

Palagay ko lang
Ang labo niyan
Tila yata
Mukhang kuwan

Tingin ko kasi
Parang ano
Walang tiyak
Diskumpiyado ako

Malay ko ba
Labas ako diyan
Huwag n'yo 'ko' idamay
Hindi ko alam

Hintay muna, ha
Teka, e kung —
Hindi kaya
O baka naman

Anyong
Anaki 'y
Animo 'y
Mistulang

— Ow?
A, ewan!

1992

JOSE CRISALDO

(Para kay Pio de Castro III)

Pagbangon niya 'y nakaramdam siya ng matinding pagod: wari ba 'y noong gabi ay naglakad siya nang napakalayo, at ang tulog, sa halip na magdulot ng payapang lunas, ay nagsa-itim na ulap upang diliman ang daigdig, upang sakmalin siya 't pigaan ng pinakahuli niyang hininga. Siya 'y nanaginip: panaginip na di niya mabigyang-buod sa isip pagkat di niya lubusang natatandaan. Sa panaginip na iyon ay madilim din, naglalakbay siya sa dilim, kasalamuha 'y mga aninong pinagsamut-samot sa kaniyang pagkabata, at sa kaniyang pagbabaguntao, at sa kaniyang pagbibinata, at sa kaniyang kasalukuyang balot na balot din sa dilim. Nagulantang siya sa pagkagising: nakasisilaw ang sikat ng araw na pumasok sa bintana 't lumatag sa hihigan, basag-basag na pirasong liwanag sa marusing na kutsong lundo sa gitna at may mga kukong alambreng pilit-nagsisitulak upang makalaya, at sa magalasgas na sahig, at sa mga hubad na dinding na ginuhitan ng bakbak na pintura 't hibla-hiblang agiw.

Habang nagbibihis ay pinagmuni-munihan niya ang manipis na limang piso sa loob ng kaniyang bulsa: ang tanging salaping

natitira sa kaniya pagkat nasaid na ang kakaunti niyang naipon. Walang kakainin, walang ipanggagamot kung sakaling magkasakit, walang ipambabayad sa kuwartong inuupahan. Kagabi lamang, bago matulog, ay naghalungkat siya: sa ilalim ng kama, sa loob ng mga kahon at lata, sa kasuluk-sulukan ng kaniyang mga bulsa. Walang naitabi sa sobre o naipinid sa salansang papel. Di tulad noon, bagamat bihira iyon, tuwing siya'y mag-aayos ng gamit, na bihira rin, at nakatutuklas ng sandaan o singkuwenta o beinte na minsa 'y nalingata 't natabuna 't di na muling naalaala. Kahit sinsilyong pahapyaw lamang niyang namamalayan sa pasemano ng bintana 't sa singit ng silya 't sa patungan ng lutua 't sa ibabaw ng kubeta ay wala na. Limang piso lamang, na naroon ngayon sa loob ng kaniyang bulsa.

Paglabas niya sa kalsada, pakiramdam niya 'y labis na lumawak ang kapaligiran: daa 'y higit na malapad, gusali 'y matayog, tao 'y makapal, tunog sa himpapawid ay malakas, at siya 'y kayliit na nilalang lamang, kung mawala 'y di hahanapin, kung masakta 'y di dadaluhungin, kung mamatay ay di titigilan ng paginog ng mundo. Naglakad siya: siniko 't tinabig ng bawat kasalubong sa mga lansangan. Isang kotseng humahagibis ang sumadsad sa tabi ng baradong kanal, at ang maruming tubig ay nagparang palikpik ng malaking isdang putik, at siya 'y napilantikan.

Nagbalik siya sa kuwarto: nanlulumo 't pinanghihinaan ng katawan. Naghubad siya ng damit, at ang mga bahaging narumhan ay maingat niyang inanlawan sa gripo: datapuwat ito 'y nabasang tuluyan, kayat sinampay niya na lamang, pagkatapos ay naghanap sa karton ng ibang mabibihisan.

Lumabas siyang muli sa kalsada. Isang binatang nagmamadali ang bumunggo sa kaniya 't yumapak sa sapatos na kagabi lamang ay nilinis niya. "Sori, brad," bulalas ng binata, na nagpatuloy nang nagmamadali pa rin. Pumulot siya ng napkin sa tabi ng isang basurahan, at doon ay maingat niyang pinunasan ang sapatos niyang nagasgasan.

Naglakad siyang muli, pasulyap-sulyap pa rin sa suot niyang sapatos habang nag-iisip ng paraan kung paano itong mapakikintaban. Sa sandali niyang kapabayaan, nauntog siya sa isang posteng bakal. Tumigil siya 't napahingal. Tulirong hinaplos ang bahagi ng noong nabugbog: walang sugat, baka lamog lamang.

Kung di siya nagsanla ng relo noong isang linggo 'y alam niya sana kung anong oras ngayon, at kung siya 'y mahuhuli na sa hiniling niyang appointment kay Mister Francia. Nagpabilis siya ng lakad at nagpasikut-sikot sa iba pang taong naglalakad.

Sa kanto ng kalsada 'y nabundol siya ng kariton ng sorbetero.

"'No ka ba, ha!" singhal ng sorbetero. Umantak ang tuhod niya. Dali-dali siyang nagpagpag ng naputikang pantalon: kung magbalik pa siya sa kuwarto 'y maaantala lamang siya. At naalaala rin niya na wala na siyang ibang pagbibihisan.

Patuloy siyang naglakad at nagpasikut-sikot, at sa di inaasahang pagkakataon, isa namang babaeng kasalubong niya ang natiyempong umubo at dumura ng plema, na humaging sa manggas ng polo niya. "Sori, brad," bulalas ng babae, na pinamulahan ng mukha 't nagpatuloy sa paglalakad. Lumapit siya sa isa pang basurahan: pagkat walang matagpuang napkin doon ay pinulot niya ang tangkay ng isang baling tinidor na plastik, at iyon ang ginamit niyang pangkayod sa plemang dumikit sa kaniyang manggas. Umiling siya sa sarili at nagbuntunghininga.

Sa service entrance ng department store ay di siya papasukin ng guwardiya: wala na siyang I.D., at wala na ring time card na dati 'y nakasuksok sa unang hanay ng bulsa-bulsang lata ng kalawanging bundy clock. "Hintay ka, brad," utos ng guwardiya. Dumayal sa telepono ng numerong bisi, at dumayal sa telepono ng numerong walang sumasagot, at nang magsawa sa gayo 'y pinaghintay pa siya.

Pinaliwanag niya sa guwardiya na hinihintay siya ng personnel manager na si Mister Francia. "Hintay ka, brad," ang muling pakikiharap. Dumayal uli sa telepono ng numerong bisi, at dumayal uli sa telepono ng numerong walang sumasagot, pagkatapos ay

nag-asikaso ng iba, mangyari 'y may mga empleyadong nagsidating, at ibang mga bisita, at ang bagong inatupag ay log book at bolpen at pagdayal sa telepono ng mga numerong may tumutugon sa kabila ng linya.

Makalipas ang isang oras ay pinatuloy rin siya: pinalagda sa log book ng ngalan at oras at layon ng pakikipagkita. Pinagpapawisan siya ng malamig at pinamumutian ng mata.

Ilang hakbang na lamang tungo sa nagsasarang pinto ng elevator ay kinapos pa siya, at ang mga naroo 't nakasakay ay di agad tumalima. Pinindot niya ang triyanggulong pataas ang tulis. Pinagmasdan ang umilaw na bilang, na sumabit nang matagal sa dos, at nang umakyat na nga 'y sumabit pa nang mas matagal sa tres. Nang muling bumaba ang elevator at nagbukas ang pinto 'y pinatabi siya ng mga kargador na umawas, pagkat may dambuhalang kabinet silang sakay-sakay, na iniingatang huwag masagi nang di magasgas.

Bumaling siya sa service stairway at inakyat ang likuan sa pagitan ng una 't ikalawang palapag, at ang likuan sa pagitan ng ikalawa 't ikatlong palapag, at ang huling haba ng hagdan tungo sa ikatlong palapag, sa bawat kilos ay nagsisikip ang dibdib at naghihigpit ang hininga at nangangawit ang mga hita 't talampakan. Tumuloy siya sa makitid na pasilyo na sa bungad ay may karatulang "Personnel Management and Services Division", at bawat nasalubong doo 'y umiwas sa tingin niya nang mamukhaan siya, o kaya 'y tumango lamang, o

kaya 'y nagpahatid ng hiwatig lamang ng alanganing ngiti. Tumigil siya sa harap ng mesa ng sekretaryang si Letty Laygo.

."Dumating ka pa," ismid ni Letty Laygo. Bumangon at kumatok sa pintong salamin. Sumandal sa hamba, wari 'y sinagot ang ilang katanungan ng sinumang nasa loob ng silid na iyon. Tumingin sa kaniya, nakaismid pa rin. Sumenyas, upang lumapit na sa pintua 't tumuloy.

Kakaba-kaba siyang nagdaan sa mga nangakahilerang mesa. Abala man sa kani-kanilang gawain ang mga empleyadong naroroo 'y biglang tumahimik sa buong paligid: animo 'y napatda ang lahat, maging ang mga muwebles at gamit, sa kaniyang pagbabalik.

"'Sara mo nga iyan, 'Saldo," utos ni Mister Francia.

Sinara niya ang pinto, at muli siyang humarap kay Mister Francia.

Sumandal sa upuan si Mister Francia. Nagpaduyan-duyan sa kaniyang upuan, waring may iba 't ibang sinasaisip, bago siya muling kinausap.

"Ba't gusto mo daw ako' makausap — ano pa ba 'ng sasabihin mo?"

Tinanong niya kung ang kaso niya 'y magagawan kaya ng anumang paraan, at kung siya 'y mabibigyan ng isa pang pagkakataong mamasukan.

"Mabigat iyang ginawa mo, 'Saldo," iling ni Mister Francia, at ang tinig niya 'y may himig ng kalupitan. "Ikaw ang presidente, ikaw dapat — sa lahat — ang nakakaintindi ng posisyon ng management. Sinabihan ka, minemo ka, pinatawag pa kita, tinapatan kita, pero ano 'ng ginawa mo? Matigas ang ulo mo. 'Buti kung ikaw lang — an' dami mo pang dinamay. O — iyang mga tagasunod mo, iyang mga kasama mong naglatag ng trapal sa bangketa — 'asa'n sila? Tagasunod mo pa ba? Kasama mo pa ba? 'Ala na — 'tapos ng lahat, kaniya-kaniya na.

"Malabo 'ng kaso mo, 'Saldo. Pati Sales, naapektuhan.

"Liksiyon mo iyan. Dapat, madala ka na. Naghihirap ang bayan. Ang nagwewelga, natatanggal, nagugutom. Sa panahon ngayon, mahirap maghanap ng trabaho. Kaya hindi puwede 'ng matigas ang ulo. Bituka muna, bago prinsipyo. Kasi, 'pag nagkagipitan, hindi mo mabibili ng bigas ang prinsipyo. Hindi mo malalaga. Hindi mo mapiprito. Tingnan mo iyong M_____, tsaka iyong G_____, tsaka iyong S_____. Pinasukan din ng union-union. O — ano' nangyari? S'abi nung mga me-ari, sige, magsara na lang. Di sino 'ng nawalan? Natural, iyong nangangailangan. Iyong me prinsipyo. Ano 'ng natutunan nila? 'Pag ikaw ang nangangailangan, mahirap kung ikaw rin ang me prinsipyo. Ang prinsipyo kasi, para lang sa me pera. 'Pag wala kang pera, 'tapos, 'talo ka pa, wala ring union. Ang meron ka lang, utang.

"Gano'n iyon, 'Saldo."

Umiling si Mister Francia. "Me severance ka ro'n sa accounting — pati iyon, pinaglaban ko pa. Kunin mo na iyon. Iyong kontrata mo — wala na iyon."

Lumabas siyang muli sa pasilyo, at mula roo 'y nagtungo sa Accounting Division, sa ibang bahagi ng gusali ngunit sa palapag ding iyon. Bigla siyang natisod sa lumang carpet na kupas at nangungulubot na. Napahiyaw ang isang matandang nakaupo sa lumang sopa. Ang isang bata naman ay natawa.

Mahaba ang pila sa pay window: mga vendor sa kanilang takdang araw ng koleksiyon, mga kubrador, mga iskab at taga-relyebong ngayon lamang makatatanggap ng pay envelope, mga empleyadong nakaipon ng overtime, mga casual na pinagkalooban ng differential, at siya.

Di siya namalayang humanay ng isang vendor sa hulihan ng pila, kayat bigla itong bumiling at bumahin: nabugahan siya sa mukha ng laway at uhog. "Sori, brad," ang paumanhin ng vendor, sabay muli siyang bumahin, tumalikod, at nagbalik sa dati niyang posisyon sa hanay. Pagkat wala siyang kapanyu-panyo, marahan siyang nagpunas ng mukha sa pamamagitan ng kaniyang palad at mga daliri.

Humalakhak ang batang nakaupo sa lumang sopa.

Lumipas ang kalahating oras bago umusad ang pila, at kalahati pang oras bago

siya lumapit sa pay window. Samantala 'y tatlo pang kubrador ang humanay sa kaniyang likuran. Sa likod niya, isang babaeng may kipkip na malaking bag at plastic folder at payong ang walang-tigil sa pag-aapuhap ng papeles. Sinundot siya ng payong sa likod at sa braso at sa tagiliran. Humarap siya sa babae upang ito 'y titigan, ngunit di man lamang siya pinansin: sa halip ay nagpatuloy sa pagkakalkal sa kaniyang bag at pitaka at mga bulsa.

Nagtagal sa pay window ang vendor sa kaniyang harapan: marami siyang voucher slips at accounts receivable, di niya mahanap-hanap ang kinauukulang I.D., at naubusan ng tinta ang kaniyang bolpen. Pagkat ang disburser sa pay window ay walang kabolpen-bolpen, umalis muna ito sa puwesto upang manghagilap ng panulat. Anim na tseke ang tinanggap ng vendor, at labingwalong pirasong papel ang kaniyang nilagdaan.

Paglapit niya sa pay window ay inilingan siya ng disburser, sabay-turo sa orasan. "Klows na po. B'alik na lang, apter lants."

Napaungol ang tatlong kubrador sa kaniyang likuran. Nagsarahan ang mga window, parang mga matang biglang dinapuan ng antok, at nagdilim ang mga ilaw sa loob ng silid.

"Malas," bulong ng babae sa likod niya. "Tsibugan muna," sundot ng dalawang kubrador, na sinang-ayunan ng iba pang naroroon.

Nagsilabas ang lahat — tungo sa kantina, tungo sa mga kainan — kasunod ng mga kub-

rador. Datapuwat nagpatihuli siya 't naupo lamang sa lumang sopa, pagkat ibig man niyang mananghalia 'y wala siyang ipambabayad noon. Nanghapdi ang mga mata niya at sumakit ang ulo niya at kumalam ang sikmura niya sa gutom, ngunit tiniis din niya ang lahat ng iyon. Ang mahalaga 'y may pera pang darating, at kaniyang maaasahan. Nanatili siyang nakaupo sa lumang sopa, walang kakilos-kilos, di makapag-isip at di rin makaidlip nang di siya makita at sitahin at paalisin sa puwestong iyon.

Tumingin siya sa orasan: alas dose siyete; limampu 't tatlong minuto na lamang bago sumapit ang ala una. Tumingin siyang muli sa orasan: alas dose disinuwebe; apatnapu 't isang minuto na lamang bago sumapit ang ala una. Tumingin na naman siya sa orasan: alas dose kuwarentay tres; labimpitong minuto na lamang bago sumapit ang ala una. Tumingin pa siya sa orasan: alas dose singkuwentay nuwebe; isang minuto na lamang bago sumapit ang ala una.

Pagsapit ng ala una 'y bumangon siya sa lumang sopa at tumapat sa nakasara pang pay window. Lumipas ang sampung minuto bago dumausdos ang kahoy na tabing at nagsimulang magbukasan ang mga ilaw; nagsipasok din ang mangilan-ngilang taong katatapos lamang kumain.

Datapuwat di siya agad inasikaso ng disburser na naupo at dumighay roon: naglabas muna ng boteng alkohol at nagpunas ng mga

daliri, at naglabas ng compact at nanalamin, pagkatapos ay nagpulbos, pagkatapos ay naglagay ng lipstik, pagkatapos ay nag-ayos ng iba 't iba niyang resibo habang patuloy na kahunta ang kasamahan sa kasiping na window tungkol sa mga grasya ng pamangkin niyang sanggol.

"Pangalan?" tanong ng disburser, nang sa wakas ay tuluyang lumuklok at tumingin sa kaniya.

Binigkas niya ang buong pangalan niya.

Naghanap ang disburser sa salansan niyang current, pagkatapos ay naghanap sa isang makapal na folder, pagkatapos ay naghanap sa isa pang makapal na folder, pagkatapos ay tumayo at umalis at nawala.

Tumikhim at pumalatak ang limang taong nangakapila na sa kaniyang likuran. Nangalisag ang kaniyang mga balahibo: sa batok muna, pagkatapos ay sa mga braso, pagkatapos ay sa buo niyang katawan. Naka-ramdam siya ng init at sinimulan siyang pagpawisan nang tagak-tagak.

Nang magbalik ang disburser, ang sabi nito sa kaniya: "Hindi pa reydi. Dalawa pa 'ng pipirma. B'alik na lang, neks wik."

Bumiling siya 't lumayo sa window at lumabas ng silid at naglakad sa pasilyo at nagtungo sa elevator. Pinindot niya ang triyanggulong pababa ang tulis. Pinagmasdan ang umilaw na bilang, na sumabit nang matagal

sa uno, at nang umakyat na nga 'y sumabit pa nang mas matagal sa dos.

Bumaling siya sa service stairway at pinanaog ang likuan sa pagitan ng ikatlo 't ikalawang palapag, at ang likuan sa pagitan ng ikalawa 't unang palapag, at ang huling haba ng hagdan tungo sa unang palapag, pinanga-ngalisagan pa rin ng balahibo 't pinang-iinita 't pinagpapawisan. Nilampasan niya ang guwar-diya at tumuloy siya sa daan.

Isang lalaking naka-polong Lauren at nakasuot ng relong Tag ang lumiko sa kaniyang gawing kanan, at patuloy na naglakad sa kaniyang harapan.

Bigla niyang sinunggaban at pinit-sarahan ang lalaking nagulat at napadilat. Sigaw niya sa lalaki: "Ba 't mo 'ko ino-oberteyk, ha!" Sabay-upak sa mukha ng lalaking pina-mumutlaan, sabay-banat ng left hook sa tiyan.

"Brad, brad — bakit, brad?" hagulgol ng lalaking duguan na ang ilong at nguso.

Binuntal pa niya nang minsan. At minsan pa. At ang lalaki 'y patuloy na humagulgol, "Bakit, brad? Bakit?"

Nang awatin siya ng iba, saglit niyang pinagtakhan, ngunit di niya matumbok-tumbok, kung bakit.

1993

LINTIAN KANG LUNTIAN
(Para kay Dana Lam)

Lintian kang luntiang
Kayrami mong pangalang
Akin pang pagpipilian
Sa dahop kong panitikan

Manggang hilaw, tahong
damong ligaw at dahon
esmeralda, tipaklong
peridote at dragon
akasya, kangkong
sili at siladon
abukado, milon
lumot, sibol, sipon
kamatsili, litsugas
loro at palaspas
vinta, siniguwelas
limang piso at kamyas
bote, sibuyas
pandan at bayabas
San Jose, San Hudas
Guadalupe, sigidilyas
oliba, malunggay
balimbing, upo, petsay
amag, lihiya, bronse
at inggit pa ng naonse

Kapag ako ay napepeste
Ginagamit ko na lang, berde

1992

ANG PASKO AY SUMAPIT

(Para kay Cita Joaquin)

". . . Tayo ay mangagsiawit
"Ng magagandang himig . . ."

— Ak! Ak! Wake up, wake up!
Uh-oh! Good morning! —

Pinindot ni Helen ang hugis-Nips na buton sa plastik na troso ng kaniyang Parrot Talking Alarm. Sa ibabaw ng troso, kakawag-kawag ang mapintog na lorong kulay-putong-ubi ang katawan, kulay-kutsinta ang tiyan, kulay-Mentos ang tuka, kulay-Oranswits ang palong, kulay-mint ang mga pakpak, kulay-tsokolate ang mga paa at ang plastik na buntot ay kulay-cherry, -blueberry at -hinog-na-mangga. Pupungas-pungas man at di pa lubusang naka-dilat, talos ni Helen na ang mahabang braso ng orasan ay nakatutok sa numero dose at ang maikli sa numero diyes, pagkat gayon ang tinakda niyang oras bago uminom ng dalawa niyang pildoras ng antihistamine kagabi.

Uminat si Helen, at yumugyog at umingit ang kaniyang kamang yari sa silat-silat na ratan, kulay-istroberi at natata-lukbungan ng maoondang drapes na may

pondong kulay-pulang-mansanas at polka dots na kulay-confectioner's sugar at dibuhong Snoopy at Woodstock.

Tumigil sa kapuputak at kakakawag ang loro, ngunit nagpatuloy ang awiting-Pasko sa transistor ng kapitbahay. Napangiti si Helen. Umaga ng Huwebes, day-off niya sa Philprom. Di siya magmamadaling bumangon at magbihis para maghapong makipagtitigan sa naghihingalo niyang terminal ng WordStar. Umaga ng Disyembre 18. Mamaya 'y mayroon siyang mga panauhin, isang pangkat ng magkakaroling na alas siyete medya ng gabi darating. Tulad noong nakaraang taon. At noong isang taon. At noong taon bago noon.

Bumiling si Helen at lumingon sa kaniyang bilugang bedside table na kinapapatungan ng alarm clock, at muling yumugyog at umingit ang kama. 10:03. Sandali siyang nagpakasasa sa kalong ng malalambot na unang may ruffles at maliliit na bolsang tulle na sisidlan ng potpourring lavender at cinnamon at rose; ng higanteng Papa Bear na powder blue at may lasong pale yellow, ng higanteng Mama Bear na shell pink at may lasong powder blue, ng higanteng Baby Bear na pale yellow at may lasong shell pink; ng kumot niyang may iba 't ibang prints na Holly Hobbie; at ng quilted comforter niyang may parisukat na patches na Strawberry Shortcake. Sa ibabaw ng mesita, binati siya ng tablescape ng babasaging Winnie-the-Pooh na nakasalampak at nakasandal sa plastik na troso ng orasan, mga munting kuwadrong likha sa padded fabric at sinamay at

ginintuang trimming, kristal na cannister na naglalaman ng sour balls — at isang letter holder na Bozo na may sipit na sobreng lila at pinabanguhan ng hasmin. Sobreng paalaala na may mga karoler na magsisidating, at dapat niyang lakpan ng Pamaskong kontribusyon. Magkano kaya ang kaniyang ilalakip ngayong taon? Marapat kayang taas-taasan niya ngayon?

Marahang bumangon si Helen, at parang dambuhalang talulot na nalagas sa hubo 't hubad niyang katawan ang kumot na Holly Hobbie at ang comforter na Strawberry Shortcake. Ganoon siya kung matulog — walang kasaplut-saplot sa katawan, pagkat ayon sa kaniya 'y "babyng-baby ang feeling." Kaya nga 't Sweet Dreams, Little Girl ang pinili niyang motif ng kaniyang silid-tulugan: may acrylic na ilaw sa dinding na hugis-nakangiting-buwan, at ang kisame 'y pinalamutian ng mga acrylic na bituin at sinabitan ng mga parakaydang sinasakyan ng malilinggit na Raspberry Troll na magpakailanma 'y nangakadilat sa kawalan.

Pinulot ni Helen ang kaniyang XXL na negligee na kulay-carmine at nakasabit sa likod ng kaniyang kulay-beige na tumba-tumba, na siya namang kinauupan ng kaniyang cotton at estambreng manikang Raggedy Ann. Pumasok siya sa maliit niyang T/B — na ang motif naman ay Betty Boop — upang maghilamos at magsipilyo.

Mahilig si Helen sa motif-motif. Maging ang mesa niyang clerical sa Philprom ay binudburan niya sa mga kanto at gilid ng maliliit

na piguring anghel: mga abubot na sinamsam sa iba 't ibang klase at iba 't ibang kulay na belen — porselana, ceramic, papier mache, origami, eskayola, plastik, fiberglass,. Italyanong hard rubber — may iba 't ibang hugis at may iba 't iba ring posisyon — nangakatayo, nangakahiga, nangakaupo, nangakaluhod, nangagsasayaw, nangagsisiawit, nangagsisitugtog ng mga instrumento, nangakahawak sa mga tala, tupa, basket, bulaklak, kandila, ribbon at kung anu-ano pa — na kaniyang tinaguriang Angel Motif. Bansag nga sa kaniya sa Philprom ay si "Miss Motif". Lamang, kapag siya 'y nakatalikod, ang bansag ay mabilis hinahalinhan ng "Miss Motifuno", pagkat tunay siyang isang napakalaking babae. Timbang niya 'y 303; bustline, 56; waistline sa ibabaw ng bilbil, 48; hipline, 58.

Sumilip si Helen sa kuwadradong salaming Betty Boop, na ang pagkakasabit ay mataas-taas upang mukha lamang niya ang kaniyang makita, at ang malusog niyang panga at quadruple chin ay matabingan ng nakasilkscreen na pigura ni Betty Boop at mga titik na "1992 KFS Inc Fleischer Studios Inc". Bumaling siya sa lababo at naghilamos. Nagpunas ng mukha sa tuwalyang Betty Boop. Inalis ang takip ng sipilyo, na nakasuksok sa plastik na pencil-holder-na-puwede-na-kasing-toothbrush-holder na Betty Boop, na nasa isang caddy at kahanay ng kaniyang Betty Boop Shampoo, Betty Boop Hair Conditioner, Betty Boop Skin Nourisher, Betty Boop Body Talc, Betty Boop Body Spray, Betty Boop Hair

Polisher at Betty Boop Hair Spritzer. Nagsipilyo ng Close-Up at nagmumog ng Astring-o-sol (wala kasing toothpaste at mouthwash na Betty Boop). Naupo sa kubeta, na ang water closet ay pinatungan ng throw pillow na malaking mukha ni Betty Boop, notepad na Betty Boop at family album na Betty Boop (na naisip niyang ilagay na lang sana sa silid-tulugan, ngunit minarapat na mas angkop sa T/B, pagkat alinsunod sa motif).

Nanaog si Helen sa maliit na kusina/komedor — na ang motif ay Hello Kitty — upang simulan ang paghanda ng kaniyang ihahain sa mga panauhin. Russian salad na may "plenty-plenty sugar beets, para 'mukhang bouquet of roses." Mga triyanggulong hiwa ng party bread na marbleized sa sari-saring food coloring at pinalamnan ng dalawang klaseng sandwich spread na Lady's Choice, "iyong white tsaka iyong orange." Fiesta Ham ng Pure Foods. Lumpiyang sariwa at fried rice ng Max's. Camembert cheese mula sa Rustan's Superstore. Pineapple-grapefruit punch na Del Monte. Christmas cookies ng Red Ribbon na may "hundreds 'n' thousands" at kung ano 't ano ang hugis — Christmas tree, Christmas star, ulo ni Santa Claus, ulo ng reindeer, botas, medyas, kampanilya atbp. Leche flan at cathedral windows at crema de fruta ng Goldilocks. At isang bandehang rock candy na "parang jewels," kayat sinapinan ng paper doilies na "parang lace." Di siya nakapagpigil na tumikim nitong huli, kayat sumubo siya ng limang pirasong pinagsabay-sabay — dalawang

grape, dalawang peach at isang pear — at sandaling ninamnam ang manamis-namis at maasim-asim na resulta ng pinaghalong mga lasa.

Alas onse pasado nang matapos niyang ayusin ang mga pagkain sa dinette (maliban sa russian salad, lumpiyang sariwa, leche flan, crema de fruta at cathedral windows na pinasok niya sa pridyider, at sa Fiesta Ham, na dinispley niya sa ilalim ng rotisserie ng gas range na La Germania ("kasi, generates love"). Pinalibot niya ang lahat sa likha niyang centerpiece na alkansiyang Kerokerokeroppi, na pinutungan ng crepe paper at bulak na kupyang elfin at binalabalan ng retasong tinsel bunting at tinaktakan ng mga glitter na ginto at pilak at pula ("paminsan-minsan, dapat, cre-*yay*-tive"). Nagsuksok siya ng mga kandilang berde at lubid-lubid sa dalawang kandelerong Little Twin Stars sa magkabila ng centerpiece. Huli sa lahat, maingat niyang pinileges ng aspili ang saya ng mantel na gingham, at inasikaso ang puddling sa sahig ng mahaba nitong laylayan.

Sandaling pinagmunimunihan ni Helen kung kakain siya ng pananghalian, kung kakain na siya ng pananghalian, kung kakain pa siya ng pananghalian, o kung magpapalipas na lamang siya ng gutom at saka bumawi ng kain mamayang gabi. Pinagpasiya niyang huwag nang mananghalian ("a teensy-weensy sacrifice"). Sa halip ay inubos na lamang niya ang tirang kalahati ng kalahating galong Hubble

Bubble sa loob ng freezer. Bilang panghimagas, dumukot siyang muli ng ga-sakmal na rock candy sa bandeha, na sabay-sabay uli niyang sinubo bagamat di na pinag-abalahang alamin kung anu-anong flavor ang kaniyang naisuksok sa bunganga, pagkat "plenty-plenty things pa to do."

Tumuloy si Helen sa living area, na ang motif naman ay Barbie. Naroong nangakapuwesto ang lahat ng Barbie doll na napasakaniya mula noong siyete anyos lamang siya — sa coffee table, sa mga side table, sa ibabaw ng komoda, sa ibabaw ng telebisyon at sa shelves ng repro pillow rack — Barbieng puti, itim, kayumanggi, dilaw, pula. Sina Ken at Midge at Alan at Christie at Ricky at Skipper. Nangakaposisyon at nangakagayak sa kani-kanilang makukulay na bahay-bahayan, wari 'y maliliit na tagpo sa maliliit na entablado. Barbie's Magic Motor Home. Barbie's Ski Shop. Barbie's Snack Stand. Barbie's Spray and Play Pool. Barbie's Styling Center. Barbie's Sportsclub Workout Set. Barbie's Pink Sparkles Beauty Bath. Barbie's Action Scooter. Maging sa paanan ng plastik na Christmas tree na maputi ang pine leaves ay kaniyang pinagpatung-patong ang mga kahong naglalaman ng iba 't ibang Barbie doll. Bendable Barbie. Totally Hair Barbie. Hollywood Hair Barbie. Trendy Style Barbie. Fancy Ribbon Barbie. Luv 'n Lacy Barbie. Garden Pretty Barbie. Summer Lovin' Barbie. Dancin' Rap Barbie. Rappin' Rockin' Barbie. Sweetheart Barbie. Rollerblade Barbie. Bathtime Fun Barbie. Bath Magic Barbie.

Matagal niyang pinagmasdan ang kabuuan ng Christmas tree, na noong Oktubre pa lamang ay naka-assemble na 't pipirik-pirik ang liyab mula alas siyete hanggang alas onse ng gabi. Hinigpitan niya ang pagkakatali sa maliliit na lollipop at candy cane. Pinaglipat-lipat ng lokasyon ang ilang bola at icicle at torotot. Nang ganap siyang masiyahan, naupo siya sa kaniyang malaking peacock chair na kulay-cerise, sa isang sulok ng sala.

"Hay, buhay," lapad-ngiti niyang bulalas sa sarili. Sumandal siya sa peacock chair, at yumugyog at umingit ang habi nitong buri. "Mag-ipon ka man nang mag-ipon ng things, hindi ka rin matapos-tapos" — sang-ayon sa pinayo ni Mama, nang ipahayag niyang ibig na niyang magsarili sa isang apartment, na malayo sa kanila. "Paulit-ulit ka mang 'pa-renovate o 'pa-repair, Helen, hindi mo masasabing tapos na ang bahay at wala ka nang gusto," diin ni Mama. Tulad ng giant toy chest na kamakailan lamang ay nakita niya sa Ali Mall, at pakiwari niya 'y bagay sa motif ng kaniyang silid-tulugan. Tulad ng bagong edition ng Barbie na kasalukuyan pang naghihintay sa kaniya sa ikatlong palapag ng National Bookstore Superbranch. At kailan nga ba siya makapagpapalatag ng wood parquet sa itaas, at ng Vigan tiles sa ibaba? "'Saklap talaga ng buhay" — bulalas na may panganib, pagkat tuwing mayroon siyang kinasasaklapan, ang laging nagiging solusyon ay ang pagsusupalpal ng kakanin sa kaniyang bunganga.

Sa katunayan, bumukod siya sa mga magulang at kapatid pagkat nagsawa na siya sa mga pangaral nitong "mag-diet," "mag-reduce," "magpapayat," "mag-cut-down ng intake," "mag-kontrol ng pagkain," "makutya," "mahiya-hiya sa sarili" — "Sino 'ng mag-kakagusto sa 'yo niyan? Sino 'ng magkaka-maling lumigaw?" Ang lahat ng alitan ay nauwi sa mga patamang "Tabatsoy", "Matabang Baboy", "Little Lotta", "Baby Huey", "Baby Baboy", "Polar Bear", "Queen Kong", "Dino-saurus", "Marshmallow Woman" at "Balyena". Noong una siyang lumipat sa apartment sa Liberty Avenue, ang una niyang ginawa 'y mag-isang magdiwang: ng pina-FDS niyang family size na Bacon Supreme sa Pizza Hut at isang megaliter na 7-Up.

Tumayo siyang muli at dumeretso sa kusina. (Kalimutan ang "teensy-weensy sacrifice" ngayon din.) Dalawang slice ng hamon. At kapirasong cathedral windows kaya? Di naman siguro makasasama — tutal ay di siya magra-"rice".

Alas dos nang mabusog siya sa hamon, cathedral windows, russian salad, lumpiyang sariwa at crema de fruta. Nagbalik siya sa T/B at isang oras na naligo (malawak ang sasabunan, kukuskusan ng Betty Boop loofa at babanlawan), pagkatapos ay nagtapis ng mga pinagbuhol-buhol na bath towel na Betty Boop, at muling bumaba sa sala. Alas tres naka-schedule dumating si Aling Femie, na matagal nang masahista ng pamilya. Naupo siya sa sopa

habang naghihintay, at nagpatuyo ng buhok sa tapat ng kulay-abukadong electric fan.

Alas tres medya dumating si Aling Femie. Narinig niyang umingit ang bisagra ng mababang gate sa harap ng apartment. Pagsilip niya sa ibabaw ng cafe curtains ay naroon na nga si Aling Femie, pusturang-pustura pagkat magpa-Pasko na, may kipkip na bag na kinasisidlan ng lotion at pulbos at alkohol na lagi niyang kapital sa hanapbuhay. Pinatay niya ang electric fan at pinatuloy si Aling Femie.

"Meri Krismas, Len-Len," bati ni Aling Femie, sabay-abot sa kaniya ng malaking supot na minamantika sa tagiliran. "Tupig, o — 'galing 'Nueva Ecija — paborito mo."

"Ay, thank you," sabay-tanggap sa supot.

"O, kumusta ka na?"

"'Eto, buhay pa, as usual."

"Parang nangangayayat ka."

"Ows? Thank you."

"In lab ka siguro."

"Ay, hindi naman," may buntot na hagikgik.

"Hindi ka ba umuuwi sa Mama mo?"

"'Pag Christmas Eve, 'pag New Year's, para mag-dinner, ganyan."

"Balita nila, beri saksespul ka na."

"Ay, hindi naman." May pabuntot uling hagikgik. "Halika na, do'n tayo sa bedroom."

"Ang gara ng ayos ng apartment mo," obserba ni Aling Femie habang umaakyat sila sa hagdanan (nang mabagal, pagkat mabagal umakyat ng hagdanan si Helen). "Beri — beri yunik."

"Ay, hindi naman." May pabuntot na namang hagikgik.

Palibhasang ilang beses na niyang namasahe si Helen, hindi na nasindak si Aling Femie sa ga-bundok nitong katawan na parang dikya kung gumalaw, at sa bawat galaw ay yumuyugyog at umiingit ang kama. Di na rin kasindak-sindak sa kaniya na sa tuwing ito 'y nagpapamasahe, anumang pagtitipid ang kaniyang gawin ay dalawang bote ng lotion ang sadyang nauubos.

"Nando'n ako sa Mama mo nung isang linggo, a," bida ni Aling Femie sa mahinahong tinig.

"Ows?"

"S'abi ko, sa Tarsdey, nagpa-iskedyul ka."

"Ano 'ng tinanong nila?"

"Wala naman."

"Siguro, tinanong na naman nila kung mataba pa 'ko, 'no?"

"Tinanong din," sa matining na tinig. "Maano naman, 'ka ko, e, talagang gano'n na iyon."

"Mga hunghang na iyon. Inggit lang sila sa 'kin."

Alas kuwatro medya sila natapos. Nagbayad si Helen ng dalawang daan, at nagdagdag ng tip na limang piso.

"Meri Krismas, Len-Len, ha?" pagpapaalam ni Aling Femie.

"Ay, teka muna, teka muna, me gift ako for you!"

May pananabik ang masahista habang nagbukas si Helen ng takip ng kaniyang malaking baul na may lining na calico at habi sa natural cane (at ang nilalaman ay pulos junk items at Small Gifts to Be Recycled).

"'Eto, Aling Femie, especially for you." Sabay-abot ng tatlong bimpong panot, na regalo sa kaniya ng isang kapuwa-filing-clerk noong nakaraang Pasko.

"Aba, tengk yu," sukli ni Aling Femie. "Kailangan . . . ko ito . . ."

Pagkaalis ni Aling Femie, sinilip ni Helen sa freezer kung nagyeyelo na ang kaniyang ice cubes na korteng hearts, spades, diamonds at clubs. Bagamat siya ang minasahe 't isang

oras humilata — at di ang nagmasahe 't pinag-pawisa 't nginalayan ng litid at naunsiyami sa aginaldong natanggap — nakaramdam siya ng panghihina, lalo na sa bandang tiyan, kayat nagpasiya siyang magmirindal ng dalawang slice ng hamon, fried rice at leche flan.

Alas singko tumaktak sa gate ang dalagang si Liza, na matagal nang beautician ng pamilya.

"Meri Krismas, Manang Len-Len," bati ni Liza, sabay-abot sa kaniya ng isang malapad at parisukat na balutan. "Bibingka, manang — 'galing Cavite — iyong me pinipig, iyong gustong-gusto n'yo."

"Ay, thank you," sabay-tanggap sa balutan.

"Kumusta na kayo, Manang?"

"'Eto, buhay pa, as usual."

"Parang beri islim naman tayo ngayon."

"Ows? Thank you."

"May pinag-iisliman siguro."

"Ay, hindi naman," may buntot na hagikgik. "Halika na, do'n tayo sa bedroom."

Naupo siya sa harap ng tukador, at yumugyog at umingit ang munting dresser stool. Binalabalan siya at sinuklay at sinimulang kulutan ni Liza.

"Nando'n ako sa Mama n'yo nung Miyerkoles, o," kuwento ni Liza habang nagpipisik ng gamot sa mga curler. "Nagpa-set din sila, tsaka sina Tiny, nagpa-trim."

"Ows?"

"S'abi ko nga, sa Huwebes, may appointment kayo sa akin. S'abi ko, siguro, ang Manang Len-Len, may deyt."

"Ano 'ng tinanong nila?"

"Wala naman, Manang."

"Siguro, tinanong na naman nila kung mataba pa 'ko, 'no?"

"Tinanong din, Manang," sa matarling na tinig. "Ganoon talaga iyon, s'abi ko, hindi na mag-iiba iyon."

"Mga hunghang na iyon. Inggit lang sila sa 'kin."

Nagpa-shampoo siya sa lababo, pagkatapos ay muling naupo sa harap ng tukador upang magpagupit at magpa-blow-dry. Alas seis medya nang matapos ang kaniyang manicure-pedicure, na higit pa sanang matatagalan pagkat ang unang pahid ng pink sherbet ay pilit pa niyang pinapatungan ng pink frost. Nagbayad si Helen ng dalawaang daan, at nagdagdag ng tip na limang piso.

"Meri Krismas, Manang Len-Len," pagpapaalam ni Liza.

"Ay, teka muna, teka muna, me gift ako for you!"

Nag-abot-taynga ang ngiti sa mukha ng beautician nang buksan ni Helen ang takip ng malaking baul.

"'Eto, Liza, especially for you." Sabay-abot ng labinlimang bookmark na compliments ng Goldilocks sa pagbili niya ng leche flan (large), cathedral windows (large) at crema de fruta (large).

"Salamat, Manang," tugon ni Liza. At dinugtungan ng, "Ano ba ito, Manang?"

"Bookmarks iyan, maganda iyan. Tingnan mo, me ruler pa sa tabi — o. 'Tatago mo iyan, very useful iyan," ang sagot.

"Akala ko, Manang, kalendaryo. O, sigi, Manang . . . salamat 'uli."

Pagkaalis ni Liza, isa-isa niyang pinitas ang mga pirasong bulak sa pagitan ng mapipintog niyang daliri sa kamay at paa. Naghubad siya at nagsimulang magbihis. Panty muna, sinlaki ng baligtad na payong, pagkatapos ay bra, na parang dalawang pinagkabit na pamalo sa jai-alai, parehong yari sa puting nylon at may maliliit na prints na Minnie Mouse. Sandalyas na pilit niyang pagkasiyahan sa bukong-bukong nang huli siyang mag-shopping sa Cinderella's. Huli sa lahat, mauve na bestidang A-line na may puffed sleeves at smocking, ang hilig niyang style na Laura Ashley na lagi niyang pinakokopya sa lahat ng kosturera.

Pinulot niya sa bedside table ang sobreng lila na wala pang kalaman-laman. Nilabas ang kaniyang basket bag sa aparador, at mula roon ay nilabas ang kaniyang pitaka.

Magkano kaya ang ilalakip ngayong taon? Noong nakaraang Pasko 'y naglakip siya ng dalawang libo 't limang daan. Di kaya marapat na ngayon ay tatlong libo?

Nilakip niya sa sobre ang halagang iyon, dinilaan ang takip, sinara. Muling pinatong sa bedside table.

Pumanaog siya sa sala at nagsalang ng Christmas album na Lawrence Welk sa record player. Feeling pretty siya sa kaniyang bawat kilos habang nakikinig ng "Sleigh Ride" at nagdadampi ng baby cologne sa kaniyang mga taynga at pulso at siko at sakong at tig-aapat na kanto ng bawat throw pillow. Inahon niya ang mga bandeha sa pridyider at sa gas range, at pinatong sa dinette. Sinindihan ang mga kandila.

Alas siyete medya narinig sa labas ng gate ang tawag na "Tao po — Meri Krismas po!" — ang mga panauhing magkakaroling!

Pinatuloy niya ang tatlong lalaki: si Mang Bert, isang dating houseboy ng pamilya; si Efren, isang dating tsuper ng Papa niya; at si Milo, na dati naman nilang hardinero.

"Meri Krismas, Len-Len," bati ng tatlo. Naka-polong fluorescent green si Mang Bert; si Efren, naka-mahabang manggas, maputik ang

kulay at masalimuot ang dibuho; si Milo, naka-Crispa T-shirt na puti. Bawat isa sa kanila 'y humahalimuyak ng iba 't ibang mumurahing "eau de bangkette" — animo 'y mamamanhikan at di lamang magkakaroling.

"Tuloy, tuloy," may buntot na hagikgik.

"'Ganda-ganda ni Len-Len," bati ni Mang Bert.

"Ay, hindi naman," may buntot uling hagikgik.

"Tuwing nakikita ko si Len-Len, lalong gumaganda 'ng katawan," bati ni Efren.

"Ows?" may buntot na namang hagikgik.

"Seksing-seksi ngayon si Len-Len, a," bati ni Milo.

"Ay, thank you," may buntot pang hagikgik.

Naupo sila sa sala, sampu ng nagti-tikwasang Barbie doll, at sa kalakhan ng katawan niya 'y natabig ni Milo ang isa; nang pulutin niya 't isauli 'y di sa dating lugar, at mali ang posisyon.

Tumugtog si Efren sa gitara, at inawit nila ang "Pasko Na Naman" at ang "Whispering Hope" at ang "Jingle Bells". Paminsan-minsan ay nakiawit si Helen, sa pagitan ng kaniyang maiikling hagikgik.

Alas otso pasado nang tumayo sila 't tumuloy sa dining area, at pumalibot sa dinette, at nagsitungkab ng pagkain sa mga bandeha. Muling sinalang ni Helen ang Christmas album na Lawrence Welk, at habang nakaupo sila 't nagsisikain ay tumugtog ang "Rudolph The Red-Nosed Reindeer" at ang "Winter Wonderland".

"Ang sarap naman nito," puri ni Mang Berting.

"Masarap ito, a," puri ni Efren.

"'Sarap-sarap," puri ni Milo.

Alas nuwebe sila natapos kumain, nang maubos ang Christmas album na Alvin and The Chipmunks.

"Halika, do'n na tayo sa bedroom," anyaya ni Helen.

Sa palibot ng sari-saring abubot at kutingting na Sweet Dreams, Little Girl, marahang naghubad si Helen at nahiga sa kama, samantalang sinisipulan siya 't kina-kahulan ng mga kasama. Gayundin ang ginawa ng tatlong lalaki. Sinaklob ni Mang Berting ang kaniyang polo sa ulo ng higanteng Baby Bear. Sinaklob ni Efren ang kaniyang kamisadentro sa katawan ng manikang Raggedy Ann. Sinaklob ni Milo ang kaniyang T-shirt sa Parrot Talking Alarm. Nagsitanggal sila ng pantalon at nagsisampa sa kama.

Humagikgik si Helen. Naalaala niya ang una niyang napakatamis na karanasan, noong nuwebe anyos siya 't naka-unipormeng blue-and-white at breakfast time sa dining room at pinagagalitan siya ni Papa at ni Mama at ng mga nakatatanda niyang kapatid, pagkat ang nilantak niya sa mesa 'y dalawang dosenang pandesal. Nagbugnot siya noon, nag-alburoto 't nagkulong sa silid-tulugan, at di siya pumasok sa eskuwela buong araw. Bandang tanghali siya lumabas, pagkat maging sina Papa at Mama ay nasa kani-kanila nang opisina noon. (Ang katotohana 'y di na niya mapigilan ang matinding gutom.) Tumuloy siya sa kusina at lumantak ng isang piling na saging, at nang naubos iyo 'y naghanap siya ng iba pa. Datapuwat namamalengke pa si Aling Vacion, at si Yaya Maring naman ay nagbabakasyon sa prubinsiya.

"Gusto mo' saging?" tanong ng house-boy nila noon na si Mang Natong; nasa labas siya ng kusina, nagpapakintab ng mga abubot na tanso, at narinig niya ang mga halinghing ng matambok na bata.

Isinama siya ni Mang Natong sa quarters ng mga boy.

"Bakit malungkot?" tanong ni Mang Natong.

"Kasi, lagi 'ko' pinapagalitan," hikbi ni Helen.

"Dito ka pupunta," ngisi ni Mang Natong. "Dito, hindi ka papagalitan."

"Sa'n ang saging?"

"Gusto mo' saging?" muling tanong.

At noong araw na iyon ay una siyang nakatikim ng saging na hindi cavendish, hindi lakatan, hindi latundan, hindi bungulan at hindi rin saba.

Muling humagikgik si Helen.

"'Ganda-ganda ni Len-Len," bulong ni Mang Bert.

"Sapak ang katawan ni Len-Len," bulong ni Efren.

"'Seksi-seksi ni Len-Len," bulong ni Milo.

Yumugyog at umingit ang kama. At yumugyog at umingit. At yumugyog at umingit. At yumugyog at umingit.

1993

SIERRA LAKES*

(Para kay Lino Brocka)

ANG MGA TAUHAN

JUSEL CASTRO, *isang singer, 21*
GIRLIE PICAR, *isang fashion model, 21*
CARLOS MENDOZA, *isang writer, 23*
ARLENE REYES, *isang industrial arts teacher, 22*

Ang MGA TAUHAN *ay graduate students ng Psychology na nagpapalipas ng unang araw ng summer break sa isang cottage sa Sierra Lakes.*

ANG TANGHALAN

Sa balkonahe. Mga silya at mesang buri. Sa gawing likuran, isang pintuang patungo sa silid-komun. Sa gawing harapan at sa buong kapaligiran, ang langit, ang lupa, ang mapaglihim na luntian ng mga puno at halaman, at ang nakagagayumang tanawin ng higanteng lawa.

Ang mga manonood ay natatangi sa entablado ng barandilyang kahoy.

**Ang "Sierra Lakes" ay unang tinanghal ng Kalinangan Ensemble ng Philippine Educational Theater Association (PETA) sa Rizal Shrine, Fort Santiago, Intramuros, noong Pebrero ng 1974.*

ANG DULA

5:00 P.M.

Nakatayo si ARLENE *sa gilid ng balkonahe. Nakahawak siya sa isang poste, at nakatingin sa malayo.*

Si JUSEL *ay nakaupo sa isang silyon. Akap niya ang isang unan na may bulaklaking dibuho. Nakalatag ang kaniyang gitara sa isang sopa.*

Maririnig ang banayad na ihip ng hangin at ang paminsan-minsang pagsisiyap ng ibon.

ARLENE

(*Magbubuntunghininga.*) Anong lotion ang ginagamit mo?

JUSEL

Aramis.

Sandaling katahimikan.

JUSEL

Sinabi mo ba?

ARLENE

Oo.

Magiging alisto si JUSEL. *Haharap sa kaniya si* ARLENE, *at ngingiti. Ngingiti rin si* JUSEL.

ARLENE
(*Bahagyang mapanukso ang tinig:*)
Bakit?

JUSEL
Ano 'ng s'abi niya?

Magkikibit-balikat si ARLENE.

JUSEL
(*Nakangiti pa rin.*) Ano?

ARLENE
Wala.

Di-masiyahan si JUSEL.

ARLENE
Wala siyang sinabi. (*Sandaling titigil.*) Nasa kuwarto kami noon. S'abi ko, "Girlie — you notice anything about Jusel?" S'abi niya, "What?" S'abi ko, "He likes you." 'Tapos — wala siyang sinabi.

JUSEL
Naintindihan kaya niya?

ARLENE
Oo, pero — hindi siya naniniwala.

JUSEL
Pa'no mo' nalaman?

ARLENE
Nakita ko sa mukha niya.

JUSEL

Oh. (*Sandaling titigil.*) Pero — ba't hindi?

ARLENE

Kilala ka niya.

JUSEL

(*Parang sa sarili:*) Pambihira.

ARLENE

Huwag kang — mawa'lan ng pag-asa. (*Sandaling titigil.*) May tatlong araw pa naman.

JUSEL

Oo, pero — baka mag-iba na siya ng 'tingin sa 'kin.

ARLENE

Bakit naman? (*Huhulaan niya.*) Hindi. Hindi ganoon sí Girlie.

JUSEL

You think so? (*Ngingiti.*) Ewan ko lang, pero . . . parang . . . nahihiya na tuloy ako.

ARLENE

Ikaw rin.

JUSEL

(*Halos nagmamakaawa:*) 'Lakad mo pa 'ko, o. Sige na. Please.

ARLENE

Sure. I'll do my best.

Sasandal si JUSEL *at titingala. Mayroon siyang pag-iisipan.*

ARLENE

Ikaw kasi. Ang dami mong niligawan bago siya. Lahat, kilala niya. Di siyempre, alam niya.

JUSEL

Sabihin mo sa kaniya, serious na 'ko ngayon.

ARLENE

Bakit hindi ikaw ang magsabi?

JUSEL

Ewan ko, pero — there's something about her, e. Iba 'ng nararamdaman ko 'pag kaharap ko siya. Nawawalan ako ng lakas ng loob.

ARLENE

Umpisahan mo na — habang maaga pa. It's only the first day. Before you know it, tapos na ang bakasyon. Wala ring mangyayari kung hindi mo gagawin.

JUSEL

(*Ngingiti.*) Iisipin ko.

Sandaling katahimikan.

ARLENE

Jusel?

Titingin si JUSEL *kay* ARLENE.

ARLENE

Iyon ba ang dahilan kung bakit ka sumama?

JUSEL

(*Bahagyang matatawa.*) Ba't mo 'tinanong iyan?

ARLENE

Wala. Gusto ko lang malaman.

JUSEL

Hindi. Hindi naman. (*Mag-iisip.*) Just to have fun. With friends.

ARLENE

A. (*Isasandal niya ang kaniyang ulo sa poste. Titingin sa malayo.*)

Sandaling katahimikan.

JUSEL

What are you thinking about?

ARLENE

Nothing. (*Sandaling titigil.*) My family. (*Sandaling titigil.*) My parents. My brothers and sisters. (*Sandaling titigil.*) My room.

JUSEL

Lonely ka na ba?

ARLENE

Hindi naman. When I'm far away, I always think of home.

JUSEL
Siguro, it's the sunset.

Ngingiti si ARLENE.

JUSEL
It's beautiful. It's a lonely sunset, but it's beautiful.

Sandaling katahimikan.

ARLENE
Ang family mo — ilan ba kayong magkapatid?

JUSEL
(*Pinaglalaruan ang unan.*) Dalawa. Brother ko, tsaka 'ko.

ARLENE
Are you the elder one?

JUSEL
Yeah.

ARLENE
That's nice.

JUSEL
Bakit?

ARLENE
Wala. Kasi, I'm the youngest. It's different when you're the youngest.

JUSEL

Oh.

Sandaling katahimikan.

JUSEL

(*Kakandungin ang kaniyang gitara, at aawit.*)

Love is real, real is love
Love is feeling, feeling, love
Love is wanting to be loved

Love is touch, touch is love
Love is reaching, reaching, love
Love is asking to be loved

Love is you
You and me
Love is knowing we can be

Love is free, free is love
Love is living, living, love
Love is needing to be loved

Love is real, real is love
Love is feeling, feeling, love
Love is wanting to be loved

Love is touch, touch is love
Love is reaching, reaching, love
Love is asking to be loved

ARLENE
You have a beautiful voice.

JUSEL
(*Nangangarap.*) That was for her. (*Aakapin ang kaniyang gitara.*)

Sandaling katahimikan.

JUSEL
Arlene?

(*Hindi babaling si* ARLENE *kay* JUSEL.)

JUSEL
Sa'n siya ngayon?

ARLENE
Sa 'baba. Inaayos iyong mga gamit sa trailer.

JUSEL
Ano kaya kung . . .

ARLENE
(*Bahagyang matatawa.*) Puntahan mo na . . . ! Wala ka namang sasabihin — tutulungan mo lang siya. Ano 'ng sama noon — hindi ba?

JUSEL
(*Nakangiti.*) Okay. (*Tatayo at papasok sa pintuan.*)

Sandaling katahimikan.

Maiiwang nagmumuni-muni si ARLENE. *Aakapin niya ang kaniyang sarili. Marahan siyang mag-lalakad sa balkonahe. Titigil siya sa harap ng gitara ni* JUSEL. *Pagmamasdan niya ito. Bahagya niya itong hahaplusin, at minsang patutunugin ang isang nota.*

7:00 P.M.

Nakatayo sina CARLOS *at* GIRLIE *sa isang gilid ng balkonahe. Nakatanaw sila sa kalayuan.*

Nakasindi ang ilaw sa balkonahe. Malamlam ang kapaligiran. Maririnig ang koro ng ilang kuliglig.

GIRLIE

(*Nakaturo sa kalayuan.*) That's Cavinti, over there. In 1619 there was this — some sort of witch — who said one day a huge lake would spread out on the Sierra Madre, right on a mountaintop, and a city would be built around it. It's happening now, isn't it — since they built the dam. (*Sandaling titigil.*) That was a long time ago.

CARLOS

Yes.

GIRLIE

In the summer I come here, all by myself. I spend most of my time looking at the view. It sort of — gets me — you know. And then . . . I start changing. (*Pipiliting matawa.*) I

feel I'm changing. I'm becoming . . . a different person. You know what I mean . . . ?

CARLOS

Yes.

Sandaling katahimikan.

Kukuha si GIRLIE *ng isang sigarilyo mula sa kaniyang kahang Rothman's. Ibibigay niya kay* CARLOS *ang kaniyang pakete ng mga posporo. Sisindihan ni* CARLOS *ang sigarilyo ni* GIRLIE. *Matagal na pagmamasdan ni* GIRLIE *si* CARLOS.

Kukunin ni CARLOS *ang isang kahang Marlboro mula sa kaniyang bulsa. Magsisigarilyo rin siya.*

GIRLIE

Nag-e-enjoy ka ba?

CARLOS

Oo. (*Sandaling titigil.*) I'm glad I'm here.

GIRLIE

(*Nasisiyahan.*) Talaga?

CARLOS

(*Nakatanaw sa kalayuan.*) Ngayon lang ako nakakita ng ganitong klaseng ganda. (*Magbubuntunghininga.*) The sky looks bigger. There are more stars than when I'm home and I look out my window. I've never seen so many stars in my entire life!

GIRLIE

It's because we're so high . . . !

CARLOS

Yes. Closer to the sky. And there, you can see, there are stars on earth, as well. Far away. Like jewels. The lights coming from houses in the valley . . . and floating . . . There, in the water, do you see?

GIRLIE

(*Ngingiti.*) Those are from the rafts. (*Sandaling titigil.*) Every night, lovers go down to the lake and light bonfires on the shore. They go on rafts, with lanterns, and row down the lake . . . and around it . . . (*Sandaling titigil.*)

CARLOS

(*Biglang matitigilan.*) — Hey — !

GIRLIE

(*Halos bumubulong:*) O, bakit?

CARLOS

Narinig mo iyon? (*Makikiramdam.*) Parang may kumakanta.

GIRLIE

(*Makikiramdam. Pagkatapos ay:*) It's gone.

CARLOS

Yes.

GIRLIE

(*Nakatanaw sa kalayuan.*) . . . There's music all the time. They sing and dance and mess around and have lots and lots of fun. Sometimes I stand here and listen to their screams and laughter. It's sort of . . . exciting.

CARLOS

Yes.

GIRLIE

(*Magbubuntunghininga.*) Oh, I wish I could appreciate things the way you do!

CARLOS

(*Bahagyang matatawa.*) Bakit mo sinabi iyan?

GIRLIE

(*Pipiliting matawa.*) Did it sound funny?

CARLOS

(*Nakangiti.*) A little. (*Sandaling titigil.*) Yes.

GIRLIE

(*Tititigan si* CARLOS.) I'm just glad you're here.

Walang sasabihin si CARLOS.

GIRLIE

I was almost sure you wouldn't join us.

CARLOS

Yes. (*Sandaling titigil.*) I don't go out very often. I'm really not the type who likes to go outdoors and . . . travel a lot.

GIRLIE

I know.

Lilipas ang ilang sandali.

GIRLIE

Tell me more about yourself.

CARLOS

(*Bahagyang matatawa.*) Like what?

GIRLIE

Oh, like . . . what do you do when you're not writing plays?

CARLOS

(*Magkikibit-balikat.*) Live. Just like any other person.

GIRLIE

Tell me about the things you love.

CARLOS

Yes. . . . Well . . . I love ice cream . . .

Tatawa si GIRLIE.

CARLOS

I'm not kidding.

GIRLIE

(*Tumatawa pa rin.*) I know. (*Sandaling titigil.*) That was a silly question, anyway.

CARLOS

Why?

GIRLIE

Because I sort of . . . do know the things you love. I read them in your plays. (*Matagal na pagmamasdan si* CARLOS.) Tell me — how do you get to write a play?

CARLOS

Different writers have different ways.

GIRLIE

Do you have to get sad, or depressed, or something . . . ?

CARLOS

(*Titingin kay* GIRLIE.) First I have to get to know a person.

GIRLIE

(*Ngingiti.*) That's a nice way to start. (*Masisiyahan.*) Why don't you write a play about this place — a short play! All of us will be in it, and — you can set it right here, on the balcony — !

Tatawa si CARLOS.

GIRLIE

You could write a scene out here, with you and me. (*Ngingiti.*) You can call it "Girlie"!

CARLOS

(*Nakangiti.*) If I write that play, it will be about people making fools of themselves — and Girlie will be in it.

Tatawa si GIRLIE. *Lilipas ang ilang sandali.*

GIRLIE

Carlos . . . do you ever think about falling in love?

CARLOS

Is that a serious question?

Walang sasabihin si GIRLIE.

CARLOS

Yes. (*Sandaling titigil.*)

GIRLIE

(*Bahagyang malulungkot.*) I guess all people do. But some people are . . . (*maghihirap ang kalooban*) . . . some people are free, and some people are not free. . . . You know what I mean . . . ?

CARLOS

Yes.

GIRLIE

(*Titingala.*) Sometimes I wish I could be other people. I see all the beautiful parts in their lives, and I can't see any in mine. (*Sandaling titigil.*) I wish someone cared for me . . . you know. (*Magbubuntunghininga.*) I wish Papa would care for me, but . . . Papa's a different person . . . ! (*Titingin sa malayo.*) That's why I come here in the summer, all by myself. I look at the view like I look at people . . . I get so . . . detached, and . . . I start changing . . . like I'm slowly becoming . . . powerful . . . powerful and sad . . . just watching . . . just watching . . .

Lilipas ang ilang sandali.

CARLOS

(*Biglang matitigilan.*) . . . Hey . . . !

(*Titingin si* GIRLIE *kay* CARLOS.)

CARLOS

(*Nasisiyahan.*) . . . Do you smell that . . . ! (*Titingin kay* GIRLIE.)

Ngingiti si GIRLIE.

CARLOS

Is it Arlene?

GIRLIE

Yes.

CARLOS

(*Parang sa sarili.*) She's a great cook. (*Sandaling titigil.*)

Nakatingin pa rin si GIRLIE *kay* CARLOS.

CARLOS

Don't you think so?

GIRLIE

She's nice. (*Sandaling titigil.*) She's very nice.

CARLOS

Yes. (*Sandaling titigil.*) Yes . . .

Marahang magsisindi si GIRLIE *ng isa pang sigarilyo. Lilipas ang ilang sandali.*

CARLOS

I think it's dinner time.

9:00 P.M.

Nakaupo sina JUSEL *at* CARLOS *sa may-mesang bilugan. Naglalaro sila ng baraha.*

Katahimikan. Lilipas ang mga sandali. Tatapusin ng dalawa ang larong crazy eights.

JUSEL

Rummy.

CARLOS

Dalawa lang tayo.

JUSEL

'Di bali.

CARLOS

Sige.

JUSEL

(*Kinokolekta ang mga baraha sa mesa. Ipapatong ang mga ito sa tapat ni* CARLOS.) You deal.

CARLOS

(*Pupulutin ang mga baraha at babalasahin, pagkatapos ay ipapatong ang bunton sa tapat ni* JUSEL.) Cut.

Hahatiin ni JUSEL *ang bunton. Pupulutin at ipamamahagi ni* CARLOS *ang mga baraha. Sisimulan nila ang larong gin rummy.*

CARLOS

Bad cards.

Bahagyang tatawa si JUSEL. *Pag-aaralan niya ang kaniyang mga baraha. Lilipas ang ilang sandali.*

JUSEL

Maliligo ka ba?

CARLOS

(*Nakatingin sa kaniyang mga baraha.*) Oo.

JUSEL

Mainit ang tubig kung gabi.

CARLOS

Oo.

Tatapusin nila ang kanilang paglalaro.

Uunat si JUSEL.

Kukunin ni CARLOS *ang kahang Marlboro mula sa kaniyang bulsa. Magsisigarilyo siya.*

Lilipas ang ilang sandali.

JUSEL

(*Kunot-noo at bahagyang pabiro.*) Alam mo, ku' mi'san, iniisip ko kung ano kaya 'ng iniisip mo.

Bahagyang tatawa si CARLOS.

JUSEL

Nakakalimutan mo, me kasama ka.

CARLOS

(*Nakangiti.*) Hindi naman. Bihira talaga akong makipag-usap.

JUSEL

(*Nakangiti.*) Still waters run deep.

CARLOS

(*Magkikibit-balikat.*) S'abi nila.

Sandaling katahimikan.

JUSEL

Me dala 'kong whiskey.

CARLOS

No, thanks. I don't drink.

JUSEL

You don't drink, I don't smoke. Hindi ka mauubusan ng sigarilyo, hindi ako mauubusan ng toma.

CARLOS

Alam ba nila?

JUSEL

Hindi. (*Sandaling titigil.*) 'Di ko sinabi.

Sandaling katahimikan.

CARLOS

First time mo ba rito?

JUSEL

Nope. Second time. . . . Last summer, nandito 'ko. Marami kami no'n. (*May iisipin.*)

Lilipas ang ilang sandali.

JUSEL

(*Titingin kay* CARLOS.) Hey . . . Pare . . . What do you think of me?

CARLOS

(*Mag-iisip. Parang sa sarili:*) What do I think of you? (*Sandaling titigil.*) As a singer, or — ?

CARLOS

No, thanks. I don't drink.

JUSEL

You don't drink, I don't smoke. Hindi ka mauubusan ng sigarilyo, hindi ako mauubusan ng toma.

CARLOS

Alam ba nila?

JUSEL

Hindi. (*Sandaling titigil.*) 'Di ko sinabi.

Sandaling katahimikan.

CARLOS

First time mo ba rito?

JUSEL

Nope. Second time. . . . Last summer, nandito 'ko. Marami kami no'n. (*May iisipin.*)

Lilipas ang ilang sandali.

JUSEL

(*Titingin kay* CARLOS.) Hey . . . Pare . . . What do you think of me?

CARLOS

(*Mag-iisip. Parang sa sarili:*) What do I think of you? (*Sandaling titigil.*) As a singer, or — ?

barandilya. Titingin sa malayo.) Importante para sa 'kin kung ano 'ng tingin sa 'kin ng iba. Kun' 'di ko nalalaman . . . parang ang hirap mabuhay. 'Di ba? (*Sandaling titigil.*) 'Di ba?

CARLOS

(*Hindi nakatingin kay* JUSEL.) Yes.

JUSEL

(*Haharap kay* CARLOS. *Matagal na pagmamasdan si* CARLOS.) You want to know what I think of you?

CARLOS

Bakit hindi?

JUSEL

(*Magbubuntunghininga.*) I think you're a lucky guy. (*Sandaling titigil.*) You're intelligent. You're talented. . . . Nakakainggit nga ku' mi'san, pero . . . (*magkikibit-balikat*) . . . hindi ko rin maisip ang sarili ko sa personality mo. (*Titigil.*) And then, what I don't like about you . . . it is that . . . I don't understand you.

CARLOS

(*Ngingiti.*) True. And false. . . . Para sa akin, pantay-pantay ang tao. Walang natatalo. Walang nakakalamang . . .

Lalapitan ni JUSEL *si* CARLOS. *Magkakamayan silang dalawa: sa hinlalaki muna, pagkatapos ay sa ibang mga daliri.*

11:00 P.M.

Nakaupo sina GIRLIE *at* ARLENE *sa mga silyang buri. Nagtatawanan sila.*

ARLENE

(*Tumatawa.*) — Mabuti may isa pang life guard, kun' 'di, nalunod kaming dalawa —!

Tatawa si GIRLIE.

ARLENE

(*Nakangiti.*) Ang tagal-tagal na noon. Kaya lang, 'pag naaala'la ko . . . (*Bahagyang matatawa sa sarili.*)

GIRLIE

Ilang taon ka ba noon?

ARLENE

(*Mag-iisip.*) Eight years. Takot na takot ako sa tubig. Lalo na pagkatapos mangyari . . .

GIRLIE

(*Nakangiti.*) E — paano ka' natuto' lumangoy?

ARLENE

Tinuruan ako ng father ko. (*Sandaling titigil.*) Nasa high school ako noon. Hiyang-hiya ako sa mga kaibigan ko dahil ako lang ang hindi marunong lumangoy. . . . Kaya

minsan, nung magpunta kami sa beach, nagpaturo ako sa kaniya. (*Sandaling titigil.*) Hindi na ako natakot sa tubig mula noon.

Lilipas ang ilang sandali.

ARLENE

(*Titingin sa paligid-ligid.*) Mabuti ka. May cottage kayo rito. Mayroon kang napupuntahan 'pag naiinip ka.

GIRLIE

Hindi ka ba naiinip dito?

ARLENE

Hindi. . . . Naninibago lang ako dahil masyadong tahimik. (*Sandaling titigil.*) Nasanay ako sa amin. Hindi tahimik doon.

Kakain sila ng tsiko. Tatapusin nila ang kanilang pagkain.

ARLENE

Nasaan kaya sila?

GIRLIE

Nandoon, sa likod.

Sandaling katahimikan.

GIRLIE

Bukas, pag-akyat ng araw, breakfast, and then — mag-swimming tayo hanggang lunch time . . .

ARLENE

(*Magbubuntunghininga.*) Sana . . . (*Titigil.*)

GIRLIE

(*Titingin kay* ARLENE.) Sana . . . ano . . . ?

ARLENE

(*Ngingiti.*) Wala. . . . May naisip lang ako.

Sandaling katahimikan.

ARLENE

Noong nasa high school ako, minsan, nagbakasyon kami sa beach. Malapit ang graduation noon, kaya nagsama-sama kaming magkakabarkada. (*Sandaling titigil.*) Doon kami sa loob ng isang malaking kubo . . . at kung gabi . . . dinadalaw kami ng mga binata. (*Mangingiti.*) Titigil sila sa tapat ng bintana . . . pagkatapos, maghaharana sila, at hahandugan kami ng bulaklak . . . !

GIRLIE

(*Natutuwa.*) How romantic!

ARLENE

. . . Iyong isa sa kanila, nakipagkilala sa 'kin. Naging malapit ako sa kaniya, naging malapit siya sa akin. "Kuya" ang tawag ko sa kaniya. (*Mangingiti.*) "Ate" ang tawag niya sa akin. (*Sandaling titigil.*) Lagi niya akong dinadalaw sa bahay pagkatapos ng bakasyon.

Nakilala siya ng parents ko, ng mga kapatid ko . . . Kung minsan, sinusundo niya ako sa eskuwela, namamasyal kami, nagkukuwentuhan, pagkatapos, ihahatid niya ako sa bahay. (*Sandaling titigil.*) 'Tapos, isang gabi, dumalaw siya' 'uli. May dala siyang tatlong rosas na puti, nakabalot sa cellophane. . . . Noon ko lang naisip, nililigawan pala niya 'ko . . . ! (*Bahagyang tatawa.*) Noon lang ako niligawan sa buong buhay ko . . . ! (*Sandaling titigil.*) Hindi ako makatulog nung gabing iyon . . .

GIRLIE
Sinagot mo ba?

ARLENE
Oo. Pero . . . hindi dahil mahal ko siya . . . kun' 'di . . . natatakot kasi ako, baka masira iyong samahan namin. (*Sandaling titigil.*) Unti-unti rin akong nag-iba sa kaniya . . . pati sa sarili ko. Mula noong naging boyfriend ko siya, parang lagi akong nangangamba. Lagi kong iniisip, baka ako magkamali . . . baka lang ako mapahiya sa kaniya, sa pamilya ko, sa mga kaibigan ko. Confused ako noon. Marami kasing responsibilities . . . (*Hahaplusin ang kaniyang noo.*) Madalas kong gustong sabihin, makikipagbreak ako sa kaniya . . . Pero 'pag nakikita ko siya, 'pag nakikita ko ang mga mata niya . . . para akong naaawa. . . . Inisip ko rin, baka mahal ko siyang talaga. Ayaw kong magka-guilt complex kung basta ko na lang tatalikuran iyong pag-ibig niya.

GIRLIE
Ano ang nangyari?

ARLENE

Hindi ako ang gumawa noon. (*Mag-kukunot-noo.*) Mayroon kasi akong classmate na best friend ko. Mutual kaming dalawa noon. Napansin ko na lang, lagi siyang nagagalit kapag binabanggit ko sa kaniya iyong boyfriend ko. Lagi siyang nagtatampo kung lumalabas kami, kahit kung iniimbita ko siyang sumama. Parang . . . nagselos siya . . . dahil nawala na iyong attention na dati kong binibigay sa kaniya. (*Sandaling titigil.*) Siya ang sumira ng lahat. Unti-unti niya akong siniraan sa boyfriend ko . . . unti-unti siyang nawala sa akin. (*Bahagyang matatawa.*) Hindi ko malaman kung magpapasalamat ako sa kaniya o hindi . . . Pagkatapos ng graduation, lumipat ako ng kolehiyo, para malayuan silang dalawa. (*Sandaling titigil.*) Magasawa na sila ngayon.

GIRLIE

Hindi ka na ba nagka-boyfriend pagkatapos noon?

ARLENE

Madali kasi akong makakita ng kapintasan sa lalaki.

GIRLIE

Maraming klaseng lalaki.

ARLENE

Alam ko.

GIRLIE

Maganda ka. I'm sure marami ang nagkakagusto sa iyo.

ARLENE

Ang madalas kasing mangyari . . . hindi ko gusto ang mga nagkakagusto sa akin . . . at hindi ako gusto ng mga nagugustuhan ko.

GIRLIE

What's your type of man?

ARLENE

(*Mag-iisip.*) . . . Someone who can understand me.

GIRLIE

Hindi mahirap hanapin iyon. (*Sandaling titigil.*)

ARLENE

What's your type of man?

GIRLIE

A sensible guy. (*Sandaling titigil.*) Marami na akong naging boyfriend, and now . . . it's hard for me to believe that any guy can really love me. Kahit kung sabihin niya.

Sandaling katahimikan.

ARLENE

Alam mo, Girlie . . . (*Parang sa sarili:*) Nagpunta ako rito dahil baka sakaling malimutan ko ang mga problema ko. Pero ngayon, hindi ko alam kung bakit, mas lalong nagbabalik sa akin lahat . . .

Bahagyang matatawa si GIRLIE.

ARLENE

(*Hahaplusin ang kaniyang noo.*) It's hard, especially now . . . (*Sandaling titigil.*) May sasabihin ako sa iyo. (*Sandaling titigil.*) I'm in love with someone . . . and I want to escape, because it's useless . . . !

GIRLIE

. . . But you cannot escape . . . ?

Marahang tatango si ARLENE.

GIRLIE

Love can mean many things at the same time.

ARLENE

. . . That's hard for me to understand.

GIRLIE

(*Mag-iisip.*) . . . It's because you're afraid. You're terribly afraid.

ARLENE

Afraid of what?

GIRLIE

Afraid of yourself, maybe. Or maybe . . . afraid of love. (*Sandaling titigil.*) Have you ever told anyone . . . "I love you"?

ARLENE

(*Mag-iisip.*) . . . Now that I think of it . . . no. I don't even remember telling my parents that . . . (*Bahagyang matatawa.*) I took

it for granted. Always. (*Sandaling titigil. Magbubuntunghininga. Ipipikit ang kaniyang mga mata.*)

GIRLIE

(*Parang sa sarili:*) I used to be afraid of something, too. . . . I was afraid of getting hurt. And what happened was . . . I got to hurt myself . . . many times . . . until I thought I could no longer feel it . . .

Sandaling katahimikan.

GIRLIE

(*Titingin kay* ARLENE.) Inaantok ka na ba?

ARLENE

(*Iiling.*) Ayaw kong matulog. (*Titingin sa kaniyang paligid.*) It's a strange night. Masyado kasing tahimik. (*Sandaling titigil.*) Gusto kong mag-isip nang mag-isip. Gusto kong may kumausap sa akin.

GIRLIE

Come on. (*Ngingiti.*) Doon tayo sa likod. Puntahan natin ang mga boys.

Tatayo sila at papasok sa pintuan.

1:00 A.M.

Walang tao sa tanghalan. Nakalambong sa kapaligiran ang mga sinag ng buwan.

Lilipas ang ilang sandali. Marahang papasok si GIRLIE. *Nag-iisa siya. Maglalakad siya sa balkonahe at titigil sa may-barandilya. Kukuha siya ng isang sigarilyo mula sa kaniyang kahang Rothman's. Ilalabas niya ang kaniyang pakete ng mga posporo. Magsisindi siya. Pagmamasdan niya ang ginintuang palara ng sigarilyo. Titingin siya sa malayo.*

Lilipas ang ilang sandali. Lilitaw si JUSEL *sa may-pintuan. Nakainom siya. Matagal niyang pagmamasdan si* GIRLIE.

GIRLIE

(*Mararamdaman ang kaluskos ni* JUSEL. *Makikilala si* JUSEL.) Jusel?

Ngingisi si JUSEL. *Papasok siya sa balkonahe. Hindi iaalis ni* GIRLIE *ang kaniyang tingin kay* JUSEL.

JUSEL

(*Titigil sa may-silyon.*) Anong . . . oras na?

GIRLIE

(*Babasahin ang suot niyang relo.*) One a.m. (*Sandaling titigil.*) Hindi ka pa ba matutulog?

Ngingisi si JUSEL. *Mauupo siya sa silyon.*

GIRLIE

(*May iisipin. Pagkatapos ay:*)
Please, Jusel, I want to be alone. (*Tatalikod.*)

JUSEL

Kanina pa 'ko . . . hanap nang hanap . . . sa 'yo. (*Sandaling titigil.*) Gusto sana kita' . . . makausap.

Biglang babaling si GIRLIE *sa balkonahe at maglalakad patungong pintuan. Tatayo si* JUSEL. *Pipigilin niya si* GIRLIE.

GIRLIE

(*Bahagyang pipiglas. Tatawag:*)
Carlos . . . !

JUSEL

(*Hahawakan siya nang mahigpit sa braso.*) Wala si Carlos. (*Sandaling titigil.*) Wala si Carlos. (*Sandaling titigil.*) Please. (*Unti-unti niyang hihinaan ang kaniyang pagkakahawak.*)

GIRLIE

(*Pipiglas at uurong. Magbabalik sa may-barandilya. Lilipas ang ilang sandali. Pagkatapos ay:*) Ano ang gusto mo?

JUSEL

Just . . . talk to you . . . I . . . never had the chance . . . alone.

GIRLIE

You're drunk! (*Sandaling titigil.*)
Do you know you're drunk?

JUSEL

Please . . . (*Sandaling titigil.*) I . . . (*Hihinga nang malalim.*)

GIRLIE

Jusel. Please. Go back to your room. . . . It's late. We can talk tomorrow if you like —

JUSEL

I want to talk to you! Now!

Sandaling katahimikan.

JUSEL

I want to . . . tell you . . . something . . .

Sandaling katahimikan. Lalapit si JUSEL *sa may-barandilya. Marahang lalayuan ni* GIRLIE *si* JUSEL.

JUSEL

(*Titingin sa buwan. Parang maa-akit ng liwanag nito.*) Moon's . . . up. (*Sandaling titigil.*) Makes me think of . . . vampires . . . ! (*Bahagyang tatawa.*) . . . Are there vampires . . . around here . . . ?

GIRLIE

I don't think so.

JUSEL

(*Matatawa sa sarili.*) Sometimes, I . . . think of . . . all the weirdest things . . . and people forget . . . I'm a human being. (*Sandaling*

titigil.) They don't . . . see me . . . just . . . outside of me . . . (*Sandaling titigil.*) I try to reach out . . . (*Sandaling titigil.*) Jesus, I try to reach out . . . but . . . they don't see me! (*Galit ang tinig:*) And then I feel like shouting back at them . . . ! (*Sisigaw sa kalayuan.*) I am not a man! I am more than a man! (*Sandaling titigil. Sasandal sa poste ng barandilya at bahagyang ngigisi. Mahina ang tinig:*) I . . . am . . . more . . . than a man. (*Sandaling titigil.*) I can do anything . . . ! I will do anything . . . ! (*Sandaling titigil.*) . . . If only . . . (*sandaling titigil*) . . . only . . . I had . . . the chance . . . !

Sandaling katahimikan.

JUSEL

(*Unti-unting titingala.*) Moon . . . ! (*Aakyat sa poste ng barandilya.*)

GIRLIE

(*Mahihintakutan.*) Jusel!

Nakatayo ngayon si JUSEL *sa barandilya. Nakasandal siya sa poste ng barandilya. Hahagikgik siya.*

GIRLIE

Get down here . . . !

JUSEL

(*Aakap sa poste. Maglalambitin. Iaabot sa buwan ang isa niyang kamay. Sisigaw:*) Moon! (*Hahalakhak.*)

GIRLIE

Jusel . . . please . . . please, stop it . . . ! Get down here . . . !

JUSEL

(*Tutulay sa barandilya.*) Will . . . do . . . anything . . . everything . . . for the world . . . for music . . . for God . . . for you . . . ! (*Titigil. Bahagyang mawawalan ng timbang.*)

GIRLIE

(*Lalapit kay* JUSEL. *Kakapit sa barandilya.*) Jusel! Please!

Madudulas si JUSEL, *subalit sa loob ng balkonahe siya magpapatihulog. Mapapaluhod siya sa harap ni* GIRLIE. *Pipigilin ni* GIRLIE *ang kaniyang sindak.*

JUSEL

(*Unti-unting titingala kay* GIRLIE.) . . . Will die . . . for you . . . ! (*Sandaling titigil.*) I . . . love . . . you . . . !

Dahan-dahang uurong si GIRLIE.

JUSEL

(*Sisigaw:*) I love you!

GIRLIE

(*Nakatitig kay* JUSEL.) Why do you love me?

JUSEL

(*Unti-unting babangon.*) . . . You . . . !

Sandaling katahimikan.

GIRLIE

(*Nakatingin sa malayo.*) I've decided to be alone . . . to live . . . alone. (*Luluha nang tahimik.*)

JUSEL

(*Nakahawak sa barandilya.*) I . . . love . . . you . . .

GIRLIE

(*Tititig kay* JUSEL.) Why do you always fall in love?

JUSEL

Something . . . (*Sandaling titigil.*) A bad start . . . when you think . . . of love . . . in the beginning . . . (*Sandaling titigil.*) Love . . . is . . . a word . . . is . . . the night . . . makes everything . . . dark. (*Sandaling titigil.*) But first . . . to feel . . . ! To feel . . . ! And love . . . will follow . . . !

GIRLIE

Do you believe that? After all the girlfriends you've had?

JUSEL

. . . The boyfriends . . . you've had . . .

GIRLIE

Shut up!

Biglang magdaraan ang isang paniki. Mahihintakutan si GIRLIE. *Bigla siyang hahagkan ni* JUSEL. *Manlalaban si* GIRLIE.

JUSEL

(*Magpupumilit.*) Please . . . please . . . give me a chance . . . I promise . . . I promise . . . I will love you . . . you . . . ! (*Magigisi ang isang bahagi ng damit ni* GIRLIE.)

GIRLIE

(*Sasampalin nang limang ulit si* JUSEL. *Humihingal:*) Damn you!

JUSEL

(*Hawak ang ulo niya.*) . . . Please . . .

GIRLIE

(*Nanginginig sa galit.*) It should have taken you just once . . . to realize that no one could ever love you! And you're stuck with the reason why . . . ! Always groping . . . searching . . . in the end, you find nothing but yourself! Yourself! (*Patakbong papasok sa pintuan.*)

JUSEL

(*Maiiwan sa balkonahe.*) Please . . . (*Parang sa sarili:*) Don't you see . . . ?

Sandaling katahimikan. Susubsob si JUSEL *sa barandilya at hahagulgol.*

5:00 A.M.

Tumitingkad ang asul sa kalangitan. Maririnig ang pagsisiyap ng ilang ibon.

Nakatayo si ARLENE *sa gilid ng balkonahe. Nakahawak siya sa isang poste ng barandilya. Nakatingin siya sa malayo.*

Si CARLOS *ay naroon sa isa pang gilid ng balkonahe. Nakaupo siya sa may-poste ng barandilya. Pinagmamasdan niya si* ARLENE.

CARLOS
What are you thinking about?

ARLENE
(*Lilingon. Titingin kay* CARLOS.) Nothing. (*Ngingiti.*) My mind was blank. (*Sandaling titigil.*) I was waiting for the sunrise.

CARLOS
They say the sun rises early from up here.

ARLENE
(*Ngingiti at tatango. Nakatanaw sa kalayuan.*) I think I can see it now.

CARLOS
(*Nakatanaw sa kalayuan.*) No. That's a bonfire . . . turning to ashes. (*Sandaling titigil.*) The lovers must have gone upshore. (*Sandaling titigil.*)

ARLENE
Does the sun come from the water?

CARLOS
(*Ngingiti.*) It comes from behind the mountains . . . like in children's drawings.

ARLENE
(*Ngingiti kay* CARLOS.) How much do you know about art?

CARLOS
Very little. I wish someone would teach me. (*Ngingiti.*)

ARLENE
(*Nakangiti.*) You'd need a very good teacher. I only teach kids. (*Bahagyang tatawa.*)

CARLOS
What sort of art do you teach your kids?

ARLENE
(*Magkikibit-balikat.*) The basics. The different colors. Primaries and secondaries. Lots of ingenious stuff to use. And we do projects. Industrial Arts projects. (*Ngingiti.*) We make things. Like pictures for Halloween . . . and Christmas . . .

CARLOS
And Valentine's?

CARLOS

No, thanks. I don't drink.

JUSEL

You don't drink, I don't smoke. Hindi ka mauubusan ng sigarilyo, hindi ako mauubusan ng toma.

CARLOS

Alam ba nila?

JUSEL

Hindi. (*Sandaling titigil.*) 'Di ko sinabi.

Sandaling katahimikan.

CARLOS

First time mo ba rito?

JUSEL

Nope. Second time. . . . Last summer, nandito 'ko. Marami kami no'n. (*May iisipin.*)

Lilipas ang ilang sandali.

JUSEL

(*Titingin kay* CARLOS.) Hey . . . Pare . . . What do you think of me?

CARLOS

(*Mag-iisip. Parang sa sarili:*) What do I think of you? (*Sandaling titigil.*) As a singer, or — ?

ARLENE
Anything else, I guess.

CARLOS
(*Sandaling titigil.*) I've always thought I bored people. They'd look at me and keep nodding their heads . . . even if they weren't really interested in what I was saying. (*Sandaling titigil.*) Then of course I've always tried to avoid saying the wrong things. Embarrassing things.

ARLENE
Why do you say that?

CARLOS
Because one always learns from past experiences. And I think I've had an embarrassing childhood.

ARLENE
Is that why you write?

CARLOS
(*Mag-iisip.*) I suppose so. (*Bahag-yang tatawa.*) Writers are . . . psychoneurotics . . . in one way or another. Psychoneurotic children grow up to be psychoneurotic adults. (*Magkikibit-balikat.*) Poets are schizoid, for example, and novelists obsessive-compulsive, and playwrights . . .

ARLENE
(*Nakangiti.*) Playwrights . . . ?

CARLOS

(*Ngingiti.*) To a very great extent, playwrights are emotionally disturbed.

ARLENE

Is that why they write more than they talk?

CARLOS

Yes. (*Bahagyang tatawa.*)

Tatawa si ARLENE.

CARLOS

(*Nakangiti.*) Perhaps artists, to some extent, are hysterics.

ARLENE

Yes. (*Tatawa.*)

Tatawà si CARLOS. *Lilipas ang ilang sandali. Matagal niyang pagmamasdan si* ARLENE.

ARLENE

Carlos?

Makikinig si CARLOS.

ARLENE

Why do you always look at me like that?

CARLOS

(*Mangingiti.*) Like — what?

ARLENE

. . . As though there's something you've always wanted to tell me.

CARLOS

It's . . . a secret. Between me and myself.

ARLENE

Aren't you going to share it with me?

CARLOS

(*Mag-iisip. Pagkatapos ay:*) Yes. (*Sandaling titigil.*) I like you.

ARLENE

Is that a secret?

CARLOS

. . . Not anymore.

ARLENE

(*Bahagyang mahihiya.*) That was a nice thing to say. (*Sandaling titigil.*) I feel like asking you . . . why.

CARLOS

(*Bahagyang mahihiya.*) I like your face. I like your smile . . . (*Sandaling titigil.*) I never dreamed of telling you this. (*Sandaling titigil.*) I was afraid it would . . . change things. (*Titingin sa malayo.*) I've been liking you for a long, long time. I think of you. I imagine you. I talk to you in my thoughts. (*Lilingon kay* ARLENE.) But please don't be polite and say

something nice, because . . . I know how you really feel. (*Sandaling titigil.*) That's why I've always been afraid. Not that I'm afraid of being laughed at or rejected, but . . . I was afraid you'd feel guilty about hurting my feelings . . . although I've kind of prepared myself . . . because I'm not really the person you'd . . . expect. (*Sandaling titigil.*) I know. (*Sandaling titigil.*) I know whom you're in love with. (*Sandaling titigil.*) I've known it . . . at the same time. (*Sandaling titigil.*) I understand. It's . . . almost . . . excruciating.

ARLENE

(*Parang sa sarili:*) Almost? (*Lilingon kay* CARLOS. *Lumuluha.*)

CARLOS

Why are you crying?

ARLENE

I'm not crying. (*Hahaplusin ang kaniyang mga pisngi. Bahagyang matatawa. Papahirin ang kaniyang mga luha.*)

Maririnig ang tilaok ng isang tandang sa kalayuan.

CARLOS

(*Titingin sa kalayuan.*) The sun is rising.

ARLENE

(*Nakatingin kay* CARLOS.) I know.

CARLOS

It's beautiful. It looks so hopeful, and it's beautiful.

ARLENE

Yes.

Maririnig ang gitara si JUSEL *mula sa kung saan.*

CARLOS

(*Nagagalak.*) I'm going to write a play — a short play — ! I'm going to set it right here — and all of us will be in it — ! (*Ngingiti kay* ARLENE.) I'll call it "Sierra Lakes" . . . and it's going to be about people . . . just people . . . discovering . . . !

ARLENE

(*Ngingiti.*) I'm going to watch that play when they show it!

CARLOS

(*Nakangiti.*) We can both die laughing! (*Bahagyang tatawa.*) Oh! I'm so happy! (*Sandaling titigil.*) May I kiss you?

ARLENE

Yes!

Maghahalikan silang dalawa.

JUSEL
(*Aawit, mula sa kung saan:*)

Love is real, real is love
Love is feeling, feeling, love
Love is wanting to be loved

Love is touch, touch is love
Love is reaching, reaching, love
Love is asking to be loved

Love is you,
You and me,
Love is knowing we can be

Love is free, free is love
Love is living, living, love
Love is needing to be loved . . .

Umaakyat ang araw.

1972

THE CHILDREN AND THE WIND

(Para kay Albert Narciso)

The children were in love with the wind.
They ran out — it called —
Mouths open in hunger for the wind,
hands clutching at the big and the strong,
Tiny hearts swept into this strange,
this mighty love
So that their minds went —
They took off their shirts and hurled them
Like kites at the wind, and the wind took them
And sent them like white birds
Above their heads.

The wind was in love with the children.
They belonged to him now.
He took them in his arms
And dashed them to the ground,
But only to set them free — so that he
Could take them higher, higher

Like a lover of art, he took them
To complete his priceless collection.

1974

KALATAS*

(Para kay Sim Teow Li)

Mi amor:

Te pido perdon por no escribirte más pronto. La verdad es que me he sentado frente al escritorio, deseando escribirte, deseando compartir lo que sumamente pienso y siento pero las palabras se me escapan. Siempre termino sintiéndome sólo y deprimido, sabiendo por cierto que tu sentirás lo mismo, no habiendo recibido ningun noticia de mi.

No se como explicartelo—me estoy pasando una temporada de mucha dificultad y no me estoy cierto lo que el futuro tendrá para mi, y por cierto para los dos. Sólo sé que me levanté una mañana sintiendome como una persona cambiada y distinta — una persona con un pasado que no puedo explicar, y uno que talmente tema mucho el futuro. Es como si fuera una persona andando, no sabiendo quien es, ni de donde ha venido. Es como si fuera que tu te has venido de un sitio extraño, el extranjero, y que ésta sensación, este sentido, me es también muy extraño.

**Ang mga bahaging Espanyol ay kinatha sa tulong ni Ma. Lourdes R. Apolinario.*

Sí, he visto un medico. El dice que no sucede nada, que todo me va bien. Un poco aturdido, pero bién y sano. Mis amistades han dicho que estoy en transito, buscando una meta significante e importante en la vida. Han sugerido que me ocupe de actividades nuevas — ir a bailar, estudiar el canto, montar montanas, visitar el campo, o ir scuba diving. Les agradezco la ayuda, pero he terminado pensando: ¿Que es ser sano — físicamente y de mente? ¿Que son los amigos? ¿Que es ser aburrido? ¿Que es tener edad y llevar muchos años? ¿Que es tener una meta significante en la vida? ¿Que es tener felicidad? La unica cosa que me es cierto es que te sigo queriendo muchisimo.

Cada noche antes de retirarme *sa kama,* me miro en el espejo y veo las *senyales ng edad, maski* las marcas de los años que han pasado. Desde pequeño, *para lang masigurado* que *asta ngayon* yo soy yo, el *mismong sarili ko.* Pienso del pasado, *siyempre*, pienso en ti, pienso si *puwede*, verdaderamente me has conocido — no solamente de *basta* persona pero, *buweno*, mis pensamientos en total. *Natural*, siempre pienso — ¿si yo mismo no me he concocido en total *at todo-todo*, *siguro* es que seré una *ilusyon* de *personalidad* que me he creado?

Ni hindi ko alam kung natatanto mo ang suliraning pilit kong pinababatid, mangyari 'y talos ko na ito 'y katangi-tangi, at di mai-hahalintulad sa pinagdaanan ng iba. Pakiusap ko lamang na ako 'y sikapin mong unawain, at

dulutan ng pag-unawa rin ang kayrami kong pagkukulang at kakulangan na iyong napuna sa naging matagal nating samahan. Kung naghirap ang iyong kalooban ay naghirap din ako, irog, at ang paghihirap ko 'y higit sa iyong dinanas kailanman.

Nitong mga nakaraang araw ay nag-simula akong magpintang muli. Napakalaki kasi ng nadudulot nitong ginhawa sa aking kaisipan, lalo na tuwing ako 'y nagugulumihanan. Bumili ako ng lona at mga panibagong kulay. Kung naaalaala mo 'y dati kong hilig ang mga tanawing madidilim, at di-minsan mong nabanggit na ubod ng lungkot ang mga paksang pinipili kong pintahin. Sinadya kong ibahin ang mga kulay na gagamitin, upang kahit paano 'y makapagpa-angat iyon sa kasalukuyan kong damdamin. Naalaala ko na minsa 'y humiling ka sa akin ng larawan ng aking mukha, na maisasabit mo sa iyong dinding — at iyon ang larawang sinimulan kong pintahin.

Ilang gabi at araw ang nilaan ko sa handog na iyan, datapuwat hindi ko nabuo ang larawan. Maging ako ay nagtaka. Dati-rati 'y kaybilis kong makabuo ng larawan, at sa loob lamang ng isang linggo 'y nakaiipon ako ng walo o siyam na mailalahok sa isang pagtatanghal. Sinisi ko ang mga kulay. Sinisi ko rin ang taglay kong kakayahan. Ilang ulit kong binura ang aking nalikha, ilang ulit kong hinalinhan ang anggulo 't pagkakailaw. Sadyang di ako masiya-siyahan sa anumang maisipan kong lunan: una 'y sa may-bungad ng isang lumang simbahan, ikalawa 'y sa harap ng isang bahay-bakasyunang

kawayan, ikatlo 'y sa tanawing may matatayog na gusaling salamin at bakal. Nang mainis ako 'y nilaslas ko ang larawan, at saka ginutay-gutay. Ganyan ang naging pagtanggap ko sa aking pagkabigo. Ngunit huwag ka sanang mababalisa, pagkat sa pagkabigo man o hindi 'y ibig kong malaman mong minamahal pa rin kita.

Nakakabanas lang talaga 'tong psychological crisis *na ine*-experience *ko. 'Buti na lang, malakas ang* will power *ko; ang iba diyan, 'pag tinamaan ng* depression, *nagiging* suicidal, *'di ba? 'Di sila kasing*-fortunate *ko, na me* special friend *na 'tulad mo. Lagi kitang nasasaligan,* rain or shine, *kaya gusto ko, nakaka*-reciprocate *ako.* So, *nung nabasa ko iyong huling* message *mo, pinilit ko talagang sumulat, kahit na anong sulat, kahit* one-liner *lang. Sana,* this letter helps, even if *me konting kabigatan ang tono.* At least, *kahit ganito, na-a*-update *kita sa* present situation *ko. Ang hindi ko lang alam,* how and when it all began.

At night, I dream. I used to keep a record of my dreams, a secret journal that I wrote in every morning, and that spelled out to myself, in the symbolic images and feelings and colors and events that one encounters only in dreams, everything I was, and everything I am, and everything I want to be. I planned each day according to my dreams, and planned my dreams according to each day. I've lost that journal now — perhaps unconsciously disposed of it once, in a cloud of despair — but at night, I still dream.

I've stopped remembering my dreams, though. I feel that even if I tried, I wouldn't be able now to recall them correctly. They've become quite complex, as difficult to decipher as three photographs superimposed on one another, or three T.V. shows playing on separate screens at the same time. I'm afraid I'd merely recall the beginning of one, and the middle of another, and the end of the third, and therefore come up with a crazy scenario. My dreams have changed, as I have changed. Bad dreams have turned to nightmares, and I dread discovering my psyche's latest fears.

I do hope to see you again. Maybe we could spend some time together, like we used to. We could still have chocolate con churros for breakfast and *daing na bangus* for lunch and roast turkey for dinner. I haven't abandoned my zest for adventure and my passion for the wildest things; I'm just more skeptical about everything. Meaning, we could still argue about dessert. But that shouldn't spoil our relationship, should it? If it does, the only alternative I can think of is that the sky *is* falling.

Thank you for being you, even if you can't thank me for being me. I know it's corny, I know I've said it twice, but I'd like to say it a third time: I love you still, and I always will.

Sincerely yours,

Tonio, *Tonyong*, Tony

1993

PATTERN FOR A KNITTED HEART

(For Didi Dee)

Cast on two stitches. Work in stockinette,
increasing at each edge on every row
until six centimeters: bottom half of heart.

Work even for three centimeters.
Turn in middle of row,
decreasing at each edge on every row
until four stitches remain.
Cast off loosely: right top of heart.

Reattach yarn. Continue work
as for right top of heart: left top of heart.

Block, stretching heart to desired shape.
Press dry.

With sewing thread and needle,
applique on front of shirt:

Now love begins.

1991

PATTERN FOR A HANDKNITTED VEST

CUBAO EROS

(For May Felix)



Materials:

14	balls Carmencita 3-ply, #77	(C=Crimson)
11	balls Carmencita 3-ply, #73	(I=Indian Red)
1	ball Carmencita 3-ply, #34	(□=Flesh)
1	ball Carmencita 4-ply,	White (▣)
1	pair knitting needles, 3.25 mm	
1	pair knitting needles, 4.25 mm	
2	stitch markers	
	crochet hook	
	tapestry needle	

All materials are available at the Design Center, J&P Coats Manila Bay, Inc., Bo. Tañong, Marikina.

Measurements of May Felix:

Shoulders = 35 cm
Bust/Hips = 90 cm
Length of Vest = 73 cm
Armhole = 72 cm
Neck = 47 cm

Tension:

2 sts to 1 cm on horizontal row and 4.25 knitting needles, with two strands of yarn held simultaneously

3 sts to 1 cm on vertical row and 4.25 knitting needles, with two strands of yarn held simultaneously

PATTERN:

Front:

With two strands of C held together, cast on 88 sts on 3.25 cm knitting needles. Work in 1x1 twisted rib for 6 cm, end WS.

Change to 4.25 cm knitting needles and work in stockinette until Front measures 22 cm.

Next Row (RS): K16, place stitch marker, work first row of Chart, place stitch marker, K10, changing yarn colors as required and always using two strands of yarn held simultaneously. Cont work in stockinette, keeping to Chart between two stitch markers.

At the same time, when Front measures 36 cm, change C to I and beg Shape Armholes.

Shape Armholes:

Cast off 6 sts at the beginning of the next two rows, 3 sts at the beginning of the next four rows, and dec 1 st on each end of the next three rows=58 sts. Work straight until Front measures 51 cm.

Shape Neckline on Next Row (RS):

K28, join another two strands of I held simultaneously, cast off 2 sts, K28. Dec 1 st at each side of Neckline on every WS row until Front measures 74 cm, and there are 18 sts on each side of Neckline.



CHART

Shape Shoulders:

Cast off 9 sts at the beginning of the next four rows.

Back:

As for Front, omitting instructions for Chart and Shape Neckline.

Shape Shoulders:

When Back measures 74 cm, cast off 9 sts at the beginning of the next four rows=22 sts. Change to 3.25 cm knitting needles.

Back Neckband:

Work remaining sts in 1x1 twisted rib, dec 1 st on each end of every WS row until 2.5 cms, end WS. Cast off loosely in rib.

Front Neckband:

From end to end of Neckline on RS of Front, pick up and knit 51 sts with 3.25 cm knitting needles and two strands of C held simultanously, place stitch marker, pick up and knit 1 st (center stitch), place stitch marker, pick up and knit 51 sts=103 sts.

Work in 1x1 twisted rib, dec 1 st on both sides of center stitch *on every row*, working center stitch in stockinette. At the same time, dec 1 st on each end of every WS row until 2.5 cm, end WS. Cast off loosely in rib.

Armhole Borders:

With RSs facing, seam Neckband using whipstitch, and seam Shoulders using backstitch.

Left Armhole Border:

From end to end of Armhole on RS, pick up and knit 186 sts with 3.25 cm knitting needles and two strands of I held simultaneously. Work in 1x1 twisted rib, dec 1 st on each end of every WS row, until 2.5 cm, end WS. Cast off loosely in rib.

Right Armhole Border:

As for Left Armhole Border.

Finishing:

With RSs facing, seam sides using backstitch.

ANG MAY-KATHA

Unang nagkamit ng pambansang gantimpala si TONY PEREZ sa edad na 12, nang ang lahok niyang watercolor painting na pinamagatang "The Vegetable Garden" ay hiranging second place sa isang nationwide children's art contest at Jaycee Art Exchange Project ng Manila Junior Chamber of Commerce, Commercial Bank and Trust Company at Far East Bank and Trust Company. Ilan sa mga naging guro niya sa visual arts sina Araceli Limcaco-Dans, Brenda Fajardo, Virginia Flor Agbayani at Ben-Hur Villanueva. Lagi siyang portrait artist sa sketch booth tuwing may campus fair ang Ateneo de Manila High School at Ateneo de Manila College of Arts and Sciences. Noong 1971, kinontrata siyang illustrator ng isang pribadong tagalathala para sa aklat na *Si Nena At Si Neneng* ng St. Paul Sisters. Pinagkaloob sa kaniya ng Department of Communications ng Ateneo de Manila University ang departmental medal noong pagtatapos ng 1972.

Si Tony Perez ay naging art therapist ng Good Shepherd Reception Center (1972), illustrator ng *Woman's Home Companion* (1976-1978, 1983-1984) at book designer/layout artist ng Ateneo de Manila Grade School (1989-1991). Tinanghal siyang isa sa Thirteen Artists of the Philippines ng Cultural Center of the Philippines noong 1972. Ang kaniyang fiber art exhibit na *Cubao after Dark* ay dinaos sa Pasilyo Victorio Edades ng Cultural Center of the Philippines noong 1991,

at ang kaniyang craypas exhibit na *Cubao Boyscapes* sa mezzanine ng Hiraya Art Gallery noong 1993. Nakasali ang kaniyang handknitted sweater na pinamagatang "Postcard from Mount Pinatubo" sa *Second Tokyo International Art Show*, Harumi, noong 1992, at ang kaniyang craypas drawing na pinamagatang "The Lover's Demise" sa *Art Manila 93 (Focus on AIDS)* ng National Commission for Culture and the Arts at ng Committee on Independent Commercial Galleries. Una itong tinanghal sa Philamlife Lobby, Manila, noong 1993.

Kasalukuyang senior lecturer si Tony Perez sa Department of Communications at Inter-disciplinary Studies Program ng Ateneo de Manila University. Ilan sa mga kursong tinuturo niya ang *Introduction to Graphic Design*, *Graphic Design for Advertising* at *Environmental Graphics*. May hawak siyang certificates sa *Publications Design and Production* mula sa Department of Journalism, University of Wisconsin, at *Fundamentals of Graphic Design* mula sa University of California at San Francisco.

May 38 taon nang naninirahan si Tony Perez sa Cubao, na sa kadalasa 'y lunan ng kaniyang mga nililikha. Nag-iisa siyang magulang sa kaniyang dalawang ampon na sina Nelson at Chito.

EROS, THANATOS, CUBAO

Mga Piling Katha

Tony Perez



BALIGTARIN ANG AKLAT PARA SA BAHAGING EROS

9 789711 901592

ISBN 971-19-0159-5

EROS, THANATOS, CUBAO

Mga Piling Katha

Tony Perez



BALIGTARIN ANG AKLAT PARA SA BAHAGING EROS

9 789711 901592

ISBN 971-19-0159-5

Eros, Thanatos, Cubao
Mga Piling Katha

Mga Aklat Ng Cubao

Cubao 1980 At Iba Pang Mga Katha
Unang Sigaw Ng Gay Liberation Movement
Sa Pilipinas

Cubao Pagkagat Ng Dilim
Mga Kuwentong Kababalaghan

Eros, Thanatos, Cubao
Mga Piling Katha

EROS, THANATOS, CUBAO

Mga Piling Katha

Tony Perez

Cacho Publishing House

Copyright © ni Nelson Miranda, 1994. Reserbado ang lahat ng karapatan. Hindi maaaring gamitin o kopyahin ang anumang bahagi ng aklat na ito sa anumang paraan nang walang nakasulat na pahintulot mula sa may-copyright o tagalathala.

Nilathala ng Cacho Publishing House, Inc., Union corner Pines Sts., 1501 Mandaluyong, MM. Maaaring tumawag sa 631-8361 o sa aming distributor, ang Anvil Publishing Inc. sa 633-6121.

Unang Paglimbag:

5 4 3 2 1

Larawan sa pabalat: "Anghel Sa Labahan". Kuha ni R. C. Sunico, 1993.

Dibuhong-Aklat: R.C. Sunico

I S B N : 971-19-0160-9 (Newsprint)
971-19-0159-5 (Bookpaper)

Kina Zoilo Mendoza Perez
at
Hortencia Zamora Silva
ang aking mga magulang

Ikaw ay taong-Thanatos:

Kung hanap mo 'y kariktan ng hiwaga at paghamon sa panganib at pakikipagsapalaran.

Kung hilig mong magdiwang ng Kuwaresma at ng Halloween at ng Todos los santos at ng mga mardi gras. Kung naaakit ka ng katleya at liryo at dama de noche, ng onis at granate, ng pelus at gamusa at brokada, ng mga nobelang ditektib at horror, ng hard rock, ng boxing at wrestling, ng ingay ng barkada. Kung nalilibang ka ng mga ronda at rambol at ghost-hunting at mountain-climbing at karera, ng jigsaw puzzles at mga karnabal, ng antiques at mga sandata at mga motorsiklo at mga sasakyang mabibilis, ng mga night club at beer garden at bar. Kung kinatutuwa mo ang itim at abuhin at pilak, ang malalaking Doberman at mga pusang itim. Kung paborito mo si Pablo Picasso at si Batman at si Santa Juana at si Nardong Putik at si Maria Makiling at si Dyesebel.

Kung ibig mong tanawin ay ilang na lugar, kabilugan ng buwan, kagubatan, kulog at kidlat at bagyo at ulan. Kung nakakikita ka ng natatanging kagandahan sa peligro at sa kabaliwan.

Ikaw ay taong-Thanatos.

Mga Nilalaman

Ikaw Ay Taong-Thanatos vii

Pambungad Sa Thanatos ix

Sa Libingan Ng Isang Bata 1

Pork Empanada 5

Walang Duda 20

Diego Silangcruz 21

Metamorposis 33

Ang Pasko Ay Sumapit 34

P. Paulino Frito, S.J. 53

Pagkamulat 80

Pagtatapat 81

ibaG 86

Tularan Sa Pagbuo Ng Isang Handknitted Chaleco
Cubao Thanatos 89

Pambungad Sa Thanatos

Alam na natin ang alamat ni Oidipous. Na noong kapapanganak niya'y may humula na papatayin niya ang kanyang ama at pakakasalan ang kanyang ina. Na inutusan ang isang pastol na itapon ang sanggol sa kagubatan upang kainin ng mga hayup at huwag nang matupad ang hula. Na naawa ang pastol . . .

Nagbabagongtao na si Oidipous noong sa kanyang paglalakbay ay nakasagupa niya ang isang matanda. Sa pagtatanggol sa sarili'y napatay niya. Narating siya sa Thebas. Kabibiyuda pa lamang ng reyna at inaapi ang bayan ng isang mambubugtong. Nalutas ni Oidipous ang bugtong at inangkin siyang hari at asawa ng biyudang reyna. Nagkaanak sila. Walang nakapuna na sa lahat nito'y natutupad ang hulang binigkas noong kapapanganak ni Oidipous.

Nagkaroon ng malubhang peste sa Thebas. Sa masusi at namimilipit na paghahanap ay natuklasan ni Oidipous ang sanhi. Ang kanyang kalaswaan. Sa matinding pagmumuhi sa sarili'y dinukot niya ang sariling mata. Gagalagala siyang bulag. Inaakay ng kanyang anak na babae na sabay kapatid.

Ayon sa dramang tula ni Sophokles ay mahabang panahon na gagalagala sila hanggang isang araw ay dumating sila sa Kolonos. Ang nakikita ng mga taga-Kolonos ay isang matandang gigiray-giray sa kanyang paghahagihagilap; matandang pasan-pasan pa ang kanyang mga nakaraang kalaswaan. Iba-iba naman ang mga nakikita ni Oidipous. Halimbawa, nakikita niya na dumarating na ang kanyang thanatos.

Thanatos. Kamatayan. Paglunod sa dilim. Papaanong malulunod sa dilim ang isang bulag?

Sa kanyang malaon na pamumuhay sa dilim ay marami siyang nakikita. Nakikita niya na lahat ng mga naganap na kalaswaan ay hindi niya alam, hindi niya sinasadaya. Na lahat nito ay tanda ng tadhana. Na lahat nito ay paghipo sa kanya ng banal. Sa kadiliman ay nakikita niya na hindi niya alam kung ano pero alam niyang dakila ang mga pangyayari.

Bumaba si Oidipous sa bangin. Ang hari lamang ng Kolonos ang nakakita sa kanyang paglisan. Ang mga lumingon mula sa malayo ay nakita na parang nasilaw ang hari at sinasamba niya ang lupa at langit. Ang mga lumingon ay nakakita ng liwanag at hindi na muling nakita si Oidipous.

Thanatos. Banal. Kabulagan. Pagtingin.

Matanda na si Oidipous noong matauhan siya. Ngunit maaring mangyari na natatauhan na ang mga bata. Sina Bototoy at Nining. Ang nakikita ng mga de-kotseng umaalimpuyo sa Katipunan ay dalawang batang nanggugulo sa kanilang sosyal na istilo ng buhay . . . ang nakikita ng weytres sa bintanang aluminyum ay dalawang batang nakakainis pero mabuti't kaya niyang lokohin, pagbilhan ng pork empanadang panis. Ngunit bulag sa lahat niyan sina Bototoy at Nining kayat nakikita nila ang totoo at tunay. Nakikita nila na bagong bihis sila at kayganda ng kanilang gayak. Kaytuwa nila sa kanilang pagkakapatid. Kaygaling ni Bototoy sa pagwawatsyorkar. Kayganda ni Nining sa kanyang bertdey. Kaysarap ng pork empanada. "Naupo silang magkasiping, nagngingitian, naghahagikgikan at nanggigigil sa tuwa."

Roque J. Ferriols, S.J.
Quezon City
Disyembre 1993

SA LIBINGAN NG ISANG BATA

(para kay Ninio Wy)

Huwag kang mababahala —
ako 'y nagdaraan lang

Hapong tumigil sa lansangan,

nalihis,
natagpuan

dito, sa lilim,
ang iyong himlayan.

Nakapagtataka

Inagnas ng mga taon
ang ngalan mo
sa lapida

— sinilang tayo, namatay ka

nanatiling bata

at ako 'y naging binata,

nanaig,

naglakbay,
hanap ay mutya ng buhay.

Inaruga ako ng pag-ibig
ngunit pinaslang ng pag-ibig din

kayat ako man ay namatay,

oo,
nakapagtataka.

Ikaw,

paano kang namatay?

Sa pag-ibig din ba?
Sa labis na galak?
Sa labis na lumbay?

Sino sa 'tin

ang wala nang buhay,
sino 'ng di patay?

Ikaw, bata
ang ama kapatid anak
na sana 'y naging akin

ngunit di magiging
akin
kailanman.

Ikaw ang bunga

ng bawat kong pagkakasala 't
bawat pagkukulang

bawat nasakta 't iniwan,
di inibig,

di man lang

Nginitian,

silang lahat na naluoy ngunit di ko
nilingon at tiningnan

tanang nagsukat ng libingan,
ngunit di ko narinig

Nang magpaalam.

Ikaw
ang pagkabata kong
di ko na pagkabata,

ang maaaring kahapon,
ang magiging nakaraan

ang sakali at ang sana,
ang siguro 't di sigurado

ang nilakbay,
ang lalakbayin,

ang matatagpuan,

ang di tatagpuin,

Ang yumaong haharapin

sa bawat sirang laruan,
sa bawat basag na salamin

sa pangarap ng liwanag,
sa alaala ng dilim.

Pumanaw ka

upang ako 'y
magsisi 't
manghinayang

kundi 'y ikaw ang binata
at ako ang

nariyan.

1993

PORK EMPANADA

(Para kay Jocelyn Buenafe)

Madalas ka ba sa Katipunan?

Siguro 'y nakita mo na ang Frankie's Steaks and Burgers, sa tabi ng bagong Cravings, malapit sa Lily of the Valley Beauty & Grooming Salon. Kung nakita mo na iyon, nakita mo na rin siguro si Bototoy.

Lunes hanggang Sabado, inaakyat ni Bototoy ang liku-likong landas mula Barangka hanggang service gate sa likod ng Ateneo Grade School, kasama ng tatay niyang maintenance engineer sa paaralan at ng mga kalaro niyang sina Nono, Itoc at Radny. Karamihan sa mga batang umaakyat doo 'y humihimpil sa malawak na covered court ng College, sa tabi ng Our School, malapit sa Observatory, kung saan sila nag-aabang ng magba-badminton at tennis na tatawag ng pulot boy. Si Bototoy naman ay hindi humihimpil doon. Lalakarin niya ang malayu-layo pang Gate 2, at doon ay tatawid siya sa Katipunan, upang maupo sa sementadong island sa harap ng Frankie's Steaks and Burgers.

Natatandaan mo ba siya?

Anim na taong gulang si Bototoy. Ahit ang kaniyang ulo maliban sa tumpok na buhok sa ibabaw ng kaniyang noo. Mabilog at masigla ang kaniyang mga mata. Mabilog din ang kaniyang mga pisngi, lagi siyang nakangiti, at mayroon siyang mga ngiping-kuneho. Suot-suot niya 'y kamiseta 't shorts at sandals na Happy Feet na laging kupas at maluwang, pagkat pinaglakhan ng kaniyang mga kapatid.

Maliit si Bototoy, kayat di siya humihimpil sa covered court. Doon ay lagi siyang nauunahan sa pagpulot ng bola nina Nono at Itoc at Radny at iba pang batang Barangkang higit na maliksi at higit na malaki sa kaniya. Kaya nga 't isang araw ay napadpad siya sa harap ng Frankie's Steaks and Burgers, at doon ay nagkusa siyang mag-watch-your-car. Kaniyang-kaniya ang lugar na iyon, pagkat ang ibang bata 'y nasa harap ng Shakey's at ng Jollibee at ng McDonald's at ng Kentucky's, sa iba pang mga bahagi ng Katipunan, kung saan marami at sunud-sunod ang pumaparadang sasakyan. Bagamat mangilan-ngilan nga lamang ang tumitigil sa harap ng Frankie's ay kuntento na si Bototoy — kahit kung minsan ay hindi siya inaabutan ng kahit singko, at kung minsan ay hindi siya pinapansin, at kung minsan ay binubulyawan pa siya ng may-ari ng sasakyan. Kung mahina ang raket ay magdamag siyang nauupo sa sementadong island sa harap ng Steaks and Burgers, na parihaba niyang trono, maalikabok tuwing tag-init at tuwing tag-ulan ay maputik.

Ngayon — naaala'la mo na ba siya?

Labing-isa ang kapatid ni Bototoy — ang apat na panganay ay nagsipag-asawa 't mayroon nang pamilya. Ang sumunod pang apat ay nagtapos ng hay iskul at kasalukuyang iginagapang ang pag-aaral ng tatay nilang maintenance engineer at ng nanay nilang hilot. Ang sumunod na dalawa 'y nasa elementari pa. Si Bototoy at ang bunsong si Nining ay pinagpasiyahang huwag munang pag-aralin, pagkat libre man ang matrikula 'y sakit ng ulo ang pambili ng gamit at kasangkapan sa mga prodyek.

Paboritong kapatid ni Bototoy si Nining. Tuwing papanaog sa Barangkang kasa-kasama ng tatay at mga kalaro, bago umuwi 'y nagdaraan siya sa tindahan ni Aling Rory: sa gaano mang kaliit na kinita sa pagwa-watch-your-car ay ibinibili niya ang bunso ng kahit na anong munting pasalubong: isang supot na Oishi o Ding Dong o Tomi, o dalawang balot na Choc-Nut o Krispy Bar o Cloud 9, o tatlong pirasong White Rabbit o Snow Bear o Judge. Saka lamang siya papasok at susuot sa pasikut-sikot na looban, tungo sa kanilang tinitirhan. Sa may-poso pa lamang ay tanaw na niya ang malinggit na si Nining, nakaupo sa may-pintuan, naghihintay, nakadamit at sandals na Happy Feet na kupas at maluwang din, ang mga mata 'y mabilog at masigla rin, ang mga pisngi 'y ma-bilog din. Nakangiti. At tulad niya 'y mayroong mga ngiping-kuneho.

Pagkatapos maghapunan ng patis at kangkong, o kung minsa 'y bagoong, sina Bototoy at Nining ay tumutulong sa nanay sa pagtitiklop ng sinampay, pagkatapos ay nakikipanood ng telebisyon sa kapitbahay na sina Aling Mela. Bago mag-alas-otso 'y pinapapânhik na sila, kayat naglalaro 't nag-huhuntahan na lamang sa magkabila ng maliit nilang kahon ng mga laruang plastik.

"Bukas, Kuya, ano' 'uuwi mo?" laging tanong ni Nining.

"'Di ko sasabihin, sorpresa," lagi na-mang sagot ni Bototoy.

"Marami' klase' kendi?"

"Maraming-marami. 'Pag marami' 'ko' makuha' pera, mas marami' 'ko' mabibili."

"Kuya, sa'n ka ku'kuha' pera?"

"Sa Katipunan. Do'n ako nagtatrabaho."

"Do'n sa trabaho ng Tatay?"

"Hindi, mas malayo pa. Tatawid ka pa. Mi'san, kung gusto mo, 'sasama kita."

"Gusto ko, Kuya."

At tulad ng dati, magbibida si Bototoy tungkol sa kaniyang pagwa-watch-your-car sa harap ng Frankie's. Tungkol sa mga taong nagagawi roon. Tungkol sa kanilang mga

kasuotan. Tungkol sa kanilang mga sasakyan. Tungkol sa minsa 'y nag-abot sa kaniya ng limang piso.

Si Nining ay mangangarap ng kendi at damit at laruan. At si Bototoy naman ay mangangarap ng pagbabantay ng pagkaramiraming sasakyan, sa harap ng Frankie's Steaks and Burgers, sa Katipunan.

Madalas ka ba roon?

Siguro 'y narinig mong tunay na masarap ang pagkain doon. Taga-Mabalacat ang may-ari at ubod ng linamnam ang kaniyang tenderloin at t-bone at spare ribs at Hawaiian at Salisbury at a la pobre at beef teriyaki at tocino at skinless at tapa at arroz a la Cubana, na laging hanap-hanap ng nagsisidayo roon. Maliit at makitid ang puwesto, ngunit malinis at naka-air-con. Nakagigiliw sa paningin ang mga ilaw na pendiyente sa ibabaw ng mga mesa, at laging may masayang tugtugin. Sa tabi ng kaha, may lata-latang turrones de cąsuy at basket-basket na petit fortunes at garagarapong yemas at balot-balot na espasol at bote-botelyang garlic peanuts.

Pero iisa ang pambato ng Frankie's Steaks and Burgers — di lamang sa mga regular na parokyano kundi sa lahat ng nagsisidaan, pagkat sa tabi ng pintuang salamin ay may aluminyum na bintanang pan-take-home, at sa ilalim ng bintana 'y may makulay na paskil na tinitikan ng pentel pen na pula at asul sa isang parisukat na pirasong dilaw na kartolina:

FRANKIE'S ESPECIAL
PORK EMPANADA
P10.50

Nakakain ka na ba ng pork empanadang iyon?

Uma-umaga, tangha-tanghali 't hapon-hapon, di iilan ang nagsadya sa Katipunan at tumigil sa harap ng Frankie's at kumatok sa bintana at nag-order ng pork empanadang iyon: isa-isa, dose-dosena, grosa-grosa — pambaon, pangmeryenda, panregalo, panghain sa bisita. Di rin iilan ang nag-order at doon mismo kumain, kung hindi sa tapat ng bintana 'y sa harap o gilid ng munting restawran, at kung hindi sa harap o gilid noon ay sa nakatigil nilang sasakyan. Lagi silang pinanonood ni Bototoy, nakatuntong sa sementadong island, tahimik at nag-iisa.

Minsa 'y isang binata at isang dalaga ang nagparada ng Galant, at nag-order ng pork empanada at Coke, at doon nagpalamig sa loob ng sasakyan.

"Bos, watsyorkar," magalang na mungkahi ni Bototoy, na winalang-bahala lamang ng dalawa, palibhasang may masayang biro silang pinagtatawanan. Muling naupo si Bototoy sa sementadong island. Pagkat bukas ang bintana ng Galant, dinig ni Bototoy ang kanilang usapan habang sila 'y kumakain, maging sa kaniyang kinauupan:

"I always buy this, it's so 'sarap," sabi ng dalaga.

"'Galing the crust," sabi ng binata.

"Yeah, it's so manipis and it's so malutong, 'di ba?"

"When you bite it, it's like manamis-namis."

"This one's really, really, really my Tita's favorite. She'll go out and make lakad just to buy. It has giniling with no taba, and bacon bits, and chips, and raisins, and water chestnuts, and chopped onions and carrots, and grated cheese. So diff'rent from the commercial ones you buy in other places, how harang, it's all potatoes and it's so maalat and it tastes like flour."

Matapos magmirindal ay hinagis nila sa labas ang mga basyong plastik, na matapos inuma 'y kinuyumos muna 't pinilasan, at ang mga pirasong wax paper na pinagbalutan ng empanada, at ang maninipis na sorbelyeta.

Sabi ni Bototoy sa kaniyang sarili, "'Pag yumaman ako, kakain ako no'n."

Pinagmasdan niya ang dilaw na paskil, at ang aluminyum na bintana, at ang weytres na naroo 't nag-aayos ng bunton-buntong pork empanadang nangakabalot ng wax paper sa mga plastik na bandeha.

Sinuksok ni Bototoy ang isa niyang kamay sa kaliwang bulsa ng maluwang niyang shorts: doo 'y may dalawang beinte-singkong bagol. Sinuksok ang kabila sa kanang bulsa: isang diyes, tatlong singko, dalawang mamera. Matagal-tagal pa, at marami pang sasakyang babantayan, bago siya makabili ng kahit isang pork empanada. Kung sana 'y malaki-laki lamang siya, nang makapag-pulot-boy sa covered court, o kaya 'y makapangagaw ng iwa-watch-your-car sa harap ng Shakey's at ng Jollibee at ng McDonald's at ng Kentucky's!

Sa kauna-unahang pagkakataon sa bubot niyang buhay, naisipan ni Bototoy ang magipon at magbadyet.

Nahuli ng weytres sa loob ng aluminyum na bintana ang kaniyang tingin. Umismid ito, at inis na sumenyas na siya 'y lumayo-layo. Sinara ng weytres ang bintana. Muling naupo si Bototoy sa sementadong island, at tahimik na umasang magsidating na ang magsisiparadang sasakyan.

Tatlong piso at kuwarenta sentimos lamang ang kinita niya sa buong maghapon. Nang sunduin niya ang tatay niya sa Maintenance Department ay tahimik siya 't malayo ang tingin. Kagyat na naisip ng tatay niya 't mga kalaro kung siya 'y nadapuan ng sakit, ngunit dahilan niya 'y napagod lamang siya sa kawa-watch-your-car sa harap ng Frankie's.

Sa tindahan ni Aling Rory 'y matagal niyang pinagmunimunihan ang ipapasalubong sa bunsong kapatid. Nakuntento siyang bumili ng isang balot na ruweda. May dalawang piso 't labimpitong sentimo siyang natitira — imbes ibili ng lastiko o holen o teks o ihulog sa alkansiya ng nanay ay maitatabi niya. Bilang simula ng kaniyang pag-iipon.

Noong gabing iyon, bago ganap na makatulog ay nanagimpan siya ng masarap na buhay na walang takot at walang pagod at walang sakit at walang kakulangan sa pera at walang problema, at sa pinilakang tabing ng kaniyang diwa 'y kasama niya si Nining, at sila 'y nagbibiruan, at sila 'y nakasakay sa isang (maliit, mangyari 'y panagimpang-bata) Galant, at sila 'y nagparada sa harap ng Frankie's, at sila 'y nag-order ng pork empanada at Coke, at doon sila nagpalamig sa loob ng sasakyan.

Pagdilat niya 'y maliwanag na sa labas, at yinuyugyog siya sa balikat ng tatay niya.

"'Toy — sasama ka ba?" dinig niyang bulong ng tatay niya.

"Opo," tugon niya, bagamat talos niya na sa umagang iyon ay manghuhuli sina Nono at Itoc at Radny ng alupihang-dagat sa San Roque, at noong makalawa lamang ay naghanap siya ng malinis na basyo ng Ligong paglalagyan, at nagpaalam siya sa nanay.

Dalawang piso lamang ang kinita niya noong araw na iyon, kayat sa tindahan ni Aling Rory 'y higit pa siyang nagmunimuni

bago nagpasiyang bumili ng apat na pirasong Tootsie Roll, na siyang pinasalubong niya kay Nining. Ang basyo ng Ligong ginawa niyang sisidlan ng sinsilyo 'y kaniyang nadagdagan — nang kaunti lamang, gayunpama 'y nadagdagan. Inalog niya iyon at pinagmasdan. At inisip na sa loob ng sanlinggo 'y maaaring mangalahati na ang laman niyon. At inisip din na sa loob ng isang buwan ay makabibili na siya ng pork empanada. At muli niyang inalog at pinagmasdan.

"Nag-iipon ako, Nining," pagtatapat niya sa bunsong kapatid, bago niya ibinaon ang basyo sa ilalim ng maliit nilang kahon ng mga plastik na laruan. "'Pag marami na 'ko' pera, bibili tayo' empanada. Masarap iyon."

"Parang litson, Kuya?" usisa ni Nining.

"Mas masarap. Mayayaman ang kumakain no'n."

"Sa bertdey ko, Kuya?" usisang muli.

"Oo. 'Pag marami na 'ko' pera. Kakain tayo do'n."

At sandaling nagliwanag sa isip ni Nining ang larawan ng sari-saring maririkit na kainan, na madalas nilang matanaw ng nanay mula sa mga dyipni at bus na kanilang nasasakyan.

Tulad ng maraming kainan sa Katipunan, hindi ba?

Tulad ng mga kainan doon na hinihimpilan ng mga batang watch-your-car. Sa harap ng Shakey's, at ng Jollibee, at ng McDonald's, at ng Kentucky's, at ng Frankie's Steaks and Burgers.

At isa si Bototoy sa mga batang iyon, kayat siguro 'y nakita mo na siya.

Pagkat kinabukasa 'y naroroon na naman si Bototoy, naghihintay at nagbabantay. Uma-umaga, tangha-tanghali, hapon-hapon. Nakilala niya ang mukha ng pagtitiyaga at ng pagtitiis, at ng pagsisikap, at ng pag-aasam, at ng pagbabakasakali. Ng ginhawa ng pagpanhik sa bahay na may bulsang puno ng sinsilyong kumakalansing. Ng lungkot ng pagkaalat, ng paghiga sa banig na malakas ang pagnanasang makabawi kinabukasan. At kinabukasan pa. At kinabukasan na naman. At kinabukasang muli.

Datapuwat sa pagdaan ng mga araw, ang sisidlang basyo ng Ligo 'y nangalahati rin, at dumami ang nilalaman. Nang bilangin ni Bototoy ang sinsilyo 'y umabot na sa beinte-uno, at maibibili na niya ng pork empanada para sa kanilang dalawa ng bunsong kapatid.

"Bukas tayo bibili," malapad na ngiti ni Bototoy. Naghagikgikan sila at nanggigil sa tuwa, at nagsilitaw ang kanilang mga ngipin-kuneho.

Madaling-araw pa lamang ay gising na gising na ang magkapatid. Nagbihis si Nining ng kaisa-isa niyang barong panlakad — kulay-

koton kendi at may kuwelyong may-palibot na kulay-sapin-sapin at malaking lasong kulay-koton kendi rin — na binibihisan lamang tuwing may binyag o kasal o pistang-bayan o simbang gabi o dalaw-aginaldo. Nagpulbos siya 't nagsuot ng hikaw niyang plastik at hugis-bituin. Si Bototoy naman, pagkat walang sariling maayos na panlakad ay nagsuot pa rin ng maluwang niyang shorts, at ng kamisetang may dibuhong kupas na oso at mga titik na "so happy summer day be many friends", na hiram sa nakatatandang kapatid.

"Papasyál ang dalawa, ha," biro ng nanay nang sila 'y paalis na.

"'Be-bertdey parti kami ni Kuya," masayang bitiw ni Nining, at humawak siya nang mahigpit sa kamay ni Bototoy.

Inakyat nila ang liku-likong landas mula Barangka hanggang service gate sa likod ng paaralan, kasama ng tatay nila at nina Nono, Itoc at Radny. Nagdaan sila sa covered court, at nilakad ang malayu-layo pang Gate 2, at doon ay tumawid sila sa Katipunan, patungong Frankie's Steaks and Burgers.

Samantala 'y malihis muna tayo.

Kung madalas ka nga sa Katipunan, at kung nakita mo na nga ang Frankie's Steaks and Burgers, at kung nakakain ka na nga ng Frankie's Especial Pork Empanada, nakita mo na rin siguro ang weytres na madalas matoka sa aluminyum na bintana roon.

Noong umagang iyon ay muling gumising nang may toyo sa utak ang weytres. Noong kasing nakaraang linggo at nagsara sila ng kainan, nang magbilangan ng pera 'y natuklasang kulang ng beinte-uno ang kabuuang bayad sa empanada. Sinabunan ng may-ari ang weytres sa pagiging burara, at pinaghinalaan pang nangupit ng dalawang empanada. Bagamat di siya inawasan ng sahod, labis na dinamdam ng weytres ang pangyayaring iyon. Totoo ngang siya 'y burara — bukod sa suplada at masungit at laging nakaismid — ngunit sa pangungupit ng empanada 'y wala siyang kasalanan.

Noong umagang iyon, nang ipasok ng nagdedeliber ang mga kahon ng sariwang empanada, isa-isa yaong binuklat ng weytres, at ang nilalaman ay maingat niyang binilang. Inayos niyang bunton-bunton sa mga plastik na bandeha. Dinala 't pinatong sa pasemano ng aluminyum na bintana. At hinugot ang drower sa ilalim ng bintana, upang ilabas ang librito ng mga resibong puti at rosas at pirasong carbon paper at bolpen na matagal nang nawawala ang takip (at bunga ng kaniyang pagiging burara).

Noong umagang iyon — bago dumating sina Bototoy at Nining — ang nalalabing mga resibong puti sa librito 'y naubos. Muling hinugot ng weytres ang drower sa ilalim ng bintana — sa sulok kasi niyon ay may nakasalansang mga buong librito. Kinapa niya ang loob ng drower. Nang humila siya ng librito, dalawang empanada ang nasagi ng kaniyang kamay. Nangakabalot pa ng wax paper, ngunit

papanis na — noong nakaraang linggo 'y nahulog sa drower at natulak sa loob (na bunga rin ng kaniyang pagiging burara).

Nakaramdam ng inis ang weytres. Naalaala niya ang masasakit na salitang bitiw ng may-ari ng kainan, at ang paghihinala nitong nangupit siya ng empanada. Nakaramdam din siya ng itim na galak — galak ng paghihiganti, at galak ng pagwawagi.

Napaisip ang weytres. Hawak-hawak niya ang mga empanada sa kaniyang mga kamay: parang dalawang shoulder pads ng blusang dapat niyang tubusin sa mananahi mamayang gabi. Parang dalawang malalaking kwei, mga pulang kahoy na pinahagis sa kaniya sa templong Tsino, minsang samahan siya ng kaibigan upang magpahula ng magandang hanapbuhay.

Nang sandaling iyon ay may kumatok sa aluminyum na bintana, at pagsungaw ng weytres ay may dalawang maliit na batang naroroon, nakatingala sa kaniya, mabibilog at masisigla ang mga mata, mabibilog din ang mga pisngi, nakangiti, at may mga ngiping-kuneho.

"Pabili po ng dalawa' empanada," bati ng batang lalaki.

At bilang kaganapan ng itim niyang galak ay kinuha ng weytres ang beinte-unong abot-abot ng bata, at iyon ay lihim niyang binulsa, at iniabot naman niya ang dalawang lumang empanada.

"'Upo tayo, Nining," ngiti ni Bototoy, dala-dala ang kanilang kakanin. Upang di marumhan ang damit ng kapatid ay pinagpagan niya ng alikabok ang isang bahagi ng sementadong island. Naupo silang magkasiping, nagngingitian, naghahagikgikan at nanggigigil sa tuwa.

"Dito 'ko nagtatrabaho," pagmamalaki ni Bototoy, at pinagmasdan ni Nining nang buong pagmamangha ang kanilang kapaligiran.

Maingat nilang binuklat ang wax paper, at masayang tiningnan ang mga empanada, at masaya yaong sinubo, at kinain nang marahan upang namnamin ang lasa 't di nila agad maubos.

"Kaka'nin mo' balat, Nining, kasi, malutong," bilin ni Bototoy.

"Masarap, Kuya."

"Masarap."

Sa Katipunan, patuloy na nagdaan ang mga sasakyan, mabilis at mabagal, na pinanood nila habang masayang nagkukuwentuhan.

Sa ating paligid, patuloy na uminog ang buong mundo.

1993

WALANG DUDA

(Para kay Gloria Goloy)

Kung tutuusin,
Heto ang katibayan:
Ang katunayan kasi niyan,
Katotohanan lang.

Tama!
Siyanga!
Oo nga naman,
Hindi ba?

Talagang-talaga!
Kol!
Peks man,
Mamatay na.

Siguradong tumpak,
Walang paltos, tiyak —
Oks na oks, patok,
At bentang-benta!

Basta ikaw,
Sinabi mo,
Geym,
Aprub

— Sige na
Nga!

1992

DIEGO SILANGCRUZ

(Para kay Nic Tiongson)

Sa service entrance ng department store ay di siya papasukin ng guwardiya: wala na siyang I.D., at wala na ring time card na dati 'y nakasuksok sa ikalawang hanay ng bulsa-bulsang lata ng kalawanging bundy clock.

Pinaliwanag niya sa guwardiya na hinihintay siya ng personnel manager na si Mister Francia. "Hintay ka, brad," utos ng guwardiya. Dumayal sa telepono ng isang numero, pagkatapos ay dumayal sa telepono ng isa pang numero, at makalipas ang ilang minuto 'y pinatuloy rin siya: pinalagda sa log book ng ngalan at oras at layon ng pakikipagkita.

Sumakay siya sa elevator tungo sa ikatlong palapag. Tumuloy sa makitid na pasilyo na sa bungad ay may karatulang "Personnel Management and Services Division". Bawat nasalubong doo 'y umiwas sa tingin niya nang mamukhaan siya, o kaya 'y tumango lamang, o kaya 'y nagpahatid ng hiwatig lamang ng alanganing ngiti. Tumigil siya sa harap ng mesa ng sekretaryang si Letty Laygo.

"Sandali," ismid ni Letty Laygo. Bumangon at kumatok sa pintong salamin. Sumandal sa hamba, wari 'y sinagot ang ilang katanungan ng sinumang nasa loob ng silid na iyon. Tumingin sa kaniya, nakaismid pa rin. Sumenyas, upang lumapit na sa pintua 't tumuloy.

Kakaba-kaba siyang nagdaan sa mga nangakahilerang mesa. Abala man sa kani-kanilang gawain ang mga empleyadong naroroo 'y biglang tumahimik sa buong paligid: animo 'y napatda ang lahat, maging ang mga muwebles at gamit, sa kaniyang pagbabalik.

"'Upo ka nga diyan, 'Cruz," utos ni Mister Francia.

Sandali siyang bumaling sa pinto upang ito 'y isara, ngunit pinigil siya ni Mister Francia. "Iwan mo lang 'bukas iyan."

Sumandal sa upuan si Mister Francia. Nagpaduyan-duyan sa kaniyang upuan, waring may iba 't ibang sinasaisip, bago siya muling kinausap.

"Ba't gusto mo daw ako' makausap — ano pa ba 'ng sasabihin mo?"

Tinanong niya kung ang kaso niya 'y magagawan kaya ng anumang paraan, at kung siya 'y mabibigyan ng isa pang pagkakataong mamasukan.

"Mabigat iyang ginawa n'yo, 'Cruz," iling ni Mister Francia, at ang tinig niya 'y may himig

ng kalupitan. "Vice-president ka — nakaka-intindi ka dapat ng posisyon ng management. Sino 'ng kinampihan mo?

"Sinabihan na kayo, minemo na kayo, pinatawag ko kayo, tinapatan ko kayo, pero ano 'ng ginawa n'yo? Matigas ang ulo n'yo. 'Buti kung kayo-kayo lang — an' dami n'yo pang dinamay. O — iyang mga tagasunod n'yo, iyang mga kasama n'yong naglatag ng trapal sa bangketa — 'asa'n sila? Tagasunod n'yo pa ba? Kasama n'yo pa ba? 'Ala na — 'tapos ng lahat, kaniya-kaniya na.

"Malabo 'ng kaso n'yo, 'Cruz. Pati Sales, naapektuhan.

"Liksiyon n'yo iyan. Dapat, madala na kayo. (Malakas ang tinig:) Putang-ina-hindot (Malumanay ang tinig:) ano ba' akala mo, wala na kami' ginawa rito kun' 'di mag-isip ng pang-aapi sa inyo? (Malakas ang tinig:) Putang-ina-hindot (Malumanay ang tinig:) negosyo 'to. Nag-apply ka, tinanggap ka, kaya ka binabayaran, para magtrabaho. Kaya ka nagtatrabaho, para umasenso 'ng kumpanya. (Malakas ang tinig:) Putang-ina-hindot (Malumanay ang tinig:) pa'no ka' aasenso kun' 'di muna aasenso 'ng kumpanya? (Malakas ang tinig:) Putang-ina-hindot, (Malumanay ang tinig:) 'Cruz. Ano ba' akala mo, akala mo ba, an' trabaho rito, labanan ng matataas at mababaha? (Malakas ang tinig:) Putang-ina-hindot, (Malumanay ang tinig:) 'Cruz. Hindi gano'n' kasimple 'ng buhay.

"'Asa'n ka ngayon? 'Asan ngayon' lahat ng dinamay mo? (Malakas ang tinig:) Putang-ina-hindot, (Malumanay ang tinig:) 'Cruz."

Umiling si Mister Francia. "Me severance ka ro'n sa accounting — pati iyon, pinaglaban ko pa. Kunin mo na iyon. Iyong kontrata mo — wala na iyon."

Nagpatuloy ang katahimikan sa paligid nang lumabas siya sa silid. Nagtungo siyang muli sa pasilyo, at mula roo 'y sa Accounting Division, sa ibang bahagi ng gusali ngunit sa palapag ding iyon. Pumila siya sa pay window: sampu ng mga vendor sa kanilang takdang araw ng koleksiyon, ng mga kubrador, ng mga iskab at taga-relyebong ngayon lamang makatatanggap ng pay envelope, ng mga empleyadong nakaipon ng overtime, ng mga casual na pinagkalooban ng differential.

"Pangalan?" tanong ng disburser, nang sa wakas ay lumapit siya sa pay window.

Binigkas niya ang buong pangalan niya.

Naghanap ang disburser sa salansan niyang current, pagkatapos ay naghanap sa isang makapal na folder, pagkatapos ay naghanap sa isa pang makapal na folder, pagkatapos ay tumayo at umalis at nawala.

Tumikhim at pumalatak ang limang taong nangakapila na sa kaniyang likuran. Nangalisag ang kaniyang mga balahibo: sa batok muna, pagkatapos ay sa mga braso, pagkatapos ay sa buo niyang katawan.

Nakaramdam siya ng init at sinimulan siyang pagpawisan nang tagak-tagak.

Nang magbalik ang disburser, ang sabi nito sa kaniya: "Hindi pa reydi. Dalawa pa 'ng pipirma. B'alik na lang, neks wik."

Bumiling siya 't lumayo sa window at lumabas ng silid at naglakad sa pasilyo at nagtungo sa elevator. Sumakay siyang pababa sa unang palapag, pinangangalisagan ng balahibo 't pinang-iinita 't pinagpapawisan. Nilampasan niya ang guwardiya at tumuloy siya sa daan.

Paglabas niya sa kalsada, pakiramdam niya 'y labis na lumawak ang kapaligiran: daa 'y higit na malapad, gusali 'y matayog, tao 'y makapal, tunog sa himpapawid ay malakas, at siya 'y kayliit na nilalang lamang, kung mawala 'y di hahanapin, kung masakta 'y di dadaluhungin, kung mamatay ay di titigilan ng paginog ng mundo. Naglakad siya: siniko 't tinabig ng bawat kasalubong sa mga lansangan.

Nakipagsiksikan siya sa nagdagsaang tao. Sumampa sa isang bus tungo sa Guadalupe Viejo. Sumabit sa estribo: sapak sa pasahero ang sasakyan. Sumuot nang paakyat sa loob ng bus, at doon naglambitin sa pagitan ng mga upuan, sakop-sakop ng anghit at asim ng pawis at usok-sigarilyo at hiningang amoy-imburnal.

Bandang Ortigas ay nagpapara at tumayo ang binata sa gilid ng upuang katabi niya. Pag-alis ng binata 'y naghanda siyang

maupo sa nabakanteng lugar, ngunit tinabig siya ng matabang lalaking nakalambitin sa kaniyang likuran, at siya 'y inunahan. Nanatili siyang nakatayo sa sumunod na pagbubuhol ng trapik at pag-usad ng sasakyan sa daan. Makalipas ang kalahating oras, ngalay na ngalay na ang kaniyang mga balikat at braso at kamay.

Sa kanto ng crossing ay marahang tumabi ang bus, at ilan ang umawas. Nakatagpo rin siya ng upuan: sa bahaging ibabaw ng gulong ng sasakyan, kayat mataas ang tapakan; minitig ang kaniyang mga alak-alakan.

Doon siya nilapitan ng konduktor upang pagpilasan ng tiket. Inabot niya ang limang piso, at naghintay siya ng sukli: nang ibigay sa kaniya ng konduktor ay kulang ng beinte-singko. Sinutsutan niya ang konduktor at hiningan ng karagdagan. Ang sabi ng konduktor: "Tama iyan, brad. Ganyan ang bayad, galing Cubao." Nangatuwiran siya: may anim na taon na niyang binabagtas ang rotang iyon, at di gayon ang gawi niyang ibayad araw-araw. Umiling ang konduktor. Nakipagtalunan siya.

"Walang prinsi-prinsipyo sa pamasahe, brad," pakli ng konduktor. "Kahit beinte-singko lang ang pinag-uusapan."

Muling tumabi ang bus, at sumampa ang maraming pasahero, sampu ng isang dalagang wala nang maupan. Tumayo ang dalaga sa tabi niya: paulit-ulit siyang binunggo at inirapan, sa pagpapalipat-lipat ng hawak sa mga sandalan ay sinagi siya sa pisngi ng matutulis niyang

kuko, binangga siya ng handbag sa ulo, at tinapunan siya ng balat ng tsiklet. Tumayo siya upang ang dalaga 'y pagbigyan. Ang dalaga 'y agad-agad naupo: di man lamang ngumiti sa kaniya o nagpasalamat.

Nagkaroong muli ng bakante sa upuang tatluhan, ngunit ang matanda at batang naka-upo roon ay maliksing dumausdos nang pala-pit sa gitna ng sasakyan, kayat kinailangan niyang hakbangan bago makaupo: doon siya naipit sa bintana. Ang batang napakalikot sa tabi niya 'y nagpanay ang iyak at ang sikad ng paa sa mga binti niya, at ang pantalon niya 'y naputikan. Nilingon niya ang matanda, ngunit di siya nito pinansin: ang bata 'y di niya sinupil, kayat nagpatuloy sa pag-iyak at sa pagsikad ng paa sa kaniyang mga binti.

Umakyat sa bus ang ilang naglalako ng kakanin. Nag-alburoto ang bata, at nagpabili sa matanda ng mga itlog ng pugo. Binuksan ng bata ang basang plastik na lalagyan, at ang polo niya 'y napilantikan. At tumigil nga ang bata sa kasisikad ng paa sa kaniyang mga binti 'y paulit-ulit naman siyang hinanggihan ng pira-pirasong balat ng itlog ng pugo.

Muling nabuhol ang trapik, at muli silang umusad. Sinalanta siya ng alikabok at init ng makina at malagkit na usok mula sa tambutso ng ibang sasakyan.

Sumuka ang bata, at ang damit niya 'y nabuhusan. Nabaknal siya sa yabong ng bugok na itlog at panis na laway. Pilit niyang itaas

ang lamat-lamat na tabing ng bintana: sira ang isang bukasan, kayat ito 'y nabara sa pagkakasara.

Ang bata 'y naidlip at sumandal sa braso niya. Natuluan siyang muli ng laway.

Bago dumating sa tulay, sumampa sa bus ang inspektor upang maghambing ng mga bilang sa kaniyang listahan. Di niya maapuhap ang tiket na kaniyang binayaran: malamang ay nalaglag sa kaniyang paglipat ng upuan, malamang ay nasikad ng paa ng bata, malamang ay natabunan ng malapot na suka sa sahig ng sasakyan. Nang hingan siya ng tiket ng inspektor, sinikap niyang ipaliwanag na iyon ay nawawala. Di siya pinaniwalaan ng inspektor. Tumuro siya sa mga salitang ginuhit sa likod ng sandalan: "Pls. Keep Your Ticket For Inspection".

Tinawag ng inspektor ang konduktor upang alamin kung siya nga 'y nakapagbayad na: datapuwat anuman ang gawin niyang paalaala 'y di siya matandaan ng konduktor. Dumukot siya sa bulsa ng kaniyang polo, at nag-abot siya ng sinsilyo. Nang kuwentahin ito 'y sinita pa siya. "Brad, kulang ng beinte-singko," ang sabi ng konduktor. "Kulang ng beinte-singko, brad," ang sabi ng inspektor.

Nagpapara siya sa gawi ng Guadalupe Viejo, ngunit di siya narinig ng drayber at ng konduktor. Tumayo siya 't humakbang at nagpagiwang-giwang at kumatok sa kisame ng bus, ngunit nang ito 'y tumabi na sa daan ay malayo na siya sa gawi niyang babaan.

Paawas pa lamang siya 'y biglang umandar ang sasakyan. Nadulas siya 't napadipa sa kalsada. Pinagtawanan siya ng mga nagdaraan. Bumangon siya 't nagpagpag ng kasuotan. Naglakad tungo sa kuwartong inuupahan, ngunit patuloy siyang pinagtawanan.

Bumaybay siya sa mga bangketa, at gumuhit sa isip niyang bumili ng pahayagan: yaong may classified ads na maaaring gupitin at markahan at subukang tugunan. Datapuwat nanghahapdi ang kaniyang tiyan, pagkat kangina 'y di siya nananghalian. Wala nang sinsilyo sa bulsa ng suot niyang polo: sa kaniyang pagkaalam, ang lumang pitaka sa bulsa ng kaniyang pantalon ay naglalaman ng kaunting pera lamang.

Tumigil siya sa tapat ng isang maliit na tindahan upang bumili ng tinapay at soft drink na maiinom. At saka niya namalayan ang mahabang laslas sa puwitan ng kaniyang pantalon: ang kaniyang pitaka 'y wala na roon. Pitakang sisidlan ng natitira niyang salapi, at ng kaniyang T.I.N. identification card, at ng kaniyang SSS card, at ng kaniyang mga larawang iniingatan.

"Malas," bitiw ng lalaking naroon din sa tindahan at nagmimirindal.

Naglakad siyang pauwi sa kuwartong inuupahan: nanlulumo 't pinanghihinaan ng katawan. Naghubad siya ng damit, at ang mga ito 'y maingat niyang nilabhan sa gripo: bagamat di tuluyang luminis ay binanlawan niya 't piniga 't sinabit sa sampayan.

Nasaid na ang kakaunti niyang naipon. Wala siyang kakainin, wala siyang ipanggagamot kung sakaling magkasakit, wala siyang ipambabayad sa kuwartong inuupahan.

Naghalungkat siya: sa ilalim ng kama, sa loob ng mga kahon at lata, sa kasuluk-sulukan ng kaniyang mga bulsa. Walang naitabing pera sa sobre o naipinid sa salansang papel. Di tulad noon, bagamat bihira iyon, tuwing siya'y magaayos ng gamit, na bihira rin, at nakatutuklas ng sandaan o singkuwenta o beinte na minsa 'y nalingata 't natabuna 't di na muling naalaala. Kahit sinsilyong pahapyaw lamang niyang namamalayan sa pasemano ng bintana 't sa singit ng silya 't sa patungan ng lutua 't sa ibabaw ng kubeta ay wala na. Kahit beintesingko.

Ibig man niyang maghapuna 'y wala siyang ipambibili noon. Nanghapdi ang mga mata niya at sumakit ang ulo niya at kumalam ang sikmura niya sa gutom, ngunit tiniis niya ang lahat ng iyon.

Tumingin siya sa orasan: alas seis medya; labing-isang oras at tatlumpung minuto na lamang bago sumikat ang araw. Tumingin siyang muli sa orasan: alas siyete kuwarenta; sampung oras at dalawampung minuto na lamang bago sumikat ang araw. Tumingin na naman siya sa orasan: alas otso beinte; siyam na oras at apatnapung minuto na lamang bago sumikat ang araw. Tumingin pa siya sa orasan: alas diyes; walong oras na lamang bago sumikat ang araw.

Paggising niya 'y saglit siyang nagsisi kung bakit pa siya nagising: sa isang umagang dulot ay alaala ng kawalan, sa hungkag na damdaming may butil ng pagsisisi, sa matingkad na balisang walang kalara-larawan ng kinabukasan. Kaylayo sa ibang mga umaga sa kaniyang nakaraan: mga umagang sariwa at makulay at may halik ng pagmamahal sa buhay.

Pagbangon niya 'y nakaramdam siya ng matinding pagod: wari ba 'y noong gabi ay naglakad siya nang napakalayo, at ang tulog, sa halip na magdulot ng payapang lunas, ay nagsa-itim na ulap upang diliman ang daigdig, upang sakmalin siya 't pigaan ng pinakahuli niyang hininga. Siya 'y nanaginip: panaginip na di niya mabigyang-buod sa isip pagkat di niya lubusang natatandaan. Sa panaginip na iyon ay madilim din, naglalakbay siya sa dilim, kasalamuha 'y mga aninong pinagsamut-samot sa kaniyang pagkabata, at sa kaniyang pagbabaguntao, at sa kaniyang pagbibinata, at sa kaniyang kasalukuyang balot na balot din sa dilim. Nagulantang siya sa pagkagising: nakasisilaw ang sikat ng araw na pumasok sa bintana 't lumatag sa hihigan, basag-basag na pirasong liwanag sa marusing na kutsong lundo sa gitna at may mga kukong alambreng pilit-nagsisitulak upang makalaya, at sa magalasgas na sahig, at sa mga hubad na dinding na ginuhitan ng bakbak na pintura 't hibla-hiblang agiw.

Tumingin siya sa salamin: sa mukha ng pagkabigo, ng pagbigo di lamang sa sarili niya kundi sa iba, sa maraming naniwala sa prin-

sipyo niya, sa maraming nanalig sa kakayahan niya, sa maraming umasa. Paniniwala at pananalig at pag-asang ngayon ay di niya makita 't makilala.

Nagbukas siya ng kahon: naghanap ng mabibihisan, pagkat ang damit na kahapo 'y nilabhan ay basa pa 't nakasabit sa sampayan. Naghilamos siya 't nagbihis at maingat na nagsuklay.

Lumabas siya sa kalsada, at mula roon ay naglakad siya. Sa kanto ng kalsada 'y nabundol siya ng kariton ng magbobote-diyaryo.

"Putang-ina-hindot, ano ka ba!" singhal ng magbobote-diyaryo. Dali-dali siyang nagpagpag ng naputikang pantalon: kung magbalik pa siya sa kuwarto 'y maaantala lamang siya. At naalaala rin niya na wala na siyang ibang pagbibihisan.

Patuloy siyang naglakad at nagpasikut-sikot.

Tumigil siya sa gitna ng tulay: pinagmasdan ang madilim na tubig, at doon nakita ang sinag ng araw, apoy na kaylawak at naglilikha ng sanlaksang isdang apoy, dambuhalang aninag na nagtaas ng braso 't nakahahalina. Inakyat niya ang barandilya upang salubungin ang liwanag.

Nilaklak siya ng ilog-Pasig.

1993

METAMORPOSIS
(Para kay Desmond Sim)

lunes
gumising si batch
sabay-sigaw anak ng duke
bakit ako bakla
puta ka patty
'labas mo 'ng kiki mo
sagot ni patty
hindot
kiki lang pala
sabay-labas ng kiki niya
sabay-sipat ni batch
iyan ba 'ng kiki
sabay-saksak ng titi niya
sa kiki ng isa
sabay-sigaw anak ng duke
bakit ako bakla
sagot ni patty
hindot
alam ko lang
'pakantot

sabay-
putok

at tumingin
sa salamin,
tulala

1993

ANG PASKO AY SUMAPIT

(Para kay Edmund Ty)

Madaling-araw gumising si David. Pumilipit nang pakilawa 't kanan upang patunugin ang mga buto sa kaniyang gulugod, pagkatapos ay pinakiramdaman ang kapaligiran. Walang kakaibang lagutok ng yero at tabla. Walang kakaibang tunog ng bakal o bato o kahoy o papel. Inabot niya ang dinding sa ibabaw ng headboard, upang patayin ang master switch ng electronic alarm ng kaniyang Adviser 160 compact motion detector, na kabit sa stairwell ng apartment, sa sala at dining area sa ibaba, sa carport na may grills sa gawing harap, at sa makitid na labadahan sa gawing likod.

Bumangon si David at binisita ang acoustic glassbreak detectors sa mga bintana. Nang makuntento 'y nanaog siya, at sa ibaba naman nagsiyasat ng mga bintana, ng stand-alone inertia shock detector sa mga dinding, ng mga Yale deadlock type 197RW sa mga pintuan. Muli niyang pinangarap ang Aritech Moose Intrussion/Perimeter Alarm System ng Guard-All, na talos niyang di niya abot-kaya, kayat mananatiling pangarap lamang.

Nagtungo siya sa kusina, at doo 'y sinimulan ang isang oras niyang stationary jogging, at 50 push-ups, at 120 sit-ups. Tumigil siya nang tumunog ang kitchen timer sa counter; saka siya bumangon at naghubad at nagbasa ng katawan at nagsabon ng Safeguard at nag-shower. Bumalik siya sa kusina at naghanda ng agahan: corn flakes at skim milk, cheese food on rye, dalawang kiwi, tomato juice.

Kulay-gris pa rin ang langit nang matapos siyang kumain. Sa labas, nag-sahimpapawid ang masasayang tinig ng matatanda 't may-edad at tin-edyer at batang naglalakad mula sa ikalimang Misa de aguinaldong kadadaos lang sa kampo. Ilang bata ang umawit, upang gisingin na ang kapitbahayan:

". . . Tayo 'y magsikap upang makamtan
"Natin ang kasaganaan . . ."

Tumayo siya 't naghugas ng pinggan. Isa-isang pinunasan ng Axion ang mangkok at platito at kubyertos at baso, isa-isang binanlawan, isa-isang dinampian ng kitchen towel, isa-isang sinauli nang maayos sa kabinet. Pinasadahan ng ispongha 't Dutch Cleanser ang parisukat na mesa. Pinasadahan ang counter, pagkatapos ay ang lababo.

Humina 't tuluyang naglaho sa kalye ang huntahan at awitan ng mga nagdaraan. Sumulyap siya sa wall clock sa sala: mag-aalas siyete medya na. Dati-rati 'y alas siyete dumarating si Poldo — kundi 'y binubulyawan niya, at binabawasan ng sahod.

Dinaanan niya ng daliri ang ibabaw ng sandalan ng isang silya. Napapalatak siya sa malapad na guhit na humawi sa manipis na lambong na alikabok. Noong Sabado lamang ay nag-general cleaning si Poldo. Sa loob ng tatlong araw, natalong muli sa bakbakan ang MC at Pledge at Pronto at Glo.

Miyerkoles ngayon, ngunit di siya papasok sa opisina. Nakapag-file siya ng vacation leave sa Pinkerton Consulting Services para sa nalalapit na Pasko, na maagang inaprubahan ng supervisor niyang Amerikano. Ang akala ni Mr. Kessler ay lilipad siya papuntang Cebu o kaya 'y Palawan. Ang totoo 'y magpa-Pasko siya sa kaniyang apartment lamang, sa Liberty Avenue. Upang kahit ilang araw ay makapagpahinga sa naging sunod-sunod na background check at security check at investigation request na walang-tigil sa pag-iimbak sa ibabaw ng kaniyang mesa.

Iyon ang dahilan kung bakit napabalik niya ang stay-out niyang utusan na si Poldo. Si Poldong Sabado lamang kung maglinis, mula alas siyete ng umaga hanggang alas kuwatro ng hapon, ayon sa oras na tinakda niya.

Mula noong bumukod si David ay marami nang utusan ang kaniyang nakontrata, ngunit dahil sa pambubulyaw niya 't kaka-ibang kahigpitan ay walang nagtagal sa kaniya. Noong una 'y mga dating alila ng Ate Libby sa San Miguel. Sumunod ay mga nireto ng kapitbahay. Bayad niya 'y tres siyentos isang araw — malaki-laking halaga. Datapuwat

matanda at bata, babae at lalaki 'y walang nagtagal sa kaniya.

Nakilala niya si Poldo nang magpatusok siya ng pitong de-dos na tubo sa likod ng apartment, at magpakabit ng bombang Champion sa artesian well, at magpadugtong ng bagong PVC plumbing. Tubero si Poldo, namamasukan sa Eastman Lunes hanggang Biyernes, at nakikipisan lamang sa kamaganakan sa Araneta Compound.

Si Poldo, sa lahat, ang nakatiis sa pambubulyaw niya — marahil ay nambubulyaw rin ang amo niya sa Eastman, marahil ay kailangan niya ang karagdagang kita. Si Poldo ang naturuan niyang maglinis maging sa mga singit at sulok ng sahig, sa tuktok ng mga kabinet, sa ilalim ng mga muwebles; naturuang magpakintab ng mga gripo at doorknob at bisagra; naturuang mag-ayos ng mga kasangkapan nang tuwid at pantay at sentro 't iskuwalado.

Minsa 'y naitanong sa kaniya ni Poldo kung bakit wala siyang asawa o ka-live-in o nobya.

"Naubrahan ko na iyan," sagot niya. "Pero oras na umibig ka, oras na magka-nobya ka, oras na magkaro'n ka ng asawa o ka-live-in, kahit sino siya, para ka na ring nag-uwi ng pakialamera. Pakikialaman ang buhay mo. Pakikialaman ang ugali mo. Pakikialaman ang pananamit mo. Pakikialaman ang pagkain mo. Pakikialaman, pati pagtulog mo. Ayokong me pumapakialam sa 'kin."

"Kahit mahal n'yo, Ser Dave?" tanong ni Poldo.

At ang biro ni Poldo: "'Buti na lang, Ser Dave, hindi kayo nag-asawa. Kun' 'di, ang malas lang ng napangasawa n'yo. Kailangan, laging malinis. Kun' 'di, lilinisan n'yo ng tawas tsaka Green Cross tsaka Lysol. Siguro, pati pagtayo tsaka pag-upo tsaka paghiga ng asawa n'yo, kailangan, tuwid, pantay, sentro, 'skuwalado."

Di tulad niya, si Poldo 'y may asawa 't anak sa Araneta Compound, na laging laman ng kaniyang pagbibida tuwing naglilinis siya ng apartment at binabantayan ni David. Si Edna 'y 23, pagkat batambata pa sila nang sila 'y kinasal. Si Rolly 'y mag-aapat na taon, at inaasahang makapagtatapos ng pag-aaral at makapagpapaalwan sa kanilang kahirapan.

"T'igil na tapos ng Rolly mo, Poldo," laging pangaral ni David. "Tama na 'ng isa."

At minsan ay natanong ni Poldo sa kaniya: "Pa'no kayo Ser Dave nakakapagparaos?"

"Pa'no pa?" sagot niya. "Di kinakamay ko na lang."

At muling biro ni Poldo: "Siguro, 'pag nagbabate kayo, gumagamit pa kayo ng kondom. Siguro, nagra-rubber gloves pa kayo. Siguro, 'pag nilabasan kayo, agad 'punas ng tissue, agad 'balot sa plastik, agad 'pasok sa trash bag. Tsaka

siguro, 'pag nagbabate kayo, kailangan din, tuwid, pantay, sentro, 'skuwalado."

Natawa siya sa haka-hakang iyon.

Ngunit dagdag ng utusan: "Siguro, lahat ng iniisip n'yo, donselya."

Datapuwat lingid sa kaalaman ni Poldo 't ninuman, ang kaniyang pantasya 'y pulos kalaswaan, pulos tungkol sa babaeng niluluray niya sa putikan, o kaya 'y sa basurahan, o kaya 'y sa kung saang tambakan. Sa pantasyang iyo 'y iisa ang salaysay — gabi; naglalakad siya sa madilim na lansangan; walang katau-tao; makasasalubong siya ng babaeng humihingal at kinakabahan pagkat hinahabol ng masa-samang-loob; ililigtas niya ang babae 't dadalhin sa liblib na lugar; aamuin niya 't pasisiwalatin ng takot; yayakapi 't kakausapi 't hahaplus-haplusin.

Pagkatapos ay walang-awa niyang pipilasan ng damit at gagahasain at lalaspagin. Bagamat ang babae 'y sisigaw at hihingi ng saklolo at magmamakaawa at hahagulgol.

Sa putikan. Sa basurahan. Sa kung saang tambakan.

Laging walang wakas ang salaysay na iyon, pagkat bago magsukdol ay nagsusukdol na ang libog ng kaniyang katawan, at mana-natili siyang ilang saglit sa hihigan, walang kilos at blangko ang isipan.

Di nagkamali si Poldo sa isang sapantaha: malas nga ang sinumang kaniyang mapangasawa. Pagkat sa likod ng maskara ng pagiging may-pinag-aralan at may-kakayahan at masinop at makatuwiran, ang tunay na mukhang naroroon ay sa isang batang takot sa dilim — mapanghinala sa kapuwa at mapananggalang.

Kayat maging sa utusan ay wala siyang matagpuang kasiya-siya.

Marahil ay maging kay Poldo, pagkat mag-aalas diyes na 'y wala pa siya.

Naalaala niya ang sari-saring pambubulyaw na tiniis ni Poldo sa paninilbihan sa kaniya, at ang sari-sari niyang pagkukuwenta. "O, Poldo, nahuli ka ng labing-apat na minuto — 'bawas ka ng P8.68, ha. Batugan ka talaga; kaya hindi ka yumayaman." "O, Poldo, nahuli ka na naman ng tatlong minuto — 'bawas ka na naman ng P1.86, ha. 'Ala ka talagang disiplina, tarantado ka." "O, Poldo, tingnan mo, natungkian mo 'tong bunganga ng pepper shaker; 'tapon mo na iyan, ha; P16.95 iyan sa Plaza Fair; bibili 'ko ng panibago; 'bawas natin sa sahod mo; napakasalaula mo, ignorante ka kasi." "O, Poldo, nagasgasan mo 'tong likod ng silya; ikaw ang 'babayad ng 'reupholster niyan; 'bawas natin' unti-unti sa sahod mo; iyan kasi 'ng hirap sa utak-'skuwater na 'gaya mo, hindi marunong umingat sa mahal na gamit." "O, Poldo, sinira mo na naman 'tong trapo ko; sa susunod na Sabado, palitan mo iyan ng bago; wala 'kong pakialam kung 'palitan mo ng kamiseta mo."

Noong magdi-Disyembre 'y minungkahi ni Poldo na sila 'y magsabit ng palamuti, kasi 'y "magpa-Pasko na."

"Ayoko ng Christmas-Christmas," sagot niya. "Panay gastos lang iyan; panay kalokohan lang iyan." Ayaw niya ng Christmas tree pagkat dadapuan lang ng alikabok, at mahirap linisin, at mahirap imisin. Ayaw niya ng Christmas lights pagkat magastos sa kuryente 't kapag napundiha 'y kailangan pang palitan.

Ngunit noong nakaraang Sabado 'y dumating nang maaga si Poldo, at may dala-dala siyang maliit na parol.

"O, ano iyan?" tanong niya.

"B'igay ko sa inyo, Ser Dave," sagot ni Poldo. "'Sabit natin, para sa Pasko."

"Sa labas mo ilagay iyan; 'galing iyan sa bangketa; me mga mikrobyo iyan."

Noong umaga ring iyon ay nagbaon si Poldo ng cup hook ("tuwid, pantay, sentro, 'skuwalado") sa ilalim ng biga ng carport sa bungad ng apartment. Nagtali ng tansi sa cup hook at grills. At sinabit ang parol — mapintog na bituing kawayan at asul na selopeyn, sa bawat kanto 'y may pile-pileges na puting papel, sa bawat dulo ng magkabilang paa 'y may buntot na Japanese paper na binungkos ng crepe paper na waring mga paldang serpentina ng sinaunang panahon.

Ngunit kinahapunan, bago magpaalam at umuwi 'y dinulog siya ni Poldo sa kauna-unahang pagkakataon. "Hiyang-hiya ako, Ser Dave," pasimula niya. "Kung puwede sana, uutang muna ako ng konti. Nasa ospital ho si Rolly. S'abi ng duktor, napulmonya. Wala kaming pambili ng gamot."

"A, naku, Poldo," agad niyang sagot, "hindi ako nagpapautang. Maski sa kamag-anak, maski sa kaibigan. 'Pag inutangan ka nang minsan, uutangan ka nang uutangan. Ayoko ng ganyan." Nakaramdam siya ng galit. "Kasalanan mo iyan. Hindi ka nag-ipon. Natural, pagdating ng panahon, ang pamilya mo, magkakasakit. Dapat, pinag-isipan mo iyan, hindi panay kagaguhan."

Napaluha si Poldo, ngunit di rin iyon nakaantig sa damdamin niya.

"Kung gusto mo," dugtong niya, "maglinis ka uli rito sa Miyerkoles. Wala 'kong pasok no'n. Maglinis ka buong araw, mag-obertaym ka pa, para mas lalong malaki 'ng kikitain mo."

Di agad makaimik si Poldo, at di rin makatingin nang deretso sa kaniya. "Sige ho, Ser Dave," paalam niya, "'Alis na ho 'ko."

Tumingin siyang muli sa wall clock; alas onse medya na.

Dali-dali siyang nagtungo sa kusina upang magtakal ng bigas at maghugas nito at magsalang ng isasaing sa kaniyang National/ Panasonic rice cooker. Dumating man o hindi

si Poldo 'y di dapat ma-out-of-schedule ang kaniyang pananghalian. Nagbukas siya ng crisper at naglabas ng dalawang ampalaya; ginilit ang mga ito 't tinimplahan ng kaunting asin upang ilaga sa microwave. Naglabas ng dalawang pirasong manok sa freezer at sandaling binabad upang ilaga rin.

Alas onse singkuwentay kuwatro nang mahain ang kaniyang buong pananghalian sa mesa, ngunit naghintay siya ng anim pang minuto bago magsimulang kumain. Isang hiwang pinya ang pinanghimagas niya — hindi kulang sa hinog, hindi over-ripe, katamtaman lamang.

Naghintay siya ng ala una bago tumayo at maghugas ng pinggan. Isa-isang pinunasan ng Axion ang plato at mga platito at kubyertos at baso, isa-isang binanlawan, isa-isang dinampian ng kitchen towel, isa-isang sinauli nang maayos sa kabinet. Pinasadahan ng ispongha 't Dutch Cleanser ang parisukat na mesa. Pinasadahan ang counter, pagkatapos ay ang lababo.

Sa labas, unti-unti nang nagsirami ang sasakyang nagdaraan, na nagsitigil sa mga kanto, at sinalakay ng mga batang paslit:

"Sa me kotse, ang aming awit:
"Meri Krismas, at luwalhati . . ."

Nagbalik siya sa sala, at mula roon ay tinanaw ang asul na parol na nakatali sa cup hook at grills, uunday-unday sa hangin at nagpupumiglas, parang ibong pinabukaka 't

ginapos sa biga 't mga rehas. Walang-tigil sa pag-alon sa himpapawid ang mga buntot ng parol — animo 'y mga daliring papel na pilit makawala 't nangakaabot sa kaniya.

Saka niya nabatid na si Poldo 'y di na darating. Ala una medya na. Kulang sa P93.00 ang maaari na lamang niyang kitain, matapos niyang ibawas ang iba 't ibang dapat ay ibawas pa.

Di na iyon darating. At marahil ay di rin darating sa Sabado, at sa susunod pang mga Sabado mula noon. Tulad ng mga naunang utusan. Tulad ng lahat ng batugang di yayama 't walang disiplina 't tarantado 't salaula 't ignorante 't utak-iskuwater at gago sa mundo.

"Mga walang utang na loob," bulong niya sa parol. "Mga hampaslupa. Mga magnanakaw."

Tinabi niya ang barricader bar ng pintuan, at lumabas siya sa carport. Inabot ang asul na parol, hinablot at sinira. Hinagis sa sahig. Yinurakan. Pagkatapos ay pinagmasdan ang giba-gibang balangkas na kawayan at pilas-pilas na asul na cellophane at lukut-lukot na puting papel at Japanese paper at crepe paper sa magaspang na pebble washout na sahig — parang bangkay ng patay na ibon, ibong di na muling didilat at tatalon at aawit at lilipad.

Bigla siyang nabahala sa sukal na kanikanina lamang ay walang-pakundangan niyang nilikha sa sahig. Tumakbo siya sa loob ng apart-

ment upang buksan ang pinto ng maliit na kabinet sa ilalim ng landing ng hagdanan. Dumukot ng itim na trash bag mula sa isang salansan, pumulot ng walis at pandakot. Nagbalik sa carport, at doo 'y hangos na tinipon ang pira-pirasong kawayan at asul na cellophane at mga papel, upang isilid sa loob ng itim na trash bag. Doon pa, sa sulok ng carport — may nalipad na mga bahaging asul na cellophane. At doon pa, sa ilalim ng kulay-bronse niyang Nissan Sentra — may sumuot na mga pirasong crepe paper doon. At ang ibabaw ng nylon na car cover na nakasaklob sa Nissan Sentra — makapal-kapal na ang alikabok, kayat maiging walisan. At ang pebble-washout — di ba 't maalikabok din, di ba 't dapat nang eskobahi 't baldihin? Hahangin at aalikabok, aalikabok at hahangin — walang katapusan ang bakbakan. At agiw ba yaong nakasabit sa biga, o napatid na tansi?

Nanghilakbot siya 't agad pumasok sa pintuan, at agad ding binalik ang barricader bar. Sinara ang mga bintana, at sandaling inisip na ang mga iyon ay dapat nang palapatan ng security glass.

Muli niyang binuksan ang pinto ng maliit na kabinet sa ilalim ng landing ng hagdanan. Dumukot ng steel rule sa toolbox. Nagsukat ng bintana. Dalawang metrong pataas, at sampung sentimetro — isama rin kaya ang sukat ng mga transom?

Humingal siya 't pinagpawisan. Naupo sa isang silyang bakal at leatherette sa isang sulok ng sala, at doo 'y sinaklot ng matinding takot. Muli siyang nakiramdam. Sa mahinhing katok ng hangin sa pintuan. Sa magagaan na yabag ng alikabok sa sahig.

Pumikit siya — at tutol man ang diwa 'y nagbalik nang pilit ang alaala ng Araw Na Iyon, sa San Miguel. Noong siya 'y siyete anyos lamang, at nag-iisa sa bahay.

Biyernes ng gabi noon, at magpa-Pasko rin. Wala ang Daddy at ang Mommy at ang Ate Libby pagkat dumalo sa alumni homecoming ng Daddy sa Heroes' Hills. Di siya isinama pagkat makalawa lamang ay hinika na naman siya, at salungguhit sa reseta ni Dr. Roa ang maluwat na pahinga.

"Lock the door, Davey," bilin ng Daddy nang sila'y paalis na.

"Davey, lock the door," bilin naman ng Mommy. "Ang supper mo, nasa range. Pagbalik namin, 'punta tayong V-Milk."

Datapuwat nakalimutan niyang ikandado ang pintuan, pagkat pag-alis ng Ford ay nag-practice shooting siya sa goal sa driveway, at pagpasok niya sa bahay ay oras na ng *Sea Hunt* sa kanilang bagong black-and-white na RCA Victor na uwi ng Daddy mula sa States. Habang nanonood, panagimpan niya 'y tulad siya ni Lloyd Bridges; di ba 't minsa 'y nabanggit ng Daddy na mainam sa hika ang swimming?

Sandaling nag-advertisement, ngunit di niya namalayan ang kakáibang mga anino sa dalawang hanay ng glass tiles sa magkabila ng pintuan. Nang lumabas ang kinaiinisan niyang propagandang shampoo ay saka lamang niya natunugan ang marahang pag-ingit ng pinto, at ang pagpasok ng tatlong haragan sa kapitbahayan.

"Wawaw na wawaw ang T.V. mo, 'padre," ngisi ng isa. "'Bigay mo na lang sa 'min."

"'Palitan namin ng Cliquot Club," ngisi ng ikalawa.

"'Nong gusto mo, kendi? Baboy gam?" ngisi ng ikatlo.

Di siya makaimik, at di siya makagalaw. Naghalakhakan ang tatlong haragan, at nagbiruan pa, biruang di na niya matandaan sa laki ng sindak niya at sa lakas ng tunog ng advertisement:

"With Suave!
With Suave!
Your hair will be lovelier
with Suave!"

Ngunit natandaan niyang hinawakan siya sa braso ng isa, at hinubuan siya ng shorts ng ikalawa, at hinawakan ng ikatlo ang birdie niya, at naghalakhakan pa sila.

"Ay, wala pang bulbul," biro ng isa.

"Pero marunong sumaludo — parang Boy Scout," biro ng ikalawa.

"Wala pang laman iyan. Tubig lang," biro ng ikatlo.

Parang panaginip, parang di nangyayari, parang di totoo. Naghalo ang panagimpang Lloyd Bridges, at ang galaw na slow motion ng buhok ng model sa advertisement, at ang halakhakan ng tatlong haragan, at ang malapad na ngisi ni Speedy Alka-Seltzer na may isang malaking ngipin at ngayon ay nasa screen:

"Just follow the bouncing ball . . . !"

At ang nagbabantang bilin ng isang haragan: "Huwag mo kami' 'susumbong, ha? 'Pag sinumbong mo kami, babalikan ka namin."

At ang goal sa driveway, ang basketball, ang bouncing ball, ang bouncing ball, ang bouncing ball . . .

Nang datnan siya ng Daddy at ng Mommy at ng Ate Libby, humahagulgol siya 't tinatagaktakan sa mukha ng masaganang luha at uhog. Wala na sa rattan table ang bagong RCA Victor; patid at nakasabit sa dinding ng sala ang antenna wire. Tumawag ang Daddy ng pulis, at pinainom siya ng Mommy ng mainit na Klim, at pinunasan siya ng bimpo 't binihisan ng kamiseta 't pajamas ng Ate Libby.

Di siya kinausap ng pulis; ang Daddy ang mahinahong nagtanong sa kaniya. Ang lagi niyang sagot ay wala siyang nalalaman. Na-

nood siya ng *Sea Hunt*. Nakatulog siya. At paggising niya 'y wala na roon ang T.V. set. Ganoon lamang.

Umalis ang pulis, at nagkandado sila ng pintuan.

"Davey, I told you to lock the door," sabi ng Daddy.

"I told you to lock the door, Davey," sabi ng Mommy.

Ngunit di siya pinagalitan o pinag-bintangan; hinagkan siya 't hinalikan ng Daddy, at ang sabi 'y "I'm glad they didn't hurt you, Davey;" hinagkan siya 't hinalikan ng Mommy, at ang sabi 'y "It's only a T.V. set, Davey."

Nangaligkig siya 't lumayo sa kanilang mga yakap at halik. Marahil ay pagkat di niya pinagtapat ang katotohanan, at di niya ipagtatapat kailanman. Marahil ay pagkat di niya mapaniwalaang higit siyang mahalaga sa pamilya kaysa sa bagong RCA Victor na nanggaling pa sa States. Wala nang *Sea Hunt* at *Lassie*. At para sa Daddy 'y wala nang *Whirly Birds* at *Highway Patrol*. At para sa Mommy 'y wala nang *I Love Lucy* at *The Rosemary Clooney Show*. At para sa Ate Libby 'y wala nang *Father Knows Best* at *Tita Betty Show*. At tuwing Sabado 'y wala nang *Student Canteen* at Leila Benitez at Eddie Ilarde at Bobby Gonzales at Pepe Pimentel.

Noong umaga ng Disyembre 22, gumising siya 't nagtungo sa kumedor upang mag-agahan; binati siya ng Daddy at ng Mommy at ng Ate Libby na pawang malalapad ang ngiti, at ang sabi nila 'y "Merry Christmas, Davey."

At pagtingin niya sa sala, ang RCA Victor ay naroong muli. Sa ibabaw ng rattan table. Muling kinabitan ng antenna wire.

Sa tulong ng isang karantso ng Daddy na nasa PC, natiktikan at nahuli ang tatlong haragan nang subukan nilang ipagbili ang T.V. set sa black market.

Tinanong niya sa Ate Libby kung nasasaan na ang tatlong haragan.

"In jail," sagot ng Ate Libby.

"Always?" tanong niyang muli.

"No," ang sagot. "After they're punished, they go."

"Then what happens?" tanong niya. ("'Pag sinumbong mo kami, babalikan ka namin.")

Ngunit di naintindihan ng Ate Libby ang tanong niyang iyon.

Bahagyang nagtaka ang Daddy at ang Mommy at ang Ate Libby kung bakit di siya natuwa sa pagkakabalik ng T.V. set. Datapuwat wala siyang pinaliwanag. At naging masigasig siya sa pagkakandado ng pintuan mula noon.

Naging maingat. Naging mapangalaga sa kalusugan, upang tuluyang mawalan ng hika. Sa high school ay sumali siya sa basketball team, pagkatapos ay sa swimming team. Sa college ay nag-training siya sa cadre, at naging flight commander sa R.O.T.C. Di na niya nakita ang tatlong haragan mula noon, at di rin niya pinagtanong.

Muli siyang tumingin sa bintana. Malamlam na ang parihabang langit na naroroon. Dumalas na at lumakas ang awitan ng mga batang paslit sa daan. Pinagpawisan siya ng malapot, at pakiramdam niya 'y punong-puno siya ng kagat ng alikabok at balakubak at buni at malagkit na B.O. at libag.

Madilim na sa labas nang marinig niya ang pagtaktak sa tarangkahan.

"Sino iyan?" bulyaw niya, bagamat di siya tumayo sa kinauupan. "Poldo?"

Muli niyang narinig ang pagtaktak.

Marahan siyang bumangon at sumilip sa bintana. Tatlong lalaking tin-edyer ang nakatayo roon. Nangaligkig siya 't pinanginigan ng kamay. Di ubos-maisip kung bakit tinabi ang barricader bar sa pintuan. Kung bakit lumabas siya sa carport, at lumapit sa tarangkahan.

"Meri Krismas, 'Nong," ngiti ng isa.

"Puwede 'Nong mag-karoling?" ngiti ng ikalawa. At nagtaas ng isang bukas na liham.

"Para 'Nong sa basketball tournament ng baranggay," dugtong ng ikatlo.

Di siya makaimik, at di siya makagalaw. Parang panaginip, parang di nangyayari, parang di totoo. Namalayan na lamang niya ang sariling nagtatanggal ng Campbell security chain sa tarangkahan, at nagpapatuloy sa tatlong tin-edyer sa carport, at nagpapapasok sa kanila sa sala.

Nagpatuloy ang awitan ng mga batang paslit sa daan:

"At magmula ngayon
"Sa bawat araw ay magbigayan . . ."

Tumuloy ang tatlong tin-edyer, at ang kanilang mga rubber shoes ay nagbakas ng putik sa loob ng bahay.

1993

P. PAULINO FRITO, S.J.*

(Para kay Rene Paulin)

ANG MGA TAUHAN

P. PAULINO FRITO, S.J., *propesor ng Teolohiya, 68*
REY REYES, *isang desk clerk, 28*
DALAWANG SOPOMOR, *mga estudyante sa klase ni P. FRITO, 18*

Ang dula ay nagaganap sa katapusang bahagi ng hating-taon.

ANG TANGHALAN

Ang opisina ni P. PAULINO FRITO, S.J., *sa Kagawaran ng Teolohiya. Ang mga dinding ay kulay-kape, at may alpombrang kupas at kulay-berde. Sa gawing kanan, ang mesa ng pari, na natatambakan ng iba 't ibang salansan ng mga papeles. May dalawang silyang kahoy sa harap ng mesa. May basurahang basket na walang laman, at dalawang gabineteng bakal.*

**Ang "P. Paulino Frito, S.J." ay unang tinanghal ng Ateneo Philosophy Club at ng Salamin sa Loyola House of Studies Auditorium, Ateneo de Manila University, Loyola Heights, Quezon City, noong Setyembre ng 1975.*

Sa may-pintuan, ang mesa ni REY REYES. *May isang mumurahing pigurin, isang munting desk calendar at telepono. Sa tabi ng upuan, may typing table at makinilyang de-koryente. Sa dinding ay nakasabit ang saksakan ng koreo. Kasiping nito ang bakbak-bakbak na bulletin board: kung anu-anong ulat, listahan, pabatid at palatandaan ang nangakalapat dito.*

Sa isang sulok, may nangakaayos na kahon at kanastong puno ng mga lumang gamit. May silyang kahoy na butas at giba-giba. May lumang 16-mm film projector at mga kaugnay na kasangkapan nito.

Sa gawing kaliwa, isang malaking bintanang salamin at bakal: ito 'y nakatanaw sa daanan ng mga sasakyan sa pamantasan. Nakahawi ang mahahabang kurtinang kupas at kulay-dalandan.

ANG DULA

Sa simula ng dula, makikitang nagmamakinilya ng istensil si REY REYES. *Maririnig ang mga tinig ng ilang estudyanteng nagdaraan sa pasilyo. Ang isa sa kanila ay kumakanta ng* "Let it be, let it be, let it be, let it be . . ." *Hihina ang mga tinig. Magkakamali sa pagmamakinilya si* REY REYES. *Papalatak siya. Papahiran niya ng correction fluid ang istensil, at kaniyang hihipan. Tatayo siya upang buksan ang mga ilaw.*

Maririnig ang kulog sa di-kalayuan. Sisilipin ni REY REYES *ang tanawin sa labas, mula sa kaniyang kinatatayuan. Muling maririnig ang kulog sa di-kalayuan.*

REY REYES
(*Tila may kausap:*) Huwag sana' umulan. (*Magbubuntunghininga.*)

Babalik si REY REYES *sa kaniyang upuan. Aayusin niya ang istensil sa makinilya.*

REY REYES
(*Kakanta-kanta:*) Let it vi, let it vi, let it vi, let it vi . . .

Papasok si P. FRITO.

REY REYES
Gud afternun, Fader.

Hindi papansinin ni P. FRITO si REY REYES. *Magpapatuloy si* REY REYES *sa pagmamakinilya.*

Tutungo si P. FRITO *sa saksakan ng koreo. Huhugot siya ng dalawang sobre sa kaniyang kahon. Sandali niyang titingnan ang mga sobre, pagkatapos ay isasauli niya sa saksakan ang mga ito.*

Muling maririnig ang kulog sa di-kalayuan. Tatayo si P. FRITO *sa may-bintana. Matagal niyang pagmamasdan ang tanawin sa labas.*

P. FRITO

Umulan sana. (*Mauupo sa kaniyang silya. Aayusin ang ilang papeles sa kaniyang mesa.*)

Lilipas ang ilang sandali.

P. FRITO

(*Titigil. Babaling kay* REY REYES.) May nagbigay na ba ng term paper?

REY REYES

(*Titigil sa pagmamakinilya.*) Fader?

P. FRITO

May nagbigay na ba ng term paper?

REY REYES

Wala pa po, Fader. (*May maa-alaala.*) Kanina po, me nagpunta rito, 'tinanong po kung anong oras iyong dedlayn. Ang sabi ko po, fayb ow'klak.

P. FRITO

(*Inis.*) Ganyan ang mga estud-yante. Bibigyan mo ng deadline, sasadyaing kalimutan.

Magpapatuloy si REY REYES *sa pagmamakinilya. Mauupo nang tahimik si* P. FRITO *sa kaniyang silya. Matagal niyang pagmamamsdan ang kaniyang mga kamay.*

REY REYES

(*Magkakamali sa pagmamakinilya. Bubuksan ang botelya ng correction fluid, at*

maingat na magpapahid nito. Kakanta-kanta:) Wen Ay waz a fur men, Mader Meyri sed tu mi, diz da wordz ap wizdom, let it vi . . .

P. FRITO

(*Kay* REY REYES:) Saan ka ba dating nagtatrabaho?

REY REYES

Fader, sa San Beda, Fader.

P. FRITO

(*Bahagyang mapagkutya:*) Ang mga estudyante sa San Beda, kumusta naman sila?

REY REYES

Beri magulo, Fader. (*Ngingisngis.*)

P. FRITO

Magulo rin ang mga estudyante rito.

REY REYES

Yes, Fader. (*Mahina ang tinig:*) Saka mayabang.

P. FRITO

Bakit mo nasabi iyan?

REY REYES

(*Bahagyang pamumulahan.*) Ang ibig ko' sabihin, Fader . . . mayaman.

P. FRITO

Mayabang! Mayabang sila! (*Tatayo.*) Isip nila ay komo kaya nilang bayaran

ang mataas na tuition ay maaari silang pa-easy-easy sa klase! Mga inutil! Mga walang utak! (*Nagngingitngit.*) Nang pumasok ako sa classroom kangina ay kung anong kabastusan ang nakasulat sa blackboard! Isa-isa ko silang tinanungan kung sino ang nagsulat noon, pero walang gustong magsalita! Sinermunan ko silang lahat! Buong period ko silang pinaghintay at pinagsabihan tungkol sa kanilang mga . . . obligasyon sa isang . . . propesor! Mga walang-modo! Mga ma!-edukado! Ang akala nila ay komo matatapos na ang semester ay maaari na silang magpaloko-loko! Puwes, hihirapan ko ang iksamen! At ang hindi magbibigay ng term paper sa tumpak na oras ay bibigyan ko ng efe! (*Hihinga nang malalim.*) . . . Pagkatapos ay may isang wise guy na naglakas-loob na sumagot sa akin! Maliit na bagay lamang daw ay masyado kong pinapansin! (*Galit na galit.*) Maliit na bagay! Buong taon ko silang pinagagalitan at buong taon silang hindi nakakaintindi! Maliit na bagay! 'Montik ko na siyang hampasin! (*Itatataas ang kaniyang kamao.*)

Bahagyang mapapauldot si REY REYES.

P. FRITO

Ang walanghiya . . . ! Hindi raw ako fair sa buong klase. Yaki masama ang aking grading system, yaki malabo ang aking mga lectures . . . ! (*Hihinga nang malalim.*) Alam mo ba kung ano ang ginawa ko? (*Lalapit kay* REY REYES.) Alam mo ba kung ano ang ginawa ko? (*Manggigigil.*) Dinura'n ko siya! Oo, dinura'n ko siya! Pinakita ko sa kaniya kung

ano ang pagtingin ko sa pagkalalaki niya! (*Sandaling titigil. Marahang mauupo sa mesa.*)

Magpapahinahon si REY REYES.

P. FRITO

. . . Mabuti sana . . . kung lahat sila ay matalino. Di sana ay magiging makonsuwelo pa ang aking pagtuturo. (*Kay* REY REYES:) . . . Ano na nga ba ang pangalan mo?

REY REYES

Rey Reyes, Fader.

P. FRITO

Hindi mo lang alam, Rey, kung gaano kahirap ang magturo sa klase ngayon. Mga hayop ang mga estudyante . . . ayaw nilang matuto . . . ! (*Iiling.*) Hindi sila katulad noon . . .

Lilipas ang ilang sandali.

REY REYES

Kopi, Fader.

P. FRITO

No, thanks. Hindi ako umiinom ng coffee.

Muling haharap si REY REYES *sa makinilya. Marahang tutungo si* P. FRITO *sa may-bintana upang panoorin ang tanawin sa labas.*

Makikiramdam si REY REYES. *Di siya mapakali. Susulyap siya kay* P. FRITO, *pagkatapos ay maingat siyang babangon upang magtimpla*

magbabalik sa kaniyang mesa, at magpapatuloy sa pagmamakinilya. Magkakamali siya sa pagmamakinilya. Hihigop siya ng kape. Kukunin niya ang botelya ng correction fluid.

REY REYES

(*Huhuni-huni:*) Hm-hm-hm, hm-hm-hm, hm-hm-hm, hm-hm-hm . . .

P. FRITO

Rey.

REY REYES

(*Biglang tutuwid ng pag-upo.*) Fader?

P. FRITO

Ano ang pangalan ng estudyanteng nagpunta rito?

REY REYES

(*Pamumulahan.*) Fader, hindi ko po . . . hindi ko na'tanong, Fader . . .

P. FRITO

(*Magkukunot-noo. Pagkatapos ay:*) Uli-uli ay hihingin mo ang pangalan ng mga estudyanteng nagpupunta rito. (*Parang sa sarili:*) Dapat parusahan ang mga estudyanteng walang responsibilidad.

REY REYES

Yes, Fader. (*Magpapatuloy sa pagmamakinilya.*)

P. FRITO

(*Marahang maglalakad sa loob ng silid. Mapupuna ang film projector sa sulok.*) Bukas ay tawagin mo ang janitor na naglilinis dito. Ipababa mo sa kaniya ang makinang ito.

REY REYES

Yes, Fader. (*Magsusulat sa isang steno pad, at magbabalik sa pagmamakinilya.*)

P. FRITO

(*Iinspeksiyunin ang film projector.*) Noon ko pa pinabababa ang makinang ito. Hindi ko alam kung bakit hanggang ngayon ay nandito pa.

REY REYES

Yes, Fader. (*Muling magsusulat sa steno pad.*)

P. FRITO

(*Hihinga nang malalim.*) Si Father Harkin ang may-ari ng makinang ito. Dati siyang chairman ng Department of Theology. Madalas siyang magpakita ng mga film shows noon . . . sari-saring sixteen-millimeter films ang mayroon siya . . .

REY REYES

Yes, Fader.

P. FRITO

. . . Mga tanawin sa Jerusalem . . . mga historical articles . . . mga religious paintings . . . (*Hihinga nang malalim.*) Wala na siya ngayon. Umuwi na siya sa Boston. Magmula

nang pinalitan ang mga Amerikanong department chairmen ay hindi ko na siya nakita. (*Bahagyang kakalikutin ang film projector.*) Iniwan niya ang kaniyang film projector. Sayang at napabayaan lamang. (*Marahang tutuwid.*) Sabihin mo sa janitor na dalhin niya ito sa Faculty House. Baka sakaling mapaayos pa ito. Dito ay pampadagdag lamang ng basura sa loob ng kuwarto.

REY REYES
Yes, Fader.

Hihipan ni P. FRITO *ang kaniyang mga daliri. Magbabalik siya sa kaniyang silya.*

Matatapos si REY REYES *sa pagmamakinilya. Huhugutin niya ang istensil, pagkatapos ay itataas niya ito upang aninagin ang mga butas na titik sa ilaw.*

Lilipas ang ilang sandali.

P. FRITO
At ang alpombra . . . masyado nang maalikabok ang alpombra. Sabihin mo sa kaniya na dapat niyang gamitin ang vacuum cleaner. Baligtarin niya para ang kabila naman ang makita. (*Parang sa sarili:*) Siyam na beses nang pinagbali-baligtad iyan. (*Sandaling titigil.*) Hindi ko alam kung saan napupunta ang pera ng pamantasan.

REY REYES

Yes, Fader. (*Muling magsusulat sa steno pad. Iimisin ang istensil sa ilalim ng kaniyang mesa.*)

P. FRITO

Pagkatapos, ang mga agiw. (*Pagaaralan ang kisame.*) Iyon, nakikita mo ba? Sabihin mong umakyat siya para alising lahat. Nakakahiya sa mga bisita.

Muling magsusulat si REY REYES *sa kaniyang steno pad.*

P. FRITO

(*Tatayo.*) Hindi ako magtuturo ngayong summer, alam mo. Magbabakasyon ako. Pupuntahan ko ang aking kapatid sa Ilocos. Taga-roon kami, alam mo.

Maririnig ang kulog sa di-kalayuan.

P. FRITO

. . . Dalawa kaming magkapatid, isang babae at isang lalaki. Ako lamang ang nakapag-aral sa aming dalawa. (*Pagmamasdan ang kaniyang mga kamay. Parang sa sarili:*) Ang aking mga kamay. (*Bahagyang itataas ang kaniyang mga kamay. Kay* REY REYES:) Tingnan mo ang aking mga kamay. Iyan ang dahilan kung . . . (*Titigil.*) . . . Naging magaling ako sa klase, alam mo. Sa akin nang lahat ang mga medalya at karangalan. Ang sabi ng mga maystro ay malaki ang aking pag-asang maging matagumpay sa isang mabuting karera . . . At hinangaan ako ng lahat. (*Sandaling titigil.*) Ang

sabi nila ay . . . ang lahat ng iyon ay dahil sa aking mga kamay. (*Sandaling titigil.*) Noong araw ay makinis na makinis ang aking mga kamay . . . parang hindi mga kamay ng isang lalaki. Parang mga kamay ng isang . . . ng isang santo. Nagpasiya akong pumasok sa seminaryo nang matapos ko ang high school, Rey. Tutol ang aking mga magulang. Sayang daw ang lahat ng kanilang ginugol para sa aking kinabukasan. Nagkagalit kami ng aking kapatid. Sabi niya 'y . . . magulang muna bago Diyos. . . . Hindi ko siya pinakinggan. . . . Hindi niya ako kinausap magmula noon. (*Hihinga nang malalim.*) Namatay sa paghihirap ang aking mga magulang, Rey. Ang aking kapatid ay nagasawa. Apat ang kanilang supling. (*Sandaling titigil.*) Paminsan-minsan ay pinadadalhan ko siya ng pera . . . kahit hindi siya sumusulat sa akin . . . Ni hindi siya nagpapadala ng mga litrato . . . (*Bahagyang matatawa.*) Tingnan mo ang aking mga kamay. Kulukulubot na at nanginginig. Hindi mo akalaing . . . (*sandaling titigil*) . . . sisirain ng . . . pagsisikap . . . sa matagal na panahon.

Maririnig ang kulog sa di-kalayuan. Di-mapakali si REY REYES. .

P. FRITO

Naghirap din ako. . . . Ang aking paninilbihan bilang iskolastika . . . ang aking theological studies . . . ang . . . ang pagbibigay ko sa aking sarili, bilang isang Hesuwita . . . ang aking masteral degree . . . ang aking Ph.D. (*Hihinga nang malalim.*) Ako ay si Professor Paulino Frito, Chairman ng Department of

Theology. (*Hihinga nang malalim.*) Ang . . . ang aking mga magulang ay nasa langit na. Pinagdasal ko sila, sampu ng . . . ng buong daigdig . . . !

Lilipas ang ilang sandali.

P. FRITO
Naniniwala ka ba sa Diyos, Rey?

REY REYES
(*Pamumulahan.*) Isa po akong . . . eks-zemineryan, Fader.

P. FRITO
Ano ang edad mo noon?

REY REYES
Batang-bata po ako nung 'pinasok sa zeminary, Fader. Benediktinz. Iyon po 'ng gusto nung mga tiya ko.

P. FRITO
. . . Pero hindi ka nagtagal.

REY REYES
(*Ninenerbiyos.*) Fayb yirz, Fader.

P. FRITO
Bakit . . . ?

Sandaling katahimikan.

REY REYES
(*Nahihintakutan.*) Fader, Ay du nat no, Fader.

P. FRITO

(*Kunot-noo.*) Sabihin mo sa akin, Rey. Bakit hindi ka nagtagal?

REY REYES

(*Nagugulumihanan.*) Fader . . .

P. FRITO

Sabihin mo. Dahil ang Diyos ay malupit, hindi ba?

REY REYES

. . . Fader . . .

P. FRITO

Oo, dahil ang Diyos ay malupit . . . at hindi mo Siya nakayanang labanan! Pero ako . . . ako ay nagtagal! Ang Diyos ay aking nilabanan! Ang lahat ay aking tiniis nang dahil lamang sa Kaniya, sa Kaniyang mga pagtuturo, sa Kaniyang Dakilang Pagpapatiwakal!

Sandaling katahimikan.

P. FRITO

(*Mahinahon.*) Naniniwala ka ba sa Diyos, Rey?

REY REYES

(*May pagpapakumbaba:*) Yes, Fader.

P. FRITO

Kung gayon ay batid mo rin . . . na ang Diyos nga ay malupit. Walang kasing-lupit. (*Hihinga nang malalim.*) Iyan ang lihim nating lahat. Ang ating buong buhay ay isang paki-kipaglaban sa Diyos, upang pigilin . . . ang Kaniyang walang-katapusang kalupitan . . . ! (*Hihinga nang malalim.*) . . . Magbabakasyon ako. . . . Matagal na akong hindi nakakapunta sa Ilocos. (*Hihinga nang malalim.*) Ang aking kapatid . . . kapapanganak lamang ng bunso niya. . . . Isang lalaki . . . (*Hihinga nang ma-lalim.*) Gusto ko silang makita. (*Sandaling titigil.*) Gusto ko silang makita.

Sandaling katahimikan. Maririnig ang pasigaw na tinig ng isang estudyante sa pasilyo. Sanda-ling katahimikan.

P. FRITO

May familia ka ba, Rey?

REY REYES

(*Mahinahon.*) No, Fader. (*Sanda-ling titigil.*) Isa po akong bedsfeyzer.

P. FRITO

(*Parang sa sarili:*) . . . Paano kang nabubuhay . . . ?

REY REYES

(*May kaunting kakimian:*) Ay heb ey bengk akawnt. Ay heb prens.

P. FRITO

(*Marahang tatango.*) Oo. . . . Oo nga.

Bahagyang maririnig ang kulog sa di-kalayuan.

Marahang tatayo si REY REYES *upang kunin ang ilang papeles sa mesa ni* P. FRITO.

P. FRITO

(*Mabibigla.*) Ano iyan?

REY REYES

(*Mapapauldot. Pagkatapos ay:*) Da minidz, Fader. Mamakinilyahin ko na po.

P. FRITO

(*Parang wala sa sarili:*) Oo nga.

Dadalhin ni REY REYES *ang mga papeles sa kaniyang mesa upang ayus-ayusin ang mga ito.*

P. FRITO

(*Lalapit sa bintana upang tingnan ang tanawin sa labas.*) Kahapon . . . kahapon. (*Sandaling katahimikan.*) Ay natapos ang faculty meeting. (*Sandaling katahimikan. Marahang haharap kay* REY REYES.) Nabasa mo ba iyan?

REY REYES

Fader?

P. FRITO

Kaninang wala ako. Binasa mo ba iyan?

REY REYES
(*Pamumulahan.*) No, Fader.

P. FRITO
(*Tuturo kay* REY REYES.) Iyan ang testamento ng aking pagkamatay! (*Lalapit kay* REY REYES.) Papatayin nila ako, Rey! Gusto nila akong patayin! Sina Aruego, sina Macalinao, sina Golez! Papatayin nila ako! Alam mo iyan, hindi ba?

REY REYES
. . . Fader . . . !

P. FRITO
Rey, sabihin mo sa akin ang lahat ng nalalaman mo!

REY REYES
(*Iiling. Mapapaurong.*) . . . Fader . . . !

P. FRITO
Ang mga malisyoso . . . ! (*Manggigigil.*) Ang akala nila ay komo ako ay matanda na ay kaya nila akong linlangin! (*Sisigaw:*) Mga mamamatay-tao! (*Hihingal.*) Alam ko . . . alam ko. (*Naghihirap ang kalooban.*) Mas masakit kung ang isang tao ay patayin sa pamamagitan ng masamang salita at maling pag-iisip . . . hindi ba?

Hindi sasagot si REY REYES.

P. FRITO
Hindi ba?

REY REYES

(*Natataranta. Mahina ang tinig:*)

Fader . . .

P. FRITO

Oo! Nalalaman mo, dahil tao kang aral.

Marahang isusubo ni REY REYES *ang isang pirasong papel sa makinilya.*

P. FRITO

Itigil mo iyan!

Mahihintakutan si REY REYES.

P. FRITO

(*Bahagyang nanginginig ang tinig:*)

Naiintindihan mo ako, Rey, hindi ba?

Hindi malaman ni REY REYES *kung ano ang kaniyang sasabihin.*

P. FRITO

Hindi ba?

REY REYES

(*Mahina ang tinig:*) Yes, Fader.

P. FRITO

Magmula noong pagkabata ko ay talagang . . . pasigaw-sigaw ako. (*Hihinga nang malalim.*) Paulit-ulit ko nang pinaliwanag ang bagay na iyan. Maging sa aking mga estudyante. Maging sa mga guro at Hesuwita. (*Hihinga nang*

malalim.) Noon, maging ang aking mga magulang ay nasisigawan ko. (*Titigil.*) Bakit dapat pa akong magpaliwanag . . . ? Bakit iyon magiging dahilan kung bakit . . . kung bakit ako . . . sisirain . . . ng iba . . . ?

REY REYES

(*Bahagyang tatango.*) Hindi iyon dahilan, Fader.

P. FRITO

(*Parang sa sarili:*) Ano . . . ? (*Hihinga nang malalim.*) Ako ay . . . matanda na . . . ? (*Sandaling titigil.*) Napakahalaga . . . (*Sandaling titigil.*) Ako ay . . . isang propesor! . . . Nasa akin ang gulang *at* karanasan! Ang kaalaman *at* karanasan! Ang kapangyarihan *at* karanasan! (*Lalayo kay* REY REYES.) . . . Bakit mawawalan ng kahulugan ang lahat ng iyan? (*Titigil.*) Umabot na pala sa presidente, kayat . . . (*Titigil. Iiling. Parang sa sarili:*) Ako ay matatag. Ako ay walang kasing-tatag. (*Sandaling titigil.*) Hindi ko aabutin ang lahat ng ito kung . . . (*Tatayo sa may-bintana.*) Ang . . . (*Sandaling titigil.*) Ang lahat ng dati kong kasamahan ay patay na . . . ang mga dati kong . . . kaibigan . . . (*Kikilabutan.*) Ako na lamang ang naiiwan ngayon. (*Parang sa sarili:*) At bakit kaya? (*Parang sa sarili:*) At bakit kaya? (*Hihinga nang malalim.*) Ako ay matatag. (*Sandaling katahimikan. Tatalikuran niya ang bintana.*) Ano ang sinasabi nila tungkol sa akin, Rey?

REY REYES

Fader . . . Ay du nat no.

P. FRITO

Natatakot ka bang magtapat sa akin?

REY REYES

Fader . . . Ay no . . . dey sey yu ar beri strik . . . dey sey yu ar ey teror . . . (*Taranta.*) Ay du nat no . . .

P. FRITO

Matalas ang aking paningin. Mahusay ang aking pandinig. Ako ay matatag.

Walang masasabi si REY REYES.

P. FRITO

(*Di aalis sa may-bintana.*) Iniiwasan ako sa mga lugar na pinapasukan ko. Sa library. Sa cafeteria. Maging sa Faculty House. Ang lahat ay kita ko . . . ang lahat ay dinig ko . . . ang anasan . . . ang bulung-bulungan . . . ang usap-usapan . . . ang sari-saring kabastusang nakasulat tungkol sa 'kin sa loob ng mga rest room . . . ang mga kahayupang nakaukit sa mga silya . . . sa mga lamesa . . . sa ilalim at gilid ng mga blackboard . . . pero matatag ako . . . !

Bahagyang maririnig ang kulog sa di-kalayuan.

P. FRITO

Natapos ang faculty meeting. Hindi raw ako "fit for university work." Dapat daw akong alisin . . . alisin, kahit hindi na palitan. Magmi-Misa na lamang daw ako sa mga espesyal na okasyon . . . isasabak ako sa research work . . . gagawin akong adviser sa pastoral

field . . . maraming dahilan . . . ! Maraming kalaban ang isa-isang nagsulputan sa kung saan-saan . . . pero ako . . . ako ay matatag! (*Marahan at malakas ang tinig:*) Hindi ako mamamatay kahit paulit-ulit nila akong patayin!

Biglang kukulog.

P. FRITO

(*Mahinahon:*) Hindi naman ako ganito noong araw, alam mo. (*Parang nangangarap.*) Noong araw, anong ligaya ng buhay ko . . . ! (*Sandaling titigil.*) Ang ibig kong sabihin ay . . . hindi noong araw, noong bata pa ako . . . at hindi noong ako ay nag-aaral pa. Pagkatapos ng digmaan, pagkatapos noon . . . dito . . . sa pamantasan . . . matagal-tagal na ako rito noon. (*Hihinga nang malalim.*) Ay, kaybubuti ng mga estudyante sa akin . . . ! Ako ang paborito nilang lahat . . . ! Nag-uumapaw ang mga classroom kung ako ang nagtuturo . . . . . At hinangaan ako ng lahat. (*Sandaling titigil.*) Noon . . . limang taon na ang nakalilipas . . . wala ka pa rito noon. (*Sandaling titigil.*) Isa akong propesor . . . (*Sandaling titigil.*) Wala ka rito, hindi mo naabutan si Rene Kahilig . . . Siya ang paboritong estudyante ko . . . (*Hihinga nang malalim.*) Hindi mo nalalaman . . . (*Sandaling titigil.*) Kung ang isang propesor ay mahalin ng isang matalinong estudyante . . . Kung ang isang matalinong estudyante ay mahalin ng isang propesor . . . Hindi mo nalalaman . . . (*Sandaling titigil. Hahaplusin ang kaniyang mga daliri.*) Sampung klase ang hawak ko noon. Ang mga klase ni Father Frito. Ang rebolusyon

ng Teolohiya sa pamantasan. (*Parang nangangarap.*) . . . Ang sabi ni Rene ay noon lamang niya naranasan na ang Diyos ay isang katotohanan. Sapat na iyon, hindi ba, upang mabatid kong higit ang nauunawaan niya sa lahat ng aking mga liksiyon? Matalinong bata si Rene. Lider siya ng maraming magkakaibigan . . . Marami ang naging girlfriends niya . . . Marami ang natutong sumamba sa kaniya . . . at ang lahat ay nagkaroon ng pambihirang sigasig upang maranasan din ang katotohanan ng Diyos. Ang buhay, ang sangkatauhan, ang buong daigdig ay siniyasat namin sa loob ng classroom . . . ! . . . Noon ay sa Department of Theology ang lahat ng malalaking activities. Mga benefit performances. Ang campus fair. Sari-saring mga student at fund-raising drives. (*Sandaling titigil.*) "Ang Diyos ay nasa kabataan," ang sabi ko sa mga kapuwa kong guro. Pero wala silang sinabi. Hindi sila sumang-ayon sa akin. (*Hihinga nang malalim.*) Oo, noon pa man . . . sabay ng aking ligaya 'y nalalaman ko na ang masasamang bunga ng pagiging tagumpay. Ngunit ano ang magagawa ko? (*Hihinga nang malalim.*) Nagsulat ako ng mga articles, nilimbag iyon ng University Press. Inimbita akong lecturer at guest speaker sa mga civic action ceremonies. Pinilit ko ang magpakatatag samantalang tiniis ko ang galit ng aking mga kapuwa. (*Pagmamasdan ang kaniyang mga kamay.*) . . . At kung minsan, kung nasasagi ako ng kanilang mga sandata . . . si Rene lamang ang nababalingan ko. Naiintindihan ako ni Rene, naiintindihan niya ang ugali ko, ang aking pagkatao, ang aking . . .

ang aking pagka-ako. Madalas kaming mag-usap sa cafeteria at sa ilalim ng mga punong akasya. Madalas siyang magtanong sa akin tungkol sa mga problema ng buhay, ang rat race, ang separation of classes, ang mga problema ng pagmamahal. Madalas siyang magkuwento sa akin tungkol sa marami niyang mga girlfriends. Lagi iyong nauuwi sa biruan at sa pagtitibay ng aming pagiging magkaibigan. "You are my best friend," ang sabi niya sa akin. At ang sabi sa akin ng aking mga kapuwa, "You spend too much time with that boy." Bakit daw na si Father Frito — si Father Frito—ay nakakikita ng mabuting kaibigan sa isang sophomore student, majoring in Economics? "The greatest people have the smallest friends," ang sagot ko nang buong pagmamalaki, at ang sabi nila sa akin, "You are guilty of favoritism." (*Sandaling titigil.*) Hindi naman favoritism iyon. (*Sandaling titigil.*) Si Rene ang . . . si Rene ang aking protegé. . . . Siya ang may malaking kinabukasang mabuhay at magpakatao. Siya ang ginhawa ng aking pagtuturo . . . ng aking buong pagsisikap. Siya ang . . . siya ang aking Kristo. "I like your strength. I like your manhood," minsan, ang sabi niya sa akin. At ganoon din ang pagtingin ko sa pagkalalaki niya . . . punong-puno ng buhay . . . ang kaniyang mga mata . . . ang kaniyang ngiti . . . ang maraming dahilan kung bakit marami ang nagmahal sa kaniya . . . (*Hihinga nang malalim.*) Madalas kaming magsama, at di iilan ang nakapansin. Si Father Frito at si Rene Kahilig. Si Rene Kahilig at si Father Frito. Isinasakay niya ako sa kaniyang motorsiklo — oo, bumili siya ng motorsiklo noong

taong iyon. Pinakikilala niya ako sa mga girlfriends niya. At ako ang pumili ng babaeng dapat niyang ibigin. (*Mababakas sa kaniyang mukha ang isang ngiti.*) Kung minsan ay napagtatanungan niya ako ng sari-saring bagay na di ko nasasagot. Ang ibig kong sabihin ay . . . hindi mga bagay na may kinalaman sa pinag-aaralan namin sa klase, kundi . . . mga bagay na tungkol sa buhay ko. Minsan ay tinanong niya kung bakit ako nagpari . . . at ang sabi ko ay . . . "Aywan ko." "Alam ko kung bakit ka nagpari," ang sabi niya, at tinanong ko sa kaniya kung bakit. Ang sabi niya sa akin, "Ikaw ay nagpari dahil nais mong parusahan ang iyong sarili." Pinabulaanan ko siya. "Ang isang lalaki ay nagpapari sapagkat siya ay may isang dakilang bokasyon," ang sabi ko. Pero ayaw niyang maniwala. (*Sandaling titigil.*) Nagpapari raw ang mga lalaki sapagkat di nila kayang harapin ang kanilang mga makatotohanang suliranin. Pinabulaanan ko siya. At nagalit siya sa akin sapagkat dalawang ulit ko siyang pinabulaanan. Isa raw akong duwag. (*Hihinga nang malalim.*) Isang linggo siyang hindi pumasok sa klase, at nang muli ko siyang nakita ay ayaw niya akong kibuin. "Please explain . . . " ang sabi ko sa kaniya, ngunit ang sabi niya sa akin ay, "I just want to be alone." Hindi ko nabatid na nais niyang magtigil sa pag-aaral noon. Si Rene ay matalino at kita niya ang kapangitan ng lipunan at ang kasamaan ng kaniyang mga ka-edad at ang karupukan ng kaniyang sarili. "It's the university process," ang paliwanag ko sa kaniya. Pero ayaw niyang magbalik sa dati naming pagsasama. Ayaw niyang matangi sa karamihan.

Ayaw niyang ipagpatuloy ang pagiging lider ng kaniyang mga kasamahan. Ayaw niyang magsa-Kristo. (*Hihinga nang malalim.*) "Rene," ang sabi ko. "Huwag mong aaksayahin ang iyong talino. Huwag kang magpapakumbaba nang wala sa katuwiran. Iisa lamang ang aking pangarap, at . . . mahal kita nang parang tunay kong anak." "I'll talk to you later," ang sinagot niya, pagkatapos ay umalis siya. (*Titigil. Hihinga nang malalim. Kay* REY REYES:) Nagbabasa ka ba ng mga lumang *Guidon*? Natitingnan-tingnan mo ba ang mga lumang yearbook sa library? (*Sandaling titigil.*) May sinulat akong write-up, kasiping ng litrato niya. Iyong litratong . . . may kuwadrong itim. (*Sandaling titigil.*) Oo. (*Sandaling titigil.*) Namatay siya nung araw na iyon. Hapon at gabi akong naghintay sa Faculty House, ngunit di siya nagbalik. Sakay siya ng motorsiklo patungo sa bahay ng nobya niya . . . Mabilis kasi siyang magpatakbo . . . Binundol siya ng trak at tumilapon siya sa kabilang panig ng daan. (*Kikilabutan.*) Tinawagan ako ng kaniyang mga magulang sa telepono. Nagpunta ako sa morge. (*Nagngingitngit.*) Pagdating ko roon ay abot-langit ang aking sumpa sa lahat ng nabubuhay, sa lipunan, sa pamantasan, sa pagwasak sa kagandahan, sa pagsira sa kabataan, sa dakilang pagpaparusa, sa kalupitan ng Diyos! Nung sumunod na araw ay 'montik na 'kong makapatay ng isang estudyante! (*Hihinga nang malalim.*) Ang kaniyang pagmamahal at ang kaniyang galit — iyon ang nanatili sa aking puso! (*Naghihirap ang kalooban.*) Si Rene . . . Si Rene . . . (*Sandaling katahimikan. Pipigilin ang simbuyo ng kaniyang*

damdamin.) . . . Magbabakasyon ako. (*Sandaling titigil.*) Magpupunta ako sa Boston upang dalawin si Father Harkin, kaydami kong nais ibalita sa kaniya. Kailangang hanapin mo ang lumang address ni Father Harkin, kailangang mapuntahan ko siya. (*Sandaling titigil.*) Sa kaniya ang film projector na ito, alam mo — nasabi ko na ba iyan?

REY REYES
Yes, Fader.

P. FRITO
(*Parang sa sarili:*) Ang alpombra . . . ang mga agiw . . . nakakahiya sa mga bisita. (*Sandaling titigil.*) . . . Nanganak ang bunso ng aking kapatid. Isang lalaki . . . (*Sandaling titigil.*) Ang aking mga kamay . . .

Marahang lalapit si P. FRITO *sa gabineteng bakal upang buksan ang unang drower nito. Nanginginig ang kaniyang mga kamay. Kukunin niya ang isang cassette recorder at dadalhin niya ito sa kaniyang mesa. Mauupo siya. Pakikinggan niya ang nilalaman ng tape deck.*

Sa tape cartridge, maririnig ang magulong usapan ng mga estudyante sa loob ng isang classroom. Maghahari ang ilang tinig ng mga estudyante: "Rene, Rene . . . !" "Happy birthday . . . !" "Happy birthday, pare . . . !" *Mangingibabaw ang pag-awit ng "Happy Birthday" ng klase.* "O, kanta, kanta . . . !" "Kanta, pare, kanta . . . !" *Palakpakan at hiyawan. Tinig ni* P. FRITO*:* "Rene . . . !" *Tinig ng isang estudyante:*

"Yes, Father!" *Tinig ni* P. FRITO: "Bring this closer." *Tinig ng estudyante:* "Ay, tape! Dyahi, Father! Huwag na' i-tape!" *Palakpakan at hiyawan. Sandaling katahimikan. Kanta ng estudyante:* "When I find myself in times of trouble/ Mother Mary comes to me/ Speaking words of wisdom, let it be/ And in my hour of darkness/ She is standing right in front of me/ Speaking words of wisdom, let it be/ Let it be, let it be, let it be, let it be/ Whisper words of wisdom, let it be/ And when the brokenhearted people/ Living in the world agree/ There will be an answer, let it be/ For though they may be parted/ There is still a chance that they will see/ There will be an answer, let it be/ Let it be, let it be, let it be, let it be/ There will be an answer, let it be . . . " *Pipiyok ang tinig. Hiyawan, pagkatapos ay lagutok, at sagitsit ng blangkong teyp.*

Humahagulgol nang tahimik si P. FRITO.

May kakatok sa pintuan. Papasok ang DALAWANG SOPOMOR. *May dala silang mga term paper na nakasipit sa mga folder. Ipapatong nila ang mga ito sa mesa ni* REY REYES. *Mapapatingin sila kay* P. FRITO. *Magtitinginan silang dalawa.*

Biglang mamamatay ang mga ilaw sa tanghalan.

1974

PAGKAMULAT
(Para kay Tina Cuyugan)

Sa isang panaginip,
napanaginipan kong
ang pinananaginipan ko 'y
panaginip lamang
sa isa pang panaginip

Gumising ako,
at gumising muli,
at gumising na nga 'y
gumising pa 't gumising
(dalawa pang ulit)

At aking nagisnan,
sa mga sandaling iyan
ang apat na Silid ng Katotohanan

ang Silid ng Kasaysayan,
na may kuna 't duyan,
ang Silid ng Kahulugan,
na may banig lamang
ang Silid ng Katuwiran,
na may teheras at unan
ang Silid ng Kabuluhan,
na may kutsong hihigan

Di na ako makatutulog kailanman
sa Kadiliman, kung saan
bato ang papag na himbingan

1992

PAGTATAPAT

(Para kay Zelie Santos)

Ano ang iyong layunin sa pagsusulat?

Nagsusulat ako upang isalarawan ang iba 't ibang kulay at hugis ng pagdanas ng hirap, nang higit yaong maunawaan ng tao, at kaniyang pagmunimunihan, at kaniyang hanapan ng mga lunas tungo sa kaniyang kaganapan.

Ano ang layunin mo sa pagsusulat?

Nagsusulat ako upang itala sa pamamaraang pampanitikan ang sali-salimuot ng buhay-lunsod sa aking panahon.

Ano ang layunin ng iyong pagsusulat?

Nagsusulat ako bilang bahagi ng pagtuklas sa mga bagong kaayusan at tema na makapagdudulot ng sigla at karagdagang buhay sa aking mga kababayan.

Ano ang layunin ng pagsusulat mo?

Nagsusulat ako sa ngalan ng Katotohanan, na lubos kong pinahahalagahan pagkat naging dahilan ng pagpapasakit, pagpaslang at pagbatikos sa aking mga kabisig.

Anong kategorya ang kinabibilangan mo bilang manunulat?

Ako ay isang sikolohikal na manunulat.

Ang pangkalahatan kong paksa ay ang panloob na daigdig at kasarinlan ng tao, at ang iba 't iba niyang kaugnayan at pakikipag-ugnay sa kapuwa.

Paano kang nagsusulat?

Gumagamit ako ng lapis at mahabang yellow pad.

Inalam ko kung saan ang hagdanang pumapagitan sa palapag ng katuwiran at sa silong ng diwa. Dahil diyan, kahit sa isang iglap ay nakapapanaog ako upang kumatha mula sa silong ng diwa, di tulad ng ibang manunulat na kumakatha mula lamang sa palapag ng katuwiran.

Ang sinumang kumatha mula sa silong ng diwa ay nakasisilip sa silid ng mga panaginip, sa tabing ng mga anino at sa kaban ng mga pambihirang kakayahan. Ang sinumang kumatha mula sa silong ng diwa ay makapagsusulat nang tuloy-tuloy, nang walang mental block, nang walang halong bisyo, nang walang kapritso at kundisyon.

Nakapagsusulat ako anumang oras ng araw at gabi, at saanmang lugar.

Sinu-sino ang mga manunulat na nagsilbing impluwensiya sa iyo?

Si Michelangelo Merisi da Caravaggio, si Edward Hopper at si Chaim Soutine.

Ano ang pinapangarap mo sa buhay?

Ang maging matinik at matagumpay na guro.

Ano ang matuturing na pinakamalaki mong kontribusyon?

Ang pinakamahalagang nagawa ko sa buong buhay ko ay ang umampon ng dalawang bata. Ang bagay na iyan ay nakapagpaliwanag ng aking paningin sa mga kahulugan ng sakripisyo at pagmamahal, na di mapapantay-an sa timbangan ng pinagsama-sama kong kinatha, tinamong gantimpala, pinag-aralan at mga ari-arian.

Ano ang pinakatago mong lihim?

Ako ay hindi si Tony Perez.

Si Tony Perez ay aking pinsan. Palaki ako ng kaniyang mga magulang, kayat nabuhay kami nang parang kambal.

Namatay si Tony Perez sa gulang na labindalawa, sa ikapitong baytang ng mababang paaralan. Pinatay ko siya.

Pinatay ko siya pagkat ang tangi niyang pangarap ay maging tanyag na pintor, at ang

pangarap ko naman ay maging isang manunulat. Sa murang edad na iyon ay batid kong isa lamang sa amin ang maaaring manaig. Kung hindi ko siya papatayin, siya ang papatay sa akin. Kayat isang gabi 'y pinatay ko siya, at mula noon ay dala-dala ko ang pangalan niya.

Noon, tuwing gabi ay lagi akong nananaginip. Kinaugalian kong itala ang mga panaginip na iyon, sampu ng mahihiwagang sangkap at sagisag na sadyang sa panaginip lamang natatagpuan. Sinikap ko silang intindihin bilang pagsisikap ding maintindihan ang sarili kong paggiging tao: ang aking pinagmulan, at ang aking kinalalagyan, at ang aking pangyayarihan. Di ko na maalaala kung nasaan na ang mga talang iyon —marahil ay minsang naitapon ko, dala ng takot na di-maamin ng aking budhi.

Si Tony Perez kasi ay naroon sa bawat panaginip ko. Sa bawat panaginip, magkasama kami sa silid, gulang ay labindalawa, at pareho kaming nasa ikapitong baytang ng mababang paaralan. Datapuwat sa bawat panaginip ay nagpipinta siya. Ng sari-saring larawan. Ng napakaraming larawan. At paminsan-minsan ay lumilingon siya sa akin, at kaniyang tinatanong, "Bakit mo ako pinatay?"

Malamang ay yaon ang tunay na dahilan kung bakit ako kumakatha. Kung bakit ako nagsusulat, kung bakit patuloy akong tumutuhog ng mga salita upang umakda ng mga rosaryong kuwintas ng kahulugan.

Pinatay ko si Tony Perez.

Bilang kabayaran, walang-tigil akong lumilikha ng iba 't ibang buhay.

1993

IBAG

(Para kay RayVi Sunico)

gnibaG .ilum aS gnabahirap ,nimalas
takaB an gna gnahkil alat
gN gnaylibmub :iruykrem

alaalaaP an oyagn y' ,ibag
iD gnamal gnilum ibag idnuk
gnibaG .ilum

aS sabal gn agm ,gnidnid
yaM loggnas an id ,gnibmihapam
gnamA opah t' gnaharam — iwuap
gnoninA siguh as gnadaslak ,milidam
agM gnahkum nialtup
aS parah gn gnoysibelet gonut ya ,ninupis
gnisnalaK gn ,opirg
tA ,kahkalah ta ,obu
osA t' gnasup kilatatgan ta ,gnisig
gnikinaP ibahamuh
gN gnobmal as miti an ,nignah
gnaharaB lapmasamus
aS asem gn ,lagususgan
kitigaL as gnodalkit kitsalp
gN retuypmok gna — giinak
aS tignal-yaluk gnayin nirksi
panahahgaN ayis gn .nimadmad

gnibaG ,ilum tinugn
ikutnA y' :idnih

tokatataN gnoka ,paragnam
tokatataN gnoka piniganam

gnaN .ilum

1993

TULARAN SA PAGBUO NG ISANG HANDKNITTED CHALECO

CUBAO THANATOS

(Para kay Ferdinand Aquino)

Materyales:

10 bola Carmencita 4-ply, #77 (L=Labuyo)
9 bola Carmencita 4-ply, #73 (M=Mabolo)
1 bola Carmencita 4-ply, #34 (⊡= Kape 't Gatas)
1 bola Carmencita 4-ply, Puti (□)
1 paris patpat ng knitting, 3.25 mm
1 paris patpat ng knitting, 4.25 mm
2 pantanda ng buhol
kawit-panggantsilyo
karayom-pantapestry

Ang lahat ng materyales ay matatagpuan sa Design Center ng J&P Coats Manila Bay, Inc., Bo. Tañong, Marikina.

Sukat ni Ferdinand Aquino:

Balikat = 44 sm
Dibdib/Balakang = 104 sm
Haba Ng Katawan = 74 sm
Butas Para Sa Braso = 60 sm
Liig = 48 sm

Higpit ng Pagkakabuhol:

2 buhol sa bawat 1 sm pahilera sa mga patpat ng knitting na 4.25 sm

3 buhol sa bawat 1 sm pahanay sa mga patpat ng knitting na 4.25 sm

TULARAN:

Harap:

Maglapat ng 105 buhol sa sinulid na L sa mga patpat ng knitting na 3.25 sm. Simulan ang 3x2 salit-salit na buhol-kadena (K) at buhol-paalon (P), hanggang umabot ang Harap sa habang 6 sm sa panig-paalon.

Halinhan ang mga patpat ng knitting, at magpalit sa sinulid na M.

Simulan ang habing-medyas sa panig-kadena hanggang umabot ang Harap sa habang 35 sm sa panig-paalon.

Susunod na hilera: K16, magsuot ng pantanda ng buhol, simulan ang unang hilera ng Karta, magsuot ng pantanda ng buhol, K7.

Ipagpatuloy ang habing-medyas sa-mantalang sinusundan ang Karta sa pagitan ng dalawang pantanda ng buhol. Magpalit ng sinulid ayon sa dibuho.

Butas Para Sa Braso:

Kapag umabot ang Harap sa habang 40 sm, magsara ng 6 buhol sa simula ng sumusunod na dalawang hilera, 3 buhol sa simula ng sumusunod pang apat na hilera, at magbawas ng 1 buhol sa magkabilang dulo ng sumusunod namang tatlong hilera=75 buhol.



KARTA

Liig:

Kapag umabot ang Harap sa habang 50 sm, K37, magkabit ng pangalawang bolang M, sarhan ang susunod na buhol, K37. Magbawas ng 1 buhol sa magkabilang dulo ng Liig sa bawat hilera sa panig-paalon.

Ipagpatuloy hanggang umabot ang Harap sa habang 72 sm, at may 18 buhol sa magkabila ng Liig.

Balikat:

Magsara ng 9 buhol sa simula ng sumusunod na apat na hilera.

Likod:

Tulad ng sa Harap, datapuwat sa sinulid na L lamang, at hindi susundan ang Karta at ang pagbabawas ng buhol sa Liig.

Balikat:

Kapag umabot ang Likod sa habang 72 sm, magsara ng 9 buhol sa simula ng sumusunod na apat na hilera=39 buhol.

Kuwelyo Ng Likod:

Halinhan ang mga patpat ng knitting. Sa panig-kadena, simulan ang 3x2 salit-salit na K at P; ipagsabay ang mga buhol na ika-19 at -20=38 buhol.

Ipagpatuloy ang 3x2 salit-salit na K at P; magbawas ng 1 buhol sa magkabilang dulo ng bawat hilera sa panig-paalon hanggang umabot ang Kuwelyo sa habang 2.5 sm. Sarhan ang lahat ng buhol.

Kuwelyo Ng Harap:

Sa panig-kadena ng Harap ng chaleco, kumawit ng 48 buhol sa mga patpat ng knitting na 3.25 sm, magsuot ng pantanda ng buhol, kumawit ng 1 buhol, magsuot ng pantanda ng buhol, kumawit ng 48 buhol=97 buhol.

Simulan ang 3x2 salit-salit na K at P. Magbawas ng 1 buhol sa magkabilang panig ng mga pantanda *sa bawat hilera,* at 1 buhol sa magkabilang dulo ng bawat hilera sa panig-paalon, hanggang umabot ang Kuwelyo sa habang 2.5 sm. Sarhan ang lahat ng buhol.

Panggilid Sa Mga Butas Para Sa Braso:

Sa panig-paalon, tahiin ang bahaging Liig at ang mga Balikat sa pamamagitan ng karayom-pantapestry.

Kaliwang Butas:

Sa panig-kadena ng Likod ng chaleco, kumawit ng 153 buhol sa sinulid na M sa mga patpat ng knitting na 3.25 mula simula ng Butas sa Likod hanggang simula ng Butas sa Harap.

Simulan ang 3x2 salit-salit na K at P. Magbawas ng 1 buhol sa magkabilang dulo ng bawat panig-paalon, hanggang umabot ang Panggilid sa habang 2.5 sm. Sarhan ang lahat ng buhol.

Kanang Butas:

Tulad ng sa Kaliwang Butas, ngunit magsimula sa Harap ng chaleco patuloy sa Likod.

Pagtatapos:

Sa panig-paalon, tahiin ang mga bahaging tagiliran.

ANG MAY-KATHA

Unang nagkamit ng pambansang gantimpala si TONY PEREZ sa edad na 19, nang ang kaniyang mahabang dulang Inggles na pinamagatang *Rebecca Defensor* ay hiranging honorable mention sa unang national literary competition ng Cultural Center of the Philippines. Ilan sa mga naging guro niya sa pagsusulat sina Onofre Pagsanghan, Cecile Guidote, Valdemar Olaguer, Rolando Tinio, Bienvenido Lumbera, Nicanor Tiongson, Nestor Torre, Jr. at Virgilio Almario. Nagsimula siyang magsulat ng tula sa ikaapat niyang baytang sa Ateneo de Manila Grade School. Ilang ulit siyang nagwagi sa mga timpalak-pagsusulat sa Ateneo High School. Ang kaniyang unang dulang Tagalog na pinamagatang "Hoy, Boyet, Tinatawag Ka Na; Hatinggabi Na' y Gising Ka Pa Pala" ay tinanghal noong 1967, nang itatag ang Dulaang Sibol.

Nilathala ang mga tula ni Tony Perez sa *The Sunday Times Magazine* (1970-1972), *An Anthology of Poems (1965-1974)* ng Bureau of National and Foreign Information (1975), *Woman's Home Companion* (1976), *New Writing from The Philippines* ng Philippine Studies (1985), *Building Communication Skills 6* at *Gems of Philippine Literature* ng Department of Education, Culture and Sports (1991), *This Same Sky: A Collection of Poems from around The World* ng Macmillan Publishing Company (1992) at *MultiSource (Imagine Poetry Anthology)* ng Paramount Publishing (1994). Pinagkaloob sa

kaniya ng Department of Communications ng Ateneo de Manila University ang departmental medal noong pagtatapos ng 1972.

Isa ring maninitik, inakda ni Tony Perez ang book and lyrics ng *Tolda* (1983) para sa Cultural Center of the Philippines at Ateneo Children's Theatre; *Luwalhati* (1982), *Kuwentong Baboy* (1984), *Tagbituin* (1986), *Tatlong Gabi Sa Horror Discohouse* (1987), *Tricycle Kings* (1988), *Tales from Huron Country* (1989) at *Ignatius of Loyola* (1990) para sa Ateneo Children's Theatre; at *Florante At Laura* (1988) at *Ang Prinsipe Ng Buwan* (1990) para sa Tanghalang Pilipino.

May 38 taon nang naninirahan si Tony Perez sa Cubao, na sa kadalasa 'y lunan ng kaniyang mga nililikha. Nag-iisa siyang magulang sa kaniyang dalawang ampon na sina Nelson at Chito.

EROS, THANATOS, CUBAO

Mga Piling Kathā

Tony Perez



BALIGTARIN ANG AKLAT PARA SA BAYAGING THANATOS

9 789711 901592

ISBN 971-19-0159-5